# Pinahirang

## Musika at Pagsamba

Norman Holmes

*Pinahirang Musika at Pagsamba*

Karapatang-sipi © 2006 ni Norman Holmes
Ang lahat ng karapatan ay nasa ilalim ng
Pandaigdigang Batas ng Karapatang magpalathala

Ang mga kasulatan, malibang nabanggit, ay hinango mula sa *New King James Version* ng Bibliya. Karapatang-sipi© 1979, 1980, 1982, Thomas Nelson Inc., Publishers. Ginamit nang may pahintulot

Ang mga talata na minarkahan ng ABTAG ay mula sa *Ang Bibliya Tagalog 2001 Edition* na Bibliya.

Zion Ministries
P.O. Box 161 Q-Plaza
1900 Cainta, Rizal
Philippines

Telepono: (02) 880-4558
E-mail: info@zionph.com
Website: www.zionph.com

# Mga Nilalaman


1. Ang Paglikha at Pagkasira ng Musika. . . . . . . . 1

2. Pagsamba: Tinanggap at Tinanggihan. . . . . . . 20

3. Ang Pagpapanumbalik ng Musika sa
Pamamagitan ni David. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 28

4. Paano Sumamba "Sa Espiritu". . . . . . . . . . . . . . 44

5. Paano Sumamba "Sa Katotohanan". . . . . . . . . . . 62

6. Balanseng Musika at Pagsamba . . . . . . . . . . . . 92

7. Pangunguna sa Pagsamba. . . . . . . . . . . . . . . . . . .110

8. Pagsasaayos ng mga Nasira . . . . . . . . . . . . . . . . 138

9. Pagpapatuloy sa Zion! . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 170

Apendiks . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 182

Mga Tala . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 188

## Kabanata 1

# ANG PAGLIKHA AT PAGKASIRA NG MUSIKA

### *Bakit Nilikha ng Diyos ang Musika?*

Nang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay, nilikha din Niya ang musika. Ang isang katibayan nito ay ang nilikha ng Panginoon ang unang mga instrumentong pangmusika. Ang mga tao ay maaaring kumanta, sumipol, at pumalakpak sapagkat inilagay ng Diyos ang tamang kagamitang pangmusika sa loob nila. Ang kaharian ng mga hayop ay gumagawa din ng musika dahil sa mga instrumentong pangmusika na ibinigay ng Diyos sa kanila. Sa buong mundo, sa kalangitan, at kahit na sa buong karagatan, ang mga nabubuhay na nilalang ay pinupuno ang ating planeta ng musika.

Nilikha ng Diyos ang musika upang maging isang daluyan ng komunikasyon. Hindi lamang mga tao, kundi pati na rin ang mga ibon, mga hayop, at mga insekto ay nakakapag-ugnay ng maraming mensahe sa pamamagitan ng musika, tulad ng panliligaw, panganib, pagsalakay at kahit simpatiya. Halimbawa, naaalala ko pa isang gabi nang

ang isang kotse ay nakasagasa ng aso sa aming kapitbahay. Habang inilalabas ng asong ito ang kanyang huling pagkahol, ang lahat ng mga aso sa buong kumunidad ay nagsimula ng isang hindi pangkaraniwang pag-ungol ng pagdadalamhati. Sa kabuuan, sila ay kumakanta ng isang pamburol na pananambitan! Ang musika ay karaniwang ginagamit ng lahat ng uri ng mga nabubuhay na nilalang upang makipag-usap sa isa't-isa—tanging ang tao lamang ang gumagamit din ng salita.

Pinagsasama ng isang musikero ang mga tunog upang magdala ng isang mensahe sa pamamagitan ng isang awit gaya ng isang pintor na pinagsasama ang mga kulay upang maghatid ng mensahe sa pamamagitan ng isang larawan. Gayunpaman, ang musika ay isang mas kilala at makapangyarihang daluyan kaysa sa pagguhit. Ang dakilang ika-19 na siglong mananakop ng Europa, na si Napoleon Bonaparte, ay kinilala ito nang kanyang sinabi, "Sa lahat ng mga sining, ang musika ang may pinakamalaking impluwensiya sa mga damdamin at isang sining kung saan ay dapat bigyan ng matinding pansin ng mga namumuno."[1] Ang musika ay may halinang dumadaloy sa mas ibayong bahagi ng ating mga emosyon sapagkat ito ay nauugnay sa buong kalikasan natin bilang tao. Kagaya ng ipinahihiwatig ng 1 Tesalonica 5:23 na ang sangkatauhan ay nilikha na may isang likas na katangian ng tatlong katauhan, makikita rin natin kung paanong ang musika ay maaaring makipag-ugnay sa bawat bahagi ng isang tao sa kanyang *espiritu, kaluluwa at katawan.*

## *Ang Musika ay isang Espirituwal na Daluyan*

Kayang pukawin at padaluyin ng musika ang pagkilos ng Banal na Espiritu sa ating mga puso, o *espiritu*. Mababasa natin sa 1 Samuel 16:23 na kapag tinutugtog ni David ang kanyang alpa, ito ay nagdadala ng gayon na lamang na pagpapahid na ang masamang espiritu na nagpapahirap kay Haring Saul ay napapalayas. Ang musika ay makatutulong rin upang dumaloy ang mga kaloob ng Espiritu, tulad ng propesiya.[2] Ito ay isang espesyal na pagpapala para sa mga manunugtog at mang-aawit sa isang gawain sa iglesya kapag ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay naging malaya sa pamamagitan ng kanilang musika upang makapagministeryo sa mga paraan na makapagdudulot ng pagpapagaling, propesiya, pagpapalaya, o kombiksyon ng kasalanan.

Isang espesyal na pagkakataon nang may nakita akong makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu na nangyari nung ako ay isang manunugtog sa isang koro. Habang inaawit namin ang tungkol sa langit sa burol ng isang makadiyos na tao, isang kahanga-hangang pagpapahid ang dumating sa amin. Ang Banal na Espiritu ay parang mga alon na dumaloy sa pamamagitan namin habang kami ay tumutugtog at umaawit, at may ilang bilang ng mga mang-aawit ay nakita ang kaluwalhatian ng Diyos na pumupuno sa buong silid. Ang makapangyarihang presensiya ng Diyos ay nagdala ng matinding kombiksiyon at maraming tao ang nabago ang kanilang buhay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa araw na iyon. Gayunpaman, ang ilang mga di-mananampalataya na dumalo sa libing ay napatalon nang

mga sandaling iyon at tumakbo palabas ng gawain na tila sila ay nahihirapan.

Sa isa pang okasyon, nagdaos ako ng isang *seminar* sa mga pastor sa Baguio, isang sikat na turistang lungsod sa kabundukan ng Cordillera sa Pilipinas. Sa panahon ng pagtitipon nagkaroon kami ng di-pangkaraniwang espirituwal na mga pagtatagumpay sa mataas na pagsamba. Sinabi ko sa mga pastor na makakakita kami ng hayag na mga resulta mula sa mga panahong ito ng pagsamba.

Pagkalipas ng ilang araw, ang bise-presidente ng aming ministeryo ay pinangunahan ang isang lalaki kay Cristo na siyang may-ari ng pinakamalaking grupo ng mga bahay-aliwan sa Baguio. Agad niyang isinara ang mga ito at ipinasunog ang kanyang mga diyos-diyusan sa ilan sa mga pastor na dumalo sa aming *seminar*. At pagkatapos ay naglagay siya ng mga paunawa sa labas ng mga dating bahay-aliwan na nababasa: “Ang bahay na ito ay sarado-Si Jesus ay Panginoon.” Naniniwala ako na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagsamba na ang tagumpay na ito ay unang nakuha sa mga langit, bagama’t sa pamamagitan nang pag-eebanghelyo naman na ito nga ay natapos sa lupa.

Ginawa ng Diyos ang musika na maging isang daluyan ng Banal na Espiritu, ngunit ito rin ay maaaring gamitin ni Satanas. Ang paganong mga relihiyon ay gumagamit ng musika upang tawagin ang masasamang espiritu. Ang kanilang mga musika ay maaring makatulong sa isang tao na maalihan ng demonyo, at minsan ay gumagawa ng mga himala o propesiya sa pamamagitan ng isang masamang espiritu. Bilang isang halimbawa, isang pastor sa Uganda ang nagbahagi sa akin na ang kanyang ama ay naging isang

tanyag na albularyo bago ito nadala kay Cristo. Nagsisimula siya sa kanyang relihiyosong mga pagtitipon sa pag-awit at orasyon hanggang sa ang mga demonyong espiritu ay pumasok sa kanya. At pagkatapos ay magpapamalas siya ng di-pangkaraniwang mga kapangyarihan.

Mayroong maraming mahahalagang espirituwal na mga aral para sa atin upang malaman ang tungkol sa kapangyarihan ng musika, dahil sa pamamagitan nito ang mga labanan sa pagitan ng liwanag at kadiliman ay madalas na nangyayari. Alam ng karamihan sa mga kristiyano na ang mga koponan ng mga ebanghelista ay karaniwang gumagamit ng musika upang pasukin ang teritoryo ng diyablo at iligtas ang mga kaluluwa para kay Cristo. Magkagayon man, ang naiintindihan ng iilan sa mga kristiyano ay kung minsan ang kaaway ay gumagamit ng musika upang magdala ng espirituwal na mga pag-atake sa mga simbahan!

Nakita ko ang halimbawa nito isang gabi nang ang isang kabataang pastor ay bumalik sa kanyang dating paaralang Bibliya upang dumalaw. Sa gawain kinagabihan siya ay umawit ng isang espesyal na awitin kung saan ay patuloy na inuulit ang mga salitang, “mahal kita.” Gayunpaman, hindi inaawit ng kabataang lalaki na ito ang mga paulit-ulit niyang salita na “mahal kita” sa Panginoon, kundi sa iba’t ibang magagandang kababaihan na nasa kongregasyon! Ang kanyang pagkanta ay hindi isang daluyan ng Banal na Espiritu kundi daluyan ng isang espiritu ng laman habang hinahanap niya ang mainit na

pagtugon mula sa alinman sa mga kababaihan na kanyang kinakantahan. Ang katotohanan sa espirituwal na pagkahalo na ito ay nakumpirma ilang linggo ang nakalipas nang natuklasan namin na ang pastor na ito ay kasangkot sa isang imoral na relasyon sa kanyang simbahan.

May isang panahon pa na isang espirituwal na pag-atake ang naganap sa isang grupo ng manunugtog ng isang iglesya. Habang nasa iglesya, ang aking espiritu ay nababagabag sa pamamagitan ng pagtatanghal na ipinakita ng grupong ito habang nasa gawain ng pag-aawitan. Ang pagmamataas, kahalayan, pagrerebelde, at pagkamakasarili ay halos tila naipakita lahat sa panahon na sila ay nagtatanghal. Pagkatapos, habang binalewala ang pangangaral, silang lahat ay nagtungo sa likuran ng iglesya kung saan sila ay nagpatuloy sa pagkukuwentuhan ng malakas, nagtawanan at inistorbo ang kongregasyon. Ang espirituwal na pagkahalo na pareho nilang inilabas sa oras at pagkatapos ng palaawitan ay nagpahirap para sa kongregasyon na makatanggap ng anumang espirituwal na pagpapala mula sa gawain sa iglesya.

Nakipag-usap ako sa mga pastor pagkatapos ng gawain, na sila naman ay naglabas ng kanilang pighati sa akin. Sinabi nilang ang kanilang mga manunugtog at mang-aawit ay mga masuwayin, mayayabang, at may negatibong impluwensiya sa mga miyembro sa iglesya. Kinilala din ng mga pastor na ang espirituwal na mga pag-atake ay dumadaloy sa mga gawain sa pamamagitan ng kanilang mga pagtatanghal.

Ang ilang mga tao ay maaaring magtaka kung posible ba para sa masasamang espiritu na dumating sa isang

gawain sa iglesya. Mauunawaan natin ito nang mas mabuti sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa unang kabanata ng Job. Doon ay mababasa natin ang tungkol sa isang pagkakataon nang dumating si Satanas, kasama ng iba pang mga anghel, upang ipakita ang kanyang sarili sa harapan ng Panginoon sa langit. Kung ang Diyablo ay nakatayo sa harapan ng trono ng Diyos sa kalagitnaan ng kongregasyon sa langit, magkagayon, ay hindi rin kataka-taka para sa kanyang mga demonyo na kung minsan ay tumayo sa gitna ng mga kongregasyon sa lupa.

Ang espirituwal na konseptong ito ay makikita rin sa Genesis 15:11. Doon ay mababasa natin, *"Nang bumaba ang mga ibong mandaragit sa mga bangkay [ng mga alay], ang mga iyon ay binugaw ni Abram."* Ang mga buwitre ay naglalarawan sa masasamang espiritu, kahit na ang ating Panginoon ay nagsalita tungkol sa mga ibon bilang isang uri ng Diyablo sa Marcos 4:15. Kinailangang itaboy ni Abram ang mga buwitre na sinusubukang kainin ang alay bago dumating ang Panginoon at tanggapin ang mga handog. Sa katulad na paraan, may mga pagkakataon na kailangan nating itaboy ang masasamang espiritu na sinusubukang dungisan ang ating mga alay na papuri at pagsamba.

Ang isang pinahirang gawain ng pagsamba ay madalas na ginagamit ng Diyos upang atakihin ang kapangyarihan ng kadiliman, ngunit may mga pagkakataon din na maaaring makaharap natin ang ganting-salakay ng kaaway. Sa panahon ng ganitong uri ng gawaing pagsamba ay kailangan nating palayasin ang espirituwal na mga ganting-pagsalakay na ito, tulad ng pagpalayas ni Abraham sa mga

mapanilang ibon na nagsisikap na lamunin ang kanyang mga handog sa Diyos. Na dito pa lamang ang Panginoon ay bababa upang parehong tanggapin ang ating pagsamba at pagpalain tayo.

Dahil ang musika ay maaaring maging isang makapangyarihang espirituwal na daluyan—parehong positibo at negatibo—kailangan natin ang pagkilala sa bahay ng Diyos. Kailangang maingat nating mabantayan ang ating iglesya mula sa pagpasok ng kaaway, gayundin ang makapasok sa makadiyos na musika at pagsamba. Ito ay magdadala ng pagkilos ng Banal na Espiritu na parehong luluwalhati sa Diyos at magdadala ng tagumpay sa bayan ng Diyos.

### *Iniimpluwensiyahan ng Musika ang Kaluluwa*

Ang musika ay karaniwang ginagamit upang makipag-ugnayan sa kaluluwa. Maaaring makaimpluwesya ang iba't ibang uri ng musika sa iyong mga emosyon upang gawin kang maging masaya, malungkot, nalilito, o mapayapa. Ang dakilang repormador sa Alemanya, na si Martin Luther, ay sumulat, "kung nais mo man na aliwin ang malungkot, takutin ang masaya, palakasin ang walang pag-asa, ibaba ang mapagmataas, pakalmahin ang mapusok, o payapain sila na napopoot sa galit…anong mas epektibong paraan kaysa sa musika ang maaari mong makita?[3]

Ang musika ay ginagamit upang impluwensyahan ang mga tao. ang ating Panginoon ay nagsalita tungkol dito sa Lucas 7:32. Sinabi Niya na ang mga taong sumusubok na impluwensyahan parehong si Juan Bautista at mismong

Siya ay katulad ng mga bata na nagrereklamo, *"Tinutugtugan namin kayo ng plauta at hindi kayo sumasayaw; tumangis at hindi kayo umiyak."* Ang isang patalastas ay paulit-ulit na magpapatugtog ng isang nakahahalinang tuno upang makuha kang bumili ng kanilang produkto, habang ang isang awiting makabayan ay maaaring makatulong sa isang sundalo na makaramdam ng pagmamalaki upang makipaglaban para sa kanyang bansa. At saka, isaalang-alang din ito: Gaano ka kadalas na nasa isang matagumpay na salu-salo na walang naging musika? Ang musika ay isang mahalagang bahagi ng alinmang masayang okasyon.

Ang ilang mga kumpanya ay nagsagawa ng pagsusuri upang matukoy kung paano maimpluwensyan ng musika ang mga mamimili sa isang tindahan. Napag-alaman nila na ang pagpapatugtog ng mabagal at nakapapawing tugtugin ay humihikayat sa mga mamimili na manatili sa tindahan ng mas matagal at mamili ng higit pa. Bilang isang resulta, pinatutugtog nila ang ganitong uri ng musika sa oras na pang-umaga hanggang 4:00 ng hapon upang makatulong na mapanatili ang mga mamimili sa kanilang tindahan. Ngunit pagkatapos ng 4:00 ng hapon kung saan ang mga tao ay nagsisimula ng umuwi galing sa kanilang mga trabaho ang mga pamilihan ay nagsisimula nang mapuno ng maraming tao. Sa gayon ay papalitan ng mga tindahan ang kanilang musika ng mas mabilis, at masisiglang awitin na maghihikayat sa mamimili na bilhin kung ano lamang ang kanilang ipinunta at magmadali nang umalis —upang bigyang daan ang iba pang mamimili na nagsisidating!

Maaaring impluwensyahan ng musika hindi lamang ang indibduwal na mga tao, kundi pati na rin ang mga grupo ng tao at kahit na mga bansa. Si Otto Von Bismarck, ang bantog na tagapamagitan ng ika-19 siglo at pinuno ng Alemanya, ay nagpahayag na ang musika ang isa sa mga pinakamahalagang kinatawan na nagdala ng pagkakaisa sa kanyang bansa. Sinabi niya, "Hindi ang sukat ng aming hukbo kundi ang espiritu nito ang nagpalakas sa amin upang manakop. Sa dahilang ito, umaasa ako na walang sinuman sa hinaharap ang magpapawalang halaga sa kapangyarihan ng musika sa pag-udyok ng tapang at debosyon."[4] Sinulat ng Griyegong pilosopo na si Plato, "Kapag ang musika ng isang bansa ay nagbabago, ang bansa ay nagbabago."[5] Sinabi ni Confucius, "Gusto mong malaman kung ang isang lupain ay mahusay na pinamamahalaan, at ang mga tao ay may mabubuting moralidad? Makinig sa musika nito."[6] Kabilang sa mga obserbasyon na ito ay maaari nating suriin ang mga musikang nauuso sa Kanlurang lipunan sa huling limampung taon. Kung saan ay nahulog ang musika sa pagtaas ng imoralidad, pagsumpa, at karahasan, makikita natin ang katulad na kalakaran sa kanyang lipunan.

## *Iniimpluwensyahan ng Musika ang Katawan*

Ang musika ay nakikipagkomunikasyon din sa katawan. Ang mga pagbabago sa lakas, taas, bilis at tiyempo ng musika ay naiulat medikal na mayroong epekto sa katawan ng tao sa maraming bahagi kasama na ang pagtibok ng puso, presyon ng dugo, pag-igting ng kalamnan, paglalabas ng glandula, at bilis ng paghinga.

Ang isang bahagi ng katawan ng tao na maaaring maapektuhan ng malakas na musika ay ang katasang-takipbato o *adrenal gland.* Ang mga ito ay dalawang maliliit na glandula na matatagpuan sa itaas ng mga bato na naglalabas ng isang hormon na tinatawag na *epinephrine* o adrenalina. Ang natural na hormon na ito ay isang pampalakas na lumalabas sa mga panahon ng tensyon o emerdyensya upang pansamantalang maging malakas at alerto ang isang tao. Bilang epekto, ang tao ay nakararanas ng isang natural na pagkalutang mula sa inilabas nitong natural na pampalakas. Ang isang sitwasyon na nagpapahiwatig sa katawan ng tao na ito ay nasa ilalim ng pag-atake ay kapag ang napakalakas na musika ay pinatutugtog. Ang katawan ng tao ay maghahanda sa pag-depensa sa kanyang sarili sa pamamagitan ng paglalabas ng adrenalina sa daluyan ng dugo. Pagkatapos nga nito ay makakaramdam ang tao ng isang natural na pagkalutang, hindi mula sa ilegal na droga, kundi mula sa paglabas ng kanilang adrenalina na naghahanda sa kanila para sa pagtatanggol sa kanilang sarili laban sa pag-atake ng malakas na musika na nagpapasabog sa kanila!

Ang isa pang paraan na maaaring gamitin ang musika upang kontrolin ang katawan ay kung ang isang kanta na malakas ang tiyempo ay tinutugtog na pabilis ng pabilis. Ito ay magiging sanhi na bibilis ang pagtaas ng pulso kasabay ng pagbilis ng tiyempo at magdudulot ng pagtaas ng presyon ng dugo. Ang pamamaraan na ito ay madalas na ginagamit ng mga tagasuporta at mga rakistang manunugtog upang pag-ibayuhin ang pananabik sa okasyon. Sa kabaligtaran, ang mapayapang musika ay nakakapagpaluwag ng tensyon ng kalamnan. Maraming

ginawang mga pag-aaral medikal ang nag-imbestiga nito at napag-alaman na hanggang sa 98% ng mga tao na dumaranas ng pagkabalisa at tensyon ng kalamnan ay maaaring matulungan sa pamamagitan ng pakikinig sa magiliw at mapayapang musika. Dahil dito, maraming dentista ang pinatutugtog sa kanilang mga silid tanggapan ang tahimik at nakakapawing musika upang paluwagin ang pakiramdam ng mga pasyente na kinakabahan habang naghihintay sa paggamot. Magiging napakadali para sa mga dentista ang magtrabaho kung ang kanilang mga pasyente ay hindi kabadong pinatitigas ang kanilang bibig at mga kalamnan ng panga dahil sa takot sa mararanasang sakit!

### *Ang Kagalingang Kapangyarihan ng Musika*

Ang makapangyarihang epekto na mayroon ang musika sa mga tao ay kinikilala sa buong daigdig na kahit ang karamihan sa mga hospital, terapist, saykatrista sa buong mundo ay ginagamit ang musika upang matulungang gamutin ang kanilang mga pasyente. Ang mga pambansang asosasyon ng mga terapist ng musika sa Estados Unidos, Britanya, Canada at sa marami pang mga bansa ay naorganisa. Ang mga unibersidad sa buong mundo ay nag-aalok ng mga digri sa terapi ng musika mahigit 60 taon na, at mayroong libu-libo rehistradong propesyonal na ng mga terapist ng musika. Ang *Journal of Music Therapy* at iba pang mga pahayagan ay nagtala ng mga pananaliksik na ito sa mga propesyonal sa kalusugan, habang ang mga programa ng pagseseguro tulad ng *Medicaid* at *Blue cross* ay tumatanggap ng terapi sa musika bilang isang medikal na paggagamot. Ang musika ay ginagamit upang

matulungan ang mga emosyonal, pisikal, at espirituwal na mga suliranin ng tao sa maraming bahagi kabilang na ang pagkabaliw, alkolohismo, autismo, tensyon ng nerbiyos, pangangasim ng sikmura at depresyon.

## *Ang Pagkasira ng Musika*

Nilikha ng Diyos ang musika upang maging isang makapangyarihang daluyan ng komunikasyon. Kinikilala ng mundo ang kapangyarihan ng musika at gumugugol ng malalaking halaga ng pera upang makapaglagay ng musika sa mga patalastas, libangan, at iba pang mga paraan ng pag-iimpluwensiya sa mga tao. Gayunpaman ay alam din ni Satanas ang kapangyarihan ng musika! Bago pa man nagkaroon ng sangkatauhan, nilikha na ang mga anghel na may ministeryo ng musika.

Ang isang dakilang pinuno ng mga anghel na partikular na binanggit sa Bibliya bilang nilikha na may kakayahang musikal ay si Lusiper na ang pangalan ay nangangahulugang *Tagapagdala ng Liwanag*. Sinasabi ng Ezekiel 28:13 tungkol kay Lusiper na *"ang pagkayari ng iyong pandereta at ng iyong mga plauta ay nasa iyo; sa araw na ikaw ay lalangin inihanda ang mga ito."* Tulad lamang ng ang isang tao ay nilalang na may mga musikal na instrumento (kagaya ng kwerdas bokales) sa katulad na paraan na ang anghel na si Lusiper ay kayang gumawa ng musika. Habang tayo ay maaari lamang mag-isip ng kung anong uri ng mga tamburin at plauta ang nilikha sa loob ng kanyang katawan, malamang ang mga ito ay tila hindi na rin di-pangkaraniwan. Sabagay, isipin na lamang kung ano ang ipinanganak kasama ng mga tao: mga kwerdas na

instrumento (pinagmumulan ng tinig) mga instrumentong pinupukpok (mga kamay upang pumalakpak at paa na pang- indak) pati na rin ang isang intrumento ng hangin (ang bibig at labi upang sumipol). Ang bawat isa sa mga instrumentong musikal na ito sa ating mga katawan ay tila napakanatural at kapaki-pakinabang.

Ang mga kasuutang dinisenyo ng Diyos upang takpan si Lusiper ay nagmumungkahi na siya ay gumaganap bilang isang punong saserdote sa mga anghel.[7] Ito ay nagpapahiwatig din na siya ay isang dakilang tagapanguna sa pananambahan. Ang isang kumpirmasyon dito ay ipinakita sa kanyang titulong "*pinahirang kerubin na tumatakip [sa trono ng Diyos]*" sa Ezekiel 28:14. Kapag pinag-aralan natin ang Pahayag mga kabanata apat at lima tungkol sa makalangit na mga nilalang na tumatakip sa trono ng Diyos, makikita natin na sila ay mga tagapanguna sa pagsamba. Si Lusiper marahil ang pinakadakilang manunugtog at lider ng pagsamba sa mga anghel, na pinangungunahan ang pagsamba sa langit. Nang itaas niya ang kanyang sarili sa pagmamalaki laban sa Diyos at pinangunahan ang maraming mga anghel upang magrebelde, ang ilan sa mga talentong tiyak niyang ginamit upang makatulong na pangunahan ang paghihimagsik ay ang kanyang mga kakayahang musikal at pangunguna sa pagsamba.

Maaari nating isipin kung ano nga kaya ang langit bago nagkaroon ng paghihimagsik. Si Lusiper, ang pinahirang kerubin, ay tinutugtog ang kanyang musika at pangungunahan ang hukbo ng mga anghel sa pagsamba sa Diyos. Talagang mapupuno ng pagpapahid ang templo ng

kalangitan! Habang dumadaloy ang pagpapahayag, si Lusiper na *Tagapagdala ng Liwanag* ay maaaring nagtuturo sa kanila ng mga bagong awitin na nagdala sa kanila pataas ng pataas tungo sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ngunit nang sinimulan ni Lusiper na itaas ang kanyang sarili sa pagpapalalo, sinasabi sa atin ng mga kasulatan na nagsimula siyang itago ang ilan sa kaluwalhatian para sa kanyang sarili.[8] Maaaring siya ay nagsimulang manguna sa mga awit ng pagsamba na lalong pumuno ng kanyang pagmamalaki sa sarili. Marami sa mga anghel ang marahil ay natuwa sa mapahangas na mga bagong awitin na ito ng kagandahan at kahambugan, bagamat ang mga tapat na anghel ay hindi sumali. Habang ang paghihimagsik ay namumukadkad sa kaganapan, si Lusiper at ang kanyang mga hukbo ay nagmamartsa na sa mga palalong awitin, tulad ng mga hukbo ng mundo na ngayon ay nakikipagdigma kasama ng kanilang mga awitin na nagpapalakas sa kanila.

Kahit ngayon, maraming mga paghihiwalay sa simbahan ay sanhi ng mga lider sa pagsamba at mga manunugtog. Ang ilan ay buong pamamayabang na nagsabi sa pamunuan ng kanilang mga pastor, “kami ang mga nakakaalam kung paano manguna sa pag-awit at pagsamba. Kayong mga pastor ay hindi man lamang mga musikal! Gawin ninyo ang pangangaral at kami ang magkokontrol sa pananambahan. At kapag sinubukan ninyong hadlangan kami o kontrolin kami, kukunin namin ang aming mga kagamitang pang tugtog at ang aming mga tagasunod at magsisimula kami ng sarili naming simbahan!” Ang mga tagapanguna sa pananambahan at mga manunugtog ay madalas nangunguna sa paghihiwalay

ng simbahan dahil sila ay dalubhasa sa pangunguna at pag-iimpluwensiya sa mga miyembro ng iglesya—maging para sa kabutihan o para sa kasamaan.

Nang bumagsak si Lusiper, iningatan niya ang kanyang musikal na mga talento ngunit naging masama sa kalikasan. Inihula ito ni Isaias nang kanyang ipinahayag ang tungkol kay Lusiper sa kabanata 14:11 na *"ang iyong kahambugan ay ibinaba sa Sheol, pati na ang tunog ng iyong mga alpa."* Habang hinahangad ni Satanas na sirain ang mundo ngayon, ginagamit niya ang musika upang makatulong na madala ang sangkatauhan sa mundo, sa laman at sa diyablo. Alam ni Satanas ang kapangyarihan ng musika at pagsamba. Sa kanyang mga pagtukso kay Cristo sa ilang ay nakahanda siyang ibigay kay Jesus ang mga kaharian ng mundo, kung Siya lamang ay magpapatirapa sa kanya at sambahin siya. Alam ni satanas na kung makokontrol niya ang pagsamba, ay makokontrol niya ang lahat!

## *Ang Ating Pangangailangan para sa Espirituwal na Pagkilala*

Napakahalaga para sa atin na maunawaan na bagama't ginawa ng Diyos na maging mabuti ang musika, ay maaaring masira ito ni Satanas at ng kanyang mga tagasunod—at kahit na ng mga walang ingat na mga kristiyano—at gamitin para sa kasamaan. Kamakailan lang ay nabasa ko ang pahayag na ito sa isang Kristiyanong aklat: "Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay na mabuti, kabilang na ang musika, kaya paanong alinman sa mga musika ay tawaging masama?" ang kaisipang ito ay kasing

mali ng pagsasabing: “Nilikha ng Diyos ang lahat ng mga anghel na mabuti, kaya paanong alinman sa mga anghel ay tawaging masama?” Kailangan nating malaman kung paano ginagamit ng mga nahulog na anghel at masamang sangkatauhan ang kanilang musika para sa kasamaan. Ang espirituwal na digmaan sa pagitan ng mga hukbo ng Diyos at ni Satanas ay hindi labanan ng mga natural na mga armas, sa halip, kadalasan ito ay pakikipaglaban sa mga instrumentong pangmusika.[9] Gaya ng dapat ay maiging unawain ng isang matalinong kumander ang digmaan na kanyang lalabanan, ay kailangan nating matutunan na kilalanin ang mga espirituwal na labanan na nagaganap sa musika at pagsamba sa ating paligid.

Ang ilang mga tao ay maaaring maging mahusay at tanyag na manunugtog o mang-aawit, ngunit kapag sila ay ipinanganak na muli bilang mga espirituwal na sanggol kay Cristo, kailangan nilang magsimulang matuto kung paano magministeryo sa kanilang musika sa pamamagitan ng Espiritu. Ang natural na talento (walang pagpapahid ng Banal na Espiritu) ay nakakapagbigay aliw lamang, kahit pa na magustuhan ito ng mga Kristiyano at punuin ang simbahan para lang marinig ang magandang libangan. Kinakailangan talagang maging maingat ng mga Iglesya sa pagbibigay ng isang ministeryo ng musika sa isang bagong mananampalataya, kahit pa na siya ay mahusay sa musikal. Ito ay kasing espirituwal na mapanganib nang pagbibigay ng pulpito sa isang bagong ligtas na pulitiko o artista at hahayaan siyang mangaral dahil lang sa siya ay mahusay na tagapagsalita.[10] Ang ministeryo ay hindi pangunahing resulta ng mga talento ay kakayahan, o sa pamamagitan ng lakas at kapangyarihan: ito ay gawain ng Espiritu ng Diyos

na kumikilos sa pamamagitan ng isang nakatalagang sisidlan.

Nang tayo ay naligtas, kailangan nating linangin ang espirituwal na pagkilala at ipabago ang ating mga kaisipan. Ito ay magiging dahilan para sa atin na maunawaan at makilala ang mga espirituwal na pwersa na naglalayong kumilos sa pamamagitan ng musika sa ating paligid. Sa gayon ay makakapaghanda tayo na magkaroon ng isang buhay at ministeryo ng isang makadiyos, pinahirang musika na makakatulong sa pagdala ng pagbabagong-buhay sa mga anak ng Diyos at magdala ng kaluwalhatian sa Diyos!

# Kabanata 2

# PAGSAMBA: TINANGGAP AT TINANGGIHAN!

Malinaw na ipinakita sa Kasulatan na hindi tinatanggap ng Diyos ang lahat ng pagsamba. Maaaring sabihin ng isang tao, “tatanggapin ng Diyos ang tapat na pagsamba at musika ng *sinumang* Kristiyano.” Gayunpaman, mula sa unang pagsamba hanggang sa huling pagsamba na nakatala sa Bibliya makikita natin na ito ay hindi totoo. Sinabi ni Jesus sa Juan 4:23 na *“sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan.”* Malinaw na tinutukoy ng mga salitang ito ni Cristo na mayroon ding mga pagsamba na hindi makaaabot sa mga atas ng Diyos!

### *Ang Unang Pagsamba sa Bibliya*

Ang Unang gawain ng pagsamba na nabanggit sa Bibliya ay nakatala sa Genesis 4:3-5. Mababasa mula doon,

> *“Sa paglipas ng panahon ay nagdala si Cain ng isang handog sa PANGINOON mula sa mga bunga ng lupa. Nagdala rin si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan, ang taba ng mga iyon. At pinahalagahan ng PANGINOON si Abel at ang kanyang handog, subalit hindi niya pinahalagahan si Cain at ang kanyang handog. Galit na galit si Cain, at nagngitngit ang kanyang mukha.”*

Dito ay nakita natin na tinanggihan ng Diyos ang pagsamba ni Cain. Gayunpaman, malinaw na ipinapakita sa aklat ng Genesis na si Cain ay hindi isang di-mananampalataya. Nakikipag-usap siya sa Diyos, sumasamba sa Diyos, at alam niya ang Kanyang presensiya. Maaari pa nga nating sabihin na si Cain isang tagapanguna sa pagsamba habang si Abel na nakababata niyang kapatid ay sinusundan ang kanyang halimbawa at sumasamba. Magkagayunman, tinanggihan ng Diyos ang pagsamba ni Cain. Hindi eksaktong nasabi sa atin kung paanong tinanggihan ang pagsamba ni Cain—marahil ang Diyos ay nagpadala ng apoy mula sa langit sa mga handog ni Abel ngunit hindi sa handog ni Cain—ngunit ang malinaw ay ang may pagsang-ayon mula sa langit sa isang sakripisyo, ngunit wala ang isa.

Mula sa isang natural na pananaw maaari nating sabihin na ang Diyos ay hindi naging patas nang Kanyang tinanggap ang handog ng isa at tinanggihan ang sa isa. Si Cain ay isang magsasaka na nagdala ng ilan sa kanyang ani bilang handog, gayundin si Abel na isang pastol ay nagdala ng handog mula sa kanyang kawan. Sila ay pantay sa bahaging ito na ang dalawang magkapatid ay parehong nagdala ng kanilang mga handog mula sa kinita ng kanilang mga pagpapagal. Subalit mula sa espirituwal na pananaw ay may malinaw na pagkakaiba sa kanilang mga handog. Ang mga pagkakaibang ito ay bakit tinanggihan ng Diyos ang pagsamba ng isang kapatid at tinanggap ang pagsamba ng isa.

Ang isang mahalagang dahilan kung bakit tinanggihan ng Diyos ang handog ni Cain ay dahil nagmula ito sa bunga ng lupang isinumpa, na nakatala sa Genesis 3:17. Hindi

ipinahiwatig ng Diyos na tatanggapin Niya ang gayong paghahandog—at ang sumpa na inilagay Niya sa lupa ay nagmumungkahi ng kabaligtaran. Yamang si Cain ay isang magsasaka natural lamang na ito ang ihandog niya, ngunit hindi ito naaayon sa alinman sa mga espirituwal na kapahayagan o nauna nang sinimulan ng Diyos.

Ang pagsamba ni Abel, na tinanggap ng Panginoon, ay naiiba. Sinusundan ni Abel ang halimbawa na itinakda ng Diyos sa Genesis 3:21 nang gumawa Siya ng isang sakripisyo ng hayop upang damitan si Adan at Eba. Ang kanyang pagsamba ay nasa katotohanan sapagkat sinundan niya ang huwaran ng pagsakripisyo na sinimulan ng Panginoon. Ang paghahandog ni Abel ay nasa espiritu rin yamang ito ay kapahayagan ng totoong pagsakripisyo ng Diyos, ang kordero ng Diyos na mag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan.

Mayroon pa ring mga tao sa simbahan ngayon na katulad ni Cain At Abel. Ang ilan ay naghahandog ng kanilang mga natural na pinaghirapan at pagsamba ayon sa kanilang sariling mga ideya, habang ang iba ay natututong sumamba *sa espiritu at katotohanan*. Sa katulad na paraan, ipinapakita pa rin ng Panginoon kung tatanggapin Niya o tatanggihan ang ating pagtatangkang gawain ng pagsamba. Nais Niyang ipadala ang apoy ng Kanyang presensiya mula sa langit kapag tayo ay maayos na sumasamba, pati na rin ang magpakita ng iba pang mga tanda ng Kanyang pagsang-ayon at pagpapala.

Nang tinanggihan ang handog ni Cain, sinabi sa Genesis 4:5 na nagalit siya at nanlumbay. Ngunit sinabi ng Panginoon sa kanya, *"Bakit ka nagalit? At bakit nagngingitngit ang iyong mukha? Kung ikaw ay gumawa*

*ng mabuti, hindi ka ba tatanggapin?"* Hindi tinanggihan ng Panginoon si Cain, tanging ang handog niya lamang. Pinalakas siya ng Diyos na kung matututunan niya ang tamang paraan, ang kanyang pagsamba at tatanggapin. Subalit, si Cain ay hindi naghandog ng *sakripisyo* ng isang tupa, ni wala rin siyang *kalikasan* ng isang nagpapasakop na tupa. Sa halip na magkaroon ng isang maamo, natuturuang espiritu, tumindig siya sa galit at paninibugho upang patayin ang kanyang kapatid.

Sa tuwing may isang tao na naghahandog ng kanyang talento at ministeryo ngunit malalaman na ito ay hindi pinagpapala ng Panginoon, siya ay nahaharap sa parehong desisyon na katulad kay Cain. Maaari niyang tanggapin ang pagtutuwid ng Diyos at matutong gawin ang tama, o babangon sa galit at paninibugho upang atakihin ang mga may ministeryo na tinatanggap ng Diyos. Ngayon, karamihan sa mga tao na kasama sa mga gawain ng pananambahan sa mahabang panahon, ay maaalala pa rin ang mga panahon kung kailan sa kanilang mga paghahandog ay nabigo silang makuha ang pagsang-ayon ng Diyos. Marahil minsan ay maalala mo pa ang maraming mga gawaing pananambahan na tila tuyot, hungkag, o walang buhay. Ang susi ay hindi sa kung tayo man ay nabigo, o kahit ilang ulit na hindi natin nakatagpo ang Diyos—ang susi ay sa kung tayo ba ay may kapakumbabaang tinatanggap ang pagtutuwid at matuto, upang nang sa gayon ay maihahandog natin ang Tupa kapag tayo ay muling sumamba. Kung susundan natin *"ang paraan ni Cain,"* gaya ng tinatawag sa Judas 11, sa ating kabiguan at galit ay maaari nating tanggihan ang

pagtutuwid ng Diyos at tanggihan maging ang mga kapatid na ang mga halimbawa at dapat nating sundan.

Ang ilan sa mga resulta ng kasalanan ni Cain ay nakatala sa Genesis 4:16. Doon ay mababasa natin, *"At umalis si Cain sa harapan ng PANGINOON at nanirahan sa lupain ng Nod, sa silangan ng Eden."* Nawala ni Cain ang presensiya ng Panginoon na kanyang nakilala at nanirahan sa lupain ng *Nod*, na ang ibig sabihin ay *lagalag*. Ito ang katuparan ng kaparusahan ng Diyos kay Cain, nang kanyang inihayag sa Genesis 4:12, *"Ikaw ay magiging palaboy at pagala-gala sa lupa."* Sa katulad na paraan, kung minsan ang isang manunugtog o isang mang-aawit ay nasusumpungan na ang kanilang mga ministeryo ay nabibigo o tinutuwid. Kung hindi sila magpapasakop sa pagtutuwid, mas nanaisin nilang lumipat sa ibang simbahan—at marahil ay sa isa pang simbahan pagkatapos nito! Maaari silang maging isang lagalag na mananampalataya na hindi maayos na nakatanim at namumunga sa bahay ng Diyos. Ngunit dahil hindi ito ang hangarin ng Diyos para sa Kanyang mga anak, inilagay Niya ang kwento ng pagsamba ni Cain at Abel sa pinakasimula ng mga Kasulatan upang balaan tayo sa kahalagahan ng usaping ito.

## *Ang Huling Pagsamba sa Bibliya*

Ang huling pagsamba na nakatala sa Bibliya ay nang si Apostol Juan ay sumamba sa Pahayag 22:8-9. Mababasa natin mula roon,

> *"Akong si Juan ang nakarinig at nakakita ng mga bagay na ito. At nang aking marinig at makita, nagpatirapa ako upang sumamba sa harapan ng anghel na nagpakita sa akin ng mga bagay na ito. Ngunit sinabi niya sa akin, "Huwag mong gawin iyan! Ako'y kapwa mo alipin at ng iyong mga kapatid na mga propeta, at ng mga tumutupad ng mga salita ng aklat na ito. Ang Diyos ang sambahin mo."*

Dito ay makikita natin ang pagsamba ng isang may edad na apostol na tinanggihan dahil siya ay sumasamba sa isang anghel. Labis na nabigla si Juan ng mga kapahayagan na ibinigay sa kanya, at nagkamali nga na sambahin ang sisidlan na ginamit ng Diyos sa halip na sambahin mismo ang Diyos. Maaari nating makaharap ang kaparehong panganib sa mga gawaing pananambahan natin ngayon, dahil maaaring hangaan at idolohin ng mga tao ang mga tagapanguna sa pagsamba, mang-aawit, o manunugtog na nagdadala ng pagpapahid sa mga gawain. Magkakaroon din tayo ng karagdagang panganib na ang mga tagapanguna sa pagsamba, mang-aawit, o manunugtog ay maaaring tanggapin ang paghanga na ito (o pagsamba) at magsimulang tumaas sa pagmamalaki kagaya nang nangyari kay Lusiper.

May isang kwento tungkol sa isang tagapanguna sa pananambahan na talagang napakahusay na pinangunahan ang gawain. Pagkatapos nito, isang miyembro ang kaagad na umakyat at binati siya. Buong pananabik niyang pinuri at sinamba ang ministeryo ng tagapangunang ito at sinabi na ibig niyang siya ang unang tao na babati sa kanya. Pinasalamatan ng tagapanguna sa pananambahan ang babae, ngunit sinabi nito sa kanya na hindi siya ang unang bumati sa kanya. Habang nagsisimula siyang magprotesta, ipinaliwanag nito na kapagkatapos ng gawain ng pananambahan, ang Diyablo mismo ang unang bumati sa kanya!

Ang mga musikero at mang-aawit ng mundo ay naghahanap ng paghanga mula sa kanilang pinagtatanghalan. Gusto nilang maglapit ng mga tagasunod sa kanilang mga sarili na hahangaan sila at magdadala sa kanila sa katanyagan at kayamanan. Dahilan sa mga nananaig na saloobing ito sa sekular na industriya ng musika, ang mga manunugtog at mang-aawit sa tahanan ng Diyos ay mas lalong dapat na mag-ingat na hindi makiayon sa mga saloobin at pagkilos ng mga makamundong palabas ng musika. Ang ating layunin ay hindi dapat para sa katanyagan o katagumpayan—ang ating layunin ay dapat pangunahan ang tao sa pagsamba sa Diyos at ang Diyos lamang!

### *Tinanggihang Pagsamba sa Buong Bibliya*

Ang dalawang halimbawa na ito ng una at huling pagsamba na naitala sa Bibliya ay dapat magpakita sa atin ang dakilang kahalagahan ng paksang ito. Sa Juan 4:23

hindi sinabi ng Panginoong Jesus na ang Ama ay naghahanap ng *mananamba*—sinabi ni Cristo na Siya ay naghahanap ng *tunay* na mananamba, ngunit para sa atin na maging totoong mga mananamba, ay dapat matutunan natin ang kaibahan sa pagitan ng tinanggap at tinanggihan na pagsamba. Kung hindi, ay matutulad lamang tayo sa maraming tao sa buong mundo na nag-aakalang tinanggap sila sa harapan ng Diyos nang sila ay sumamba ayon sa kanilang sariling kultural na relihiyon o kanilang sariling personal na mga ideya. Gaya nang nakita natin, ito ay maaaring mangyari hindi lamang sa mga paganong mananamba, kundi sa mga tagapanguna din sa pagsamba na nakakaalam ng presensiya ng Diyos at maging sa mga ganap nang mga apostol!

## Kabanata 3

# ANG PAGPAPANUMBALIK NG MUSIKA SA PAMAMAGITAN NI DAVID

Ang pagpapanumbalik ng musika para sa wastong paggamit nito sa pagsamba at dinala sa pamamagitan ni David, na tinawag na *"ang kalugodlugod na mang-aawit ng Israel"* sa 2 Samuel 23:1. Ang musika at pagsamba ang paminsan-minsan na gamit ng mga anak ng Diyos sa mga naunang panahon, ngunit walang regular na paggamit o samahan.[1] Hindi gumamit si Moises ng pag-aawit o musika sa tabernakulo na kanyang itinayo. Kung ikaw ay isang Israelita na pumupunta sa Tabernakulo ni Moises upang sumamba, ano ang maririnig mo doon? Ang mga hiyawan ng namamatay na mga hayop, at ang tunog nang pagpuputol-putol ng mga saserdote ng katawan ng mga hayop na inihandog! Kailanman ay hindi gumamit si Moises ng musika at pag-awit sa pagkakaayos ng kanyang pananambahan, ito ay nakabatay sa dugo ng sakripisyo.

Gayunpaman, kalaunan ay gumawa si Haring David ng isang *bagong* tabernakulo kung saan ay inorganisa niya ang paggamit ng musika at pag-awit para sa pagsamba sa

Diyos.[2] Dahil siya ay taong ayon sa puso ng Diyos, mas nakakakita siya ng higit sa mga ritwal na isinasagawa sa Tabernakulo ni Moises. Sa Awit 40:6 isinulat ni David, *"Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit binigyan mo ako ng bukas na pandinig. Handog na sinusunog at handog pangkasalanan ay hindi mo kinailangan."* Sa Awit 141:2 ay isinulat din ni David, *"Ibilang mo ang aking dalangin na parang insenso sa iyong harapan, at ang pagtataas ng aking mga kamay ay handog sa kinahapunan."* Dahil si David ay may mas mataas na kapahayagan ng tunay na pagsamba hindi na niya inulit ang lahat ng mga ritwal ni Moises, kundi sa halip ay nagdala ng purong uri ng pagsamba sa pamamagitan ng kanyang musika at pag-awit.

## *Ang pagpapanumbalik ng Musika at Pagsamba sa Panahon ng Iglesya*

Makalipas ang ilang siglo, ipinahayag ni propeta Amos ang patuloy na kahalagahan ng pagsamba na itinatag ni Haring David sa kanyang tabernakulo. Ipinipropesiya niya na muling itatayo ng Diyos ang Tabernakulo ni David. Nauunawaan ng mga lider ng unang Iglesya ng Bagong Tipan na ito ay isang propesiya ng kung ano ang gagawin ng Panginoon sa Iglesya. Sinipi nila ang Amos 9:11 habang sila ay nasa konseho ng kanilang iglesya sa Jerusalem, na nakatala sa Gawa 15:16-17.

> *"Pagkatapos ng mga bagay na ito, ako'y babalik, at muli kong itatayo ang tolda ni David na bumagsak; muli kong itatatag ang guho nito, at ito'y aking itatayo: **17** upang hanapin ng nalabi sa mga tao ang Panginoon, at ng lahat ng mga Hentil na tinatawag sa aking pangalan…"*

Nauunawaan ng mga lider ng naunang iglesya na ayaw ng Diyos na ibalik ang mga ritwal at pagsasakripisyo ng Tabernakulo ni Moises sa Iglesya. Kung iyan ang nais ng Diyos, kung gayon ay dapat iniatas na nila na ang mga

Hentil ay tuliin at sundin ang lahat ng mga batas ni Moises. Hindi ang Tabernakulo ni Moises ang muling itatayo sa Iglesya, kundi ang Tabernakulo ni David.

Alam din ng mga Apostol at matatanda na hindi ibig ng Panginoon na literal na muling itayo ang isang tolda na tatahanan ng Diyos. Naunawaan nila na ang nais ng Panginoon ay ang ipanumbalik sa mga anak ng Diyos ang espirituwal na karanasan na mayroon si David sa kanyang tabernakulo. Ngunit kapag pinag-aaralan natin ang lahat ng mga kasulatan tungkol sa kung ano ang ginawa ni David sa kanyang tabernakulo, makikita natin na ang pangunahing aktibidad na nakaorganisa ay ang tuloy-tuloy na pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng musika at pag-awit. Basahin natin ang tungkol dito mula sa 1 Cronica kabanata 16:

> *"Kanilang ipinasok ang kaban ng Diyos, at inilagay sa gitna ng tolda na itinayo ni David para rito…hinirang niya [David] ang mga Levita upang maglingkod sa harapan ng kaban ng Panginoon, upang manalangin, magpasalamat, at magpuri sa Panginoon, ang Diyos ng Israel: Si Asaf ang pinuno [gayundin ang 8 pang ibang mga pinuno] ... at si Jeiel, na sila ang tutugtog sa mga alpa at mga lira. Si Asaf ang magpapatunog ng pompiyang, at si Benaya at Jehaziel na mga pari ang patuloy na hihihip sa mga tambuli…kaya't iniwan ni David doon si Asaf at ang kanyang mga kapatid sa harapan ng*

> *kaban ng tipan ng Panginoon, upang patuloy na mangasiwa sa harap ng kaban, gaya ng kailangang gawin sa araw-araw."*

Ito ay nagbibigay sa atin ng isang sulyap ng pagsamba na inorganisa ni David. Maraming iba pang kabanata sa Lumang Tipan ang nagbibigay din ng higit na pagtuturo tungkol sa musika at mga awit (o Mga Salmo) na ginamit ni David para sa pagsamba sa Diyos. Hindi pinili ng Panginoon na ulitin ang lahat ng ito sa Bagong Tipan. Sa halip ipinahayag Niya sa Gawa 15:16-17 na dapat nating balikan ang Tabernakulo ni David upang maunawaan ang papuri at pagsamba na Kanyang pinanunumbalik sa Kanyang Iglesya ngayon.

Marami sa mga problema at mga kontrobersiya na mayroon ang Iglesya ngayon tungkol sa musika at pagsamba ay bumangon mula sa isang kakulangan ng pang-unawa tungkol sa kung paano ibinalik ni David ang mahahalagang katotohanan na ito para sa mga anak ng Diyos. Ang ilang mga Kristiyanong denominasyon ay nagturo na dahil kailanman ay hindi nabanggit sa mga ebanghelyo ang paggamit ng mga musikal na instrumento para sa pagsamba, hindi natin dapat gamitin ang mga ito ngayon. Ang kabaligtaran naman nito mula sa ibang mga grupo ay sinasabi na dahil ang Bagong Tipan ay nagbigay lamang ng ilang mga panuntunan para sa ating musika at pagsamba, dapat nating sundan ang musika at pag-awit ng mundo upang makita kung alin ang magiging tanyag at matagumpay.

Totoo na ang mga Ebanghelyo at ang Bagong Tipan ay nagbigay lamang ng napakakaunting tagubilin tungkol sa

kung paano gamitin ang musika at pag-awit sa ating pagpupuri at pagsamba. Magkagayon man, gaya ng nakita natin sa Gawa 15, ito ay dahil sa ang mga tagubilin ay ganap nang ibinigay sa Lumang Tipan. Ang pagsunod sa mga tagubilin ni David tungkol sa pagsamba ay magtutulot sa atin na tuparin ang utos ng ating Panginoon na tayo ay dapat sumamba hindi lamang *sa espiritu* kundi pati na rin *sa katotohanan*. Sa Juan 17:17 sinabi ni Jesus, *"ang Salita Mo ay katotohanan."* Kaya para sa atin na makapagsamba sa katotohanan, dapat nating asahan ang Salita ng Diyos na magbibigay sa atin ng kumpletong pagtuturo para sa ating pagsamba.

Kung hindi pa natin nakikita ang mga kumpletong direksiyon na ito sa Salita ng Diyos, ay kailangan nating manalangin kasama ng Salmista, *"Buksan Mo ang aking mga mata upang makita ko, ang kahanga-hangang mga bagay sa kautusan Mo."*[3] Sa Kawikaan 25:2 makikita din natin na *"Kaluwalhatian ng Diyos na ang mga bagay ay ilihim,"* ngunit nagpatuloy ito sa pagsabing *"ngunit kaluwalhatian ng mga hari na ang mga bagay ay saliksikin."* Kung nais natin na maging mga hari at saserdote na maghahari kasama ng ating Panginoon sa Kanyang maluwalhating kaharian, bahagi ng ating paghahanda kung gayon ay ang matuto kung paano saliksikin ang mga nakatagong katotohanan na itinago ng Diyos sa Kanyang Salita!

## *Ang Musika at Pagsamba ni David ay binigay ng Banal na Espiritu*

Si David ay pinahiran ni propeta Samuel noong siya ay isang kabataan pa lamang. Sinasabi ng kasulatan na *"ang*

*Espiritu ng Panginoon ay dumating na may kapangyarihan kay David mula sa araw na iyon.'*'[4] Isa sa mga resulta ng makapangyarihang pagpapahid na ito ay nang tinutugtog ni David ang kanyang alpa habang binabantayan ang mga tupa ng kanyang ama, natutunan niya kung paano sumamba sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Isinulat niya sa Awit 23 na pinahiran ng Panginoon ang kanyang ulo ng langis at pinaapaw ang kanyang saro—at isang paraan na ang pagdaloy ng Espiritu ng Diyos ay umapaw mula sa kanyang puso ay sa pamamagitan ng kanyang musika at pag-awit.

Natutunan ni David na hayaan ang Banal na Espiritu na kumilos sa pamamagitan ng kanyang musika nang may dakilang kapangyarihan. Nang ang tumalikod na si Haring Saul ay nagnanais na mapalaya mula sa masamang espiritu na gumugulo sa kanya, ang kabataang si David ay ipinatawag sa maharlikang palasyo upang tugtugin ang kanyang musika para sa hari at magdala sa kanya ng pagpapalaya. Mababasa natin sa 1 Samuel 16:23,

> *"Tuwing ang masamang espiritu mula sa Diyos ay darating kay Saul, kinukuha ni David ang alpa at tinutugtog ng kanyang kamay, at nagiginhawaan si Saul at ang masamang espiritu ay umaalis sa kanya."*

Si David ay tinuruan ng Banal na Espiritu kung paano sumamba sa kanyang mga pribadong panahon kapag siya ay nag-iisa kasama ang Diyos. Hindi natin mababasa na siya ay nag-aral mula sa isang sikat na musikero, o na siya ay natuto sa palasyo ng hari kung paano tugtugin ang musika na nauuso sa kanilang panahon. Ang mga pundasyon ni David ay ang natutunan niyang tugtugin ang

kanyang musika at umawit sa pamamagitan ng Espiritu sa panahon ng kanyang mga personal na debosyon sa Panginoon. Ngunit kung anuman ang natutunan ng kabataang si David na pagkanta at pagtugtog sa kanyang mga pribadong debosyon kinalaunan ay naging musika ng maharlikang palasyo ni Saul, at pagkatapos ay ipinahayag sa kaharian sa pamamagitan ng pagsamba sa templo ni Solomon. Ito ay katuparan ng kung ano ang sinabi ng ating Panginoong Jesus, na kung ano ang sinalita sa lihim ay ipapahayag sa mga bubungan.

Naaalala ko noong ako ay isang kabataang Kristiyano, kung paano ako sinimulang turuan ng Panginoon na dumaloy sa pagpapahid habang sumasamba. Ako ay ipinanganak na muli sa isang simbahan kung saan ay alam ang lahat tungkol sa pagpupuri, pagtaas ng kamay, at pagsasayaw sa Panginoon. Ngunit hindi ito nangangahulugan na sa umpisa palang ay naramdaman ko na na komportable ako tungkol sa pagsali sa mga aktibidad na iyon. Sa halip na ako ay tumuon sa pagsamba sa Diyos, ay nahihiya akong itaas ang aking mga kamay at subukan ang iba pang mga pagpapahayag ng pagpupuri.

Ang hangarin ng aking puso ay ang nais kong malaman kung paano lubusang sambahin ang Diyos. Gayunpaman, ang ilan sa mga pinakamahalagang aral na natutunan ko bilang kabataang kristiyano ay nangyari nang ako ay nag-iisa sa Diyos.  Ako ay may trabaho bilang pang-gabing guwardiya kung saan ay kaunti lamang ang ginagawa. Talagang halos ginugugol ko ang karamihan ng oras sa gabi sa pananalangin at pagsamba. Natutunan ko ang pumalakpak at buong pusong itaas ang aking mga kamay sa Kanyang presensiya.  Tinuruan ako ng Panginoon kung

paanong buong galak na sumayaw sa Kanya, at patunugin ang malaking lagayan ko ng susi na tulad ng isang tamburin hanggang sa mapuno nang makapangyarihang presensiya ng Diyos ang buong pabrika. Natutunan kong sumamba palalim nang palalim sa pagpapahid hanggang sa ang kaluwalhatian ng Diyos ay literal na nahahayag sa ilang pagkakataon.

Oo, natutunan ko rin ang sumamba sa simbahan at sa mga gawain at doon ay makipag-tagpo sa Diyos. Gayunpaman, kapag ako ay nag-iisa sa Diyos, natututunan ko ang pinakamahahalaga kong aral. Kaya hindi na ako nagtataka kung iba man ang unang nagdadala ng presensiya sa gawain sa iglesya, dahil maaari na ang aking puso ay naging mabagal sa pagpasok. Pinakamainam kong nasusumpungan kung paano ihanda ang aking puso sa pagpasok sa Kanyang presensiya at dumaloy sa pagpapahid kapag nag-iisa lamang ako sa Diyos.

Bagaman mahalaga para sa atin na matutunan ang mag-isang sumamba sa Diyos sa ating personal na mga debosyon, huwag din nating ipagpalagay na mali na ang kumuha ng pag-aaral mula sa mga guro ng musika upang mapabuti ang ating mga kakayahan. Sinasabi sa atin ng Awit 33:3 na *"tumugtog na may kahusayan"* kaya nga upang linangin ang ating mga musikal na kakayahan, makatutulong na kumuha ng pag-aaral mula sa isang mabuting tagapagturo. Ang paghahangad na makamit ang pagpapahid sa ating musika ay hindi ibig sabihin na ang pagsisikap na linangin ang ating talento ay hindi mahalaga.

Gayunpaman, ito'y totoo na marami sa mga Kristiyanong manunugtog at mang-aawit ay may mga kapansanan sa pamamagitan ng maling mga pundasyon nang kung paano sila natuto sa kanilang musika. Marahil ay

natuto na silang tumugtog bago pa man sila naligtas, kung saan sila ay nakikilos ng mga matitinding espirituwal na impluwensiya kagaya ng pagmamataas, kahalayan, rebelyon, o depresyon. Ang iba naman ay maaaring natutunan kung paano tumugtog at umawit pagkatapos na sila ay maging mga Kristiyano na, ngunit na impluwensiyahan sa pamamagitan ng makamundong mga musika na kanilang pinakikinggan at ginagaya. Ang mga maling pundasyon na ito ay maaaring maging sanhi para sa kanila na makapagdala ng maruming musika at pagsamba hanggang sa linisin sila ng Panginoon at baguhin ang espiritu ng kanilang mga isipan.

Ito ang nangyari sa aking buhay at maagang ministeryo. Bago ko nakilala ang Panginoon ako ay isa ng rakistang gitarista at mang-aawit. Noong ako ay nasa ikalabing limang taong gulang gumawa ako ng rekord na may ilang mga kanta na isinulat ko, kung saan pagkatapos ay tinugtog sa radyo. Noong ako ay sumapit na sa aking ikalabing walong taon ako ay nagtanghal na sa gitna ng karamihan ng halos hanggang 8,000 katao. Nakasanayan ko na ang dumaloy sa pagpapahid ng masamang espiritu habang kinakanta ko ang tungkol sa lahat ng kilalang mga kasalanan, at ang musika na aking tinutugtog ay nagpapakita ng tanikala na mismong nasa sarili kong buhay.

Pagkatapos na ako ay maging isang Kristiyano, ninais ko na gamitan ang aking musikal sa mga talento upang maging patotoo para sa Panginoon, kung kaya nag-organisa ako ng ilang iba't ibang mga grupo ng Kristiyanong rakista. Minsan kapag may panahon na tinutugtog namin ang mga awiting pagsamba ang pagpapahid ay dumarating, at pagkatapos ay mahusay kaming nakakapangaral o

nakakapanalangin ng kaligtasan para sa mga tao. Magkagayon man, kapag tinutugtog na naming ang aming karaniwang estilo ng musika, nagtataka ako kung bakit ang presensiya ng Diyos ay hindi nahahayag. Nadadala namin sa sukdulan ang pananabik ng mga tao ngunit ang hayagang presensiya ng Panginoon ay hindi malinaw na nahahayag sa pamamagitan sa aming sinubukang ministeryo. Ako ay naging Kristiyano na nang anim na taon (at nagtapos sa Paaralang Bibliya) bago nalinis ang lahat ng mga nakalipas na pagkahalo sa aking buhay at sa aking musika.

Kailangan nating magkaroon ng saloobin na gaya ni Apostol Pablo. Isinulat niya na itinuturing niya ang lahat ng kanyang mga makamundong talento at mga nakamit "bilang basura" upang makamit si Cristo. Nais ba nating "makamtan si Cristo" at magkaroon nang pagpapahid para sa ating mga buhay at ministeryo? Kung gayon, tulad kay Pablo, kailangan nating kalimutan ang ating natutunan kung paano magtiwala sa laman at ating makamundong kaalaman, upang makasamba tayo sa Diyos sa Espiritu.[5]

## *Ang Propesiyang Pagsamba ni David ay Dumami*

Habang si David at nagpapatuloy sa paglago at maging isang propeta, ang kanyang musika at pagsamba ay nagpatuloy rin sa pamamagitan ng karunungan at kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Marami sa mga Awit ay bunga nitong lumalagong ministeryo ng propesiya. Habang pinag-aaralan natin sila, ang mga Salmong ito ang magtuturo sa atin kung paano tayo madedebelop na maging tulad ni David na isang propetang "kalugodlugod na salmista."

Kalaunan, nang si David ay naging hari na ng Israel, nagdala siya ng maraming pagbabago sa kaharian. Ang isang pagbabago ay ang nag-organisa siya ng daan-daang Levita at tinuruan sila kung paano mag ministeryo sa Panginoon gamit ang musika at pag-awit. Sinasabi sa atin sa Unang Cronica 25:1,

> *"Ibinukod din ni David at ng mga punong-kawal ng hukbo para sa paglilingkod ang ilan sa mga anak nina Asaf, Heman, at Jedutun na magpapahayag ng propesiya sa saliw ng mga alpa, mga lira, at ng mga pompiyang..."*

Dito ay mababasa natin kung paano sila natutong mag propesiya sa pamamagitan ng kanilang musika, habang sila ay pinapatnubayan ng pagpapahid ng Banal na Espiritu. Hindi lamang na si David ang propeta, kundi maraming iba pa sa mga manunugtog at mang-aawit ang ibinangon din ng Diyos upang maging mga propeta kung saan ay pinangunahan ng Espiritu sa kanilang mga ministeryo. Isa sa mga ito na nabanggit sa kasulatan ay si Heman, ang apo ng dakilang propeta, na si Samuel.[6] Ang balabal ng pagpopropesiya ng kanyang lolo ay naipasa sa kanyang henerasyon, at sinasabi sa 1 Cronica 25:5 na si Heman din ay naging isang propeta. Ang pagpapahid na nasa ministeryo ng kanyang musika ay naipasa sa kanyang 14 na mga anak na lalaki. Sila ay napiling pangunahan ang 14 sa 24 na grupo ng mga manunugtog na inorganisa ni David na manguna sa pananambahan sa Templo ni Solomon.[7] Inayos ni David at ng kanyang mga kasamahang propeta ang kanilang musika at pag-awit sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Banal na Espiritu. Hindi lamang sila basta kumatha ng sarili nilang likas na mga ideya. Hindi

sila makakapunta sa isang tindahan ng libro at bumili ng mga aklat at bidyo na magsasabi sa kanila ng pinakabagong mga pamamaraan na maidaragdag sa kanilang mga gawaing pagsamba. Hindi rin nila mabubuksan ang kanilang mga telebisyon at kopyahin ang mga ideya mula sa mga makamundong tagapagbigay-aliw upang gawing mas sikat ang gawain ng pananambahan para sa maraming tao! Mababasa natin kung paano inihayag ng Panginoon ang direksyon para sa kanilang musika at pagsamba sa mga sumusunod na kasulatan:

> *"Kanyang inilagay ang mga Levita sa bahay ng PANGINOON na may mga pompiyang, mga salterio, at mga alpa, ayon sa utos ni David at ni Gad na propeta ng hari, at ni Natan na propeta; sapagkat ang utos ay mula sa PANGINOON sa pamamagitan ng kanyang mga propeta."*
>
> —2 Cronica 29:25

Mula sa mga mababang simulain ni David bilang isang batang pastol na mag-isang natutong sumamba sa kaparangan, siya ay ganap na lumago sa pagiging isang propeta na kayang organisahin ang gamit ng musika at pag-awit para sa pagsamba sa Diyos. Tinipon niya ang ibang mga propeta at lingkod ng Panginoon, at magkasama nilang itinatag ang mga grupo ng mananamba na nag ministeryo sa Panginoon sa tabernakulo na kanyang itinayo. Ang mga grupong ito ay nagpatuloy sa paglago sa kaganapan hanggang sa sila ay naging matatag na pangunahan ang pambansang pagsamba sa templo ni Solomon. Mababasa natin ang tungkol sa kanilang maluwalhating pananambahan sa templo ni Solomon mula sa 2 Cronica 5:13-14,

> *"Katungkulan ng mga umiihip ng trumpeta at ng mga mang-aawit na sila'y marinig na sama-sama sa pagpupuri at pasasalamat sa PANGINOON), at nang ang awit ay inilakas, na may mga trumpeta at mga pompiyang at iba pang kagamitang panugtog, sa pagpupuri sa PANGINOON, "Sapagkat siya'y mabuti; sapagkat ang kanyang tapat na pag-ibig ay magpakailanman," ang bahay ng PANGINOON ay napuno ng ulap, kaya't ang mga pari ay hindi makatayo upang makapaglingkod dahil sa ulap; sapagkat ang kaluwalhatian ng PANGINOON ang pumuno sa bahay ng Diyos."*

## *Ang Pagsamba ni David sa Panahon ng Iglesya—at Higit pa!*

Ang mga kwentong ito tungkol sa gamit ng musika at pag-awit para sa pagsamba sa Diyos ay dapat maging mas higit pa sa mahahalagang paksa ng kasaysayan para sa atin. Ang maraming mga kabanata sa Lumang Tipan na nagtala ng pagsambang ito ay mga "plano" na ibinigay ng Panginoon sa atin upang ipakita kung ano ang Kanyang ibinabangon sa Iglesya ng huling mga araw. Ang mga propesiya ni Amos 9:11 at Gawa 15:15-17 ay naghahayag na pinanunumbalik ng Panginoon ang Tabernakulo ni David sa Panahon ng Iglesya, upang *"hanapin ng nalabi sa mga tao ang Panginoon."* Isang napakahalagang susi sa pag-eebanghelyo sa mundo ay ang pinahirang musika at pag-aawitan na maririnig sa mga bansa habang natututo tayong sumamba tulad ni David.

Kung paanong ang pagsamba sa Tabernakulo ni David ay may mahalagang propesiya para sa atin, ang pagdami at

pagiging ganap ng kanyang pagsamba sa Templo ni Solomon ay mahalaga rin naman para sa mga naghihintay sa ikalawang pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo. Ito ay dahil ang kaharian ni Solomon ng kapayapaan at kasaganaan ay isang propesiyang larawan o uri ng darating na milenyong paghahari ni Cristo. Ang mga natutong sumamba sa "Tabernakulo ni David" na Iglesya ng Bagong Tipan ay magiging handa na para sa kapunuan ng kanilang pagsamba na yayabong ng higit sa panahon ng milenyo, kapag *"ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng kaluwalhatian ng Panginoon, gaya ng tubig sa tumatakip sa dagat."*[8]

Ipinahayag ng Diyos sa Gawa 13:22 na si David ay *"isang lalaki na ayon sa Aking sariling puso,"* at tinipon ni David sa kanyang sarili ang mga taong may kaparehong hangarin at pangitain. Ito ang uri ng mga manunugtog at tagapanguna sa pagsamba na muli ay binabangon ng ating Panginoon sa ating henerasyon. Sila ang mga lalaki at mga babae ng Diyos na natutong makipagtagpo sa Diyos sa kanilang sariling personal na mga debosyon, at kayang mag-organisa ng mga grupo ng mananamba na magdadala sa kongregasyon sa nahahayag na presensiya ng Diyos. Ito ay makatutulong sa Iglesya na kumpletuhin ang Dakilang Pagsugo, pagkatapos ng panahon kung saan ang mga banal ay pangungunahan ang binagong mundo sa pagsamba kay Cristo sa nahahayag na kaluwalhatian ng milenyal na kaharian ni Cristo.

Bagaman si David ay pinili ng Panginoon na pangunahan ang daan sa pagpapanumbalik ng musika at pagsamba, nagkaroon ng isang malawakang pagdami ng mapropesiyang mang-aawit at manunugtog na sinanay sa

ilalim ng kanyang paggabay. Nawa tayo rin ay mapabilang sa kanila na mga mapropesiyang manunugtog at mang-aawit na sinasanay ngayon habang itinatayo ang tabernakulo ni David sa Iglesya. At nawa ay bigyan tayo ng Panginoon ng gayong pangitain ng Kanyang tunay na pagsamba na hindi tayo kailanman magiging kuntento sa anumang mas mababa!

## Kabanata 4

# PAANO SUMAMBA "SA ESPIRITU"

Itinanim ng bawat ipinanganak na muli na mga mananampalataya sa kanilang mga puso ang hangarin na sambahin at mahalin sa kanilang Ama sa Langit. Higit pa rito, bawat Kristiyano na tinawag sa isang posisyon sa ministeryo ay dapat din matutunan kung paano matulungang pangunahan ang iba sa presensiya ng Diyos sa panahon ng kanilang pagpupuri at pagsamba. Ngunit gaya ng ating nakita, hindi lahat ng pagsamba ay katanggap-tanggap sa Diyos. Bawat lumalagong Kristiyano ay magkakaroon ng kamalayan sa mga panahon kung kailan ang ilang gawain ng pananambahan ay tila hindi naabot ang pamantayan. Baka ang namumuno o tagapanguna sa pagsamba ay hindi naging sensitibo sa direksyon na nais pagdalhan ng Panginoon sa gawain. Marahil ang manunugtog o ilan sa kongregasyon ay tila nagdulot ng pagkalito sa gawain sa halip na sumama sa pagdaloy na dinadala ng Banal na Espiritu. Gayunpaman, ang ating mga gawain ng pagsamba ay hindi kailangang maging "labas-pasok" o "nakabukas at nakapatay" kung saan ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay dumarating at umaalis! Habang tayo ay nagkakaroon ng pagkilala tayo ay makakapagpatuloy na pumasok at manatili sa presensiya ng Diyos upang ang Banal na Espiritu ay kikilos sa atin.

Sa Juan 4:23 ay itinuro sa atin ni Cristo kung paano maging tunay na mananamba. Sinabi Niya,

*"Subalit dumarating ang oras at ngayon na nga, na sasambahin ng mga tunay na sumasamba ang Ama sa espiritu at katotohanan..."*

Makikita natin mula sa turong ito ni Cristo na isa sa mga susi sa totoong pagsamba ay ang malaman kung paano sumamba *sa espiritu*. Pag-aralan natin ngayon ang apat na mga susi o indikasyon na tutulong sa atin na matutunang gawin ito.

## 4 NA SUSI SA PAGSAMBA "SA ESPIRITU"

**l. KALAYAAN-** Sinasabi sa atin ng Ikalawang Corinto 3:17, "*kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, mayroong kalayaan."* Kung tayo ay papasok sa presensiya ng Diyos magkakaroon tayo ng kalayaan o isang malayang espiritu, sa ating pagpupuri at pagsamba. Ayaw ng Panginoon na tayo ay magkaroon ng espiritu ng pagkagapos kung saan ang ating mga puso ay tila nasa isang bilangguan. Sikapin nating matutunan na magkaroon ng isang malayang espiritu tulad ni Haring David, na kayang sumayaw sa harap ng Panginoon nang kanyang buong lakas!


**2. KAGALAKAN-** Sa Awit 16:11 ay mababasa natin, *"sa Iyong harapan ay may kapuspusan ng kagalakan."* Sa pagpasok natin sa presensiya ng Diyos ang espiritu ng kabigatan, kalungkutan, at panaghoy ay tatakas palayo. 1 Ang ating Panginoong Jesus ay halimbawa ng isang taong punong-puno ng kagalakan na ang Kanyang mga kaaway sa Mateo 11:19 ay inakusahan Siyang umiinom ng labis na alak.

3. **ANG KAPAYAPAAN NG DIYOS-** Sinasabi ng Colosas 3:15 sa atin, *"At maghari sa inyong puso ang kapayapaan ni Cristo."* Ang ibig sabihin ng salitang *maghari* ay *arbitahan* o maging isang ampayer o reperi. Ang isang reperi ay mananatiling tahimik hangga't ang isang laro ay nalalaro ng tama, ngunit kapag nilabag na ang mga panuntunan babasagin na niya ang katahimikan sa pamamagitan ng pagpito o pagwagayway ng isang bandila. Pagkatapos ay ititigil ang laro at ang nilabag na panuntunan ay ipapaliwanag. Matapos maitama ang lahat ng bagay ang reperi ay muling tahimik na manonood habang nagpapatuloy ang laro. Sa parehong paraan, kung tayo ay hindi maayos na nakakapagpatuloy sa ating pagpupuri at pagsamba, ang kapayaan ng Banal na Espiritu sa ating mga puso ay maaabala katulad ng pagpito ng isang reperi. Kaya kailangan nating malaman kung ano ang mali, itama ang problema, at magpatuloy sa daloy ng Banal na Espiritu.

**4. PAGKAKAISA-** Sinasabi sa atin ng Awit 133:1-2 na ang pagkakaisa ng mga kapatid ay katulad ng pagpapahid ng langis na dumadaloy pababa. Kung ang lahat ng tao sa gawain ng pagsamba ay nagpapatuloy sa pagkakaisa, ito ay isa pang indikasyon na ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay dumadaloy.

Kung tayo ay mayroon nitong 4 na gawain ng Banal na Espiritu na magkasamang gumagawa ng balanse, makikita natin na ang ating pagsamba *"sa espiritu"* ay magdadala sa atin palalim nang palalim sa presensiya ng Diyos. Gayunpaman, may 2 lisyang mga balanse o pagkakamali na maaaring umakay sa atin palayo mula sa pagdaloy ng Espiritu. Ang mga ito ay maaaring pangalanan ng

pormalismo at emosyonalismo. Ang sumusunod na dayagram ay makakatulong sa atin na maunawaan nang mas mabuti ang dalawang pagkakamali na ito:




### *# 1 Pagkakamali—Pormalismo*

Ang pormalismo ay ang pagpupuri at pagsamba kung saan ay nagiging isang ritwal na sumusunod sa mga alituntuning gawa ng tao na ating natutunan. Ang pormalismo ay dahan-dahang kumikilos sa ating mga gawain kapag tayo ay hindi patuloy na pinangungunahan ng Espiritu. Sa labas ay maaaring magmukhang tama ang gawain, ngunit sa loob ang puso ng mga tao ay malayo sa totoong pagsamba. Ang sitwasyong ito ay sinalita ng ating Panginoong Jesus na hinango Niya mula sa aklat ni Isaias:

> *"Iginagalang ako ng bayang ito sa kanilang mga labi, ngunit ang kanilang puso ay malayo sa akin. At walang kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, na itinuturo nila bilang mga aral ang mga alituntunin ng mga tao."*—Mateo 15:8-9

Ang pormalismo ay isang di-balanse na madalas makita sa matanda at tradisyonal na mga iglesya. Ilan sa mga simbahan ay naglalagay sa kanilang pahayagan ng kopya na nagsasaad ng pagkakasunod-sunod nang gawain ng pananambahan kasama nang kung anong himno ang aawitin. Napakadaling makita na maaari nitong limitahan ang pangunguna ng Espiritu sa isang gawain. Subalit ang pormalismo ay isang panganib din sa mga simbahan na tinatawag na puspos ng Espiritu, Karismatiko, o Pentekostal! Maraming mga beses, ang mga simbahang ito ay nagkakaroon nang pananambahan na halos pareho lamang tuwing linggo, at ang Banal na Espiritu ay nabibigyan ng kaunting pagkakataon upang kumilos sa isang bagong kaparaanan.

Paano natin mapapansin ang pormalismo? Isang pinaka praktikal na paraan ay sa pamamagitan ng pagsusuri kung ang ating apat na susi ba ay sama-samang gumagana. Ito ay sa dahilang ang pormalismo ay magbibigay diin sa kahalagahan ng kapayapaan at kagalakan. Kung wala ang mga kinakailangang balanse na ito madali rin nating makita na ang isang mapayapa at maayos na gawain ng pagsamba ay maaaring maging isang walang buhay at nakakainip na karanasan.

## *Siyam na Praktikal na Mga Mungkahi upang Makatakas sa Pormalismo*

1) Ipangaral at Ituro ang tungkol sa kalayaan, kagalakan, at ang pangunguna ng Espiritu. Ito ay magbibigay ng lakas ng loob sa mga tao na makalabas mula sa humahadlang na mga panuntunan at ritwal.

2) Gumamit ng mga tagapanguna sa pagsamba at mga manunugtog na malakas sa kalayaan at kagalakan ng Panginoon. Iba't ibang mga tao ay may iba't ibang kagustuhan o istilo sa paraan na sila ay nangangasiwa sa isang gawain. Kung ang mga gawain ay tila masyadong pormal, pumili ng isang grupo ng mananamba na makatutulong na ipanumbalik ang totoong balanse sa pamamagitan ng pagiging masaya at malaya. Isama ang tamburin sa mga instrumentong pangmusika—o gumamit ng ilan, kung ang kongregasyon ay malaki at mayroon naman kayong sapat na mga mahuhusay na manunugtog. Ang mga tamburin ay madalas mabanggit sa Bibliya para sa masaya, masiglang papuri na maaari nilang dalhin.

Habang ang bawat tagapanguna sa pagsamba ay maymga sariling personal na istilo tungkol sa kung paano panatilihing dumadaloy ang isang gawain, mayroong isang pangkalahatang sinusundan na maaaring magbigay sa atin ng karunungan sa pagpili kung sino ang mangunguna. Yamang ang mga kalalakihan at kababaihan ay nilikha na may magkaibang pangkalahatang mga balanse ng emosyonal na pag-aayos, kadalasan sila ay gumaganap na halos magkaiba bilang mga tagapanguna sa pagsamba. Ang mga kalalakihan ay may tendensiya na mas maging lohikal,

habang ang mga kababaihan ay may tendensiya na mas maging emosyonal. Bilang resulta, ang karamihan sa mga kalalakihan ay mas nagiging pormalistiko sa kanilang paraan ng pangunguna sa gawain ng pagsamba. Kaya kung sa palagay mo na ang inyong mga gawain ng pananambahan ay nagiging masyadong pormal, may mabuting posibilidad na ang pagpili ng mga kababaihang tagapanguna sa pagsamba ay makatutulong na dalhin ang mga gawain ng pagsamba sa isang mas dakilang kalayaan at kagalakan.

3) Huwag palaging gagayahin ang parehong mga sinusundan o pormula para sa gawain. Natuto tayong lahat ng ilang mga paraan na kayang kumilos ng Panginoon sa isang gawain ng pagsamba, gaya nang masayang pagpupuri, banal na pagsamba, at sa kombiksyon ng kasalanan. Ngunit napakarami pa nang gustong pagdalhan sa atin ng Panginoon. Kailangan nating matutunan na huwag sawatain ang Espiritu, sa halip ay mag-iwan ng silid para sa Kanyang pagkilos. Halimbawa, may mga pagkakataon minsan na ayaw ng Panginoon na maglagay tayo ng limitasyon sa pagpupuri at pagsamba. Nakadalo ako sa mga gawain kung saan ang pala-awitan ay tumagal ng ilang mga oras, at kung saan ang propesiya at mga kaloob ng Espiritu ay malayang dumaloy. Nang matapos nang kumilos ang Panginoon, ang pastor ay pumunta na sa pulpito—hindi upang ipangaral ang inihanda niyang sermon, kundi upang magtapos sa panalangin.

4) Panatilihing mabilis at buhay ang mga papuring awitin. Ang mga manunugtog ay maaari ring tumugtog ng

masasayang awitin bago magsimula ang gawain. Ito ay makatutulong na ihanda ang lahat na simulan ang gawain ng may kagalakan ng Panginoon na bumubukal sa kanilang mga puso.

5) Huwag hayaang hilain at masyadong humaba ang pananambahan kung tila may pumipigil dito. Minsan ay tuloy-tuloy lang tayo sa pag-awit, sinisikap na makakuha ng isang espirituwal na pagtatagumpay—ngunit ang gawain ay mas lalo lamang nakakapanghina! Maging marunong na alamin kung kailan dapat ipasa ang gawain sa susunod na lider, na marahil ay may kakayahang makakuha ng espirituwal na pagtatagumpay sa susunod na bahagi ng gawain sa simbahan.

6) Magturo ng mga bagong awit. Kung ang parehong awit ay palaging kinakanta, maaari silang maging katulad ng espongha na piniga ang lahat ng laman nitong tubig. Tumingin ng mga bagong awit na mayroong bagong mensahe at pagpapahid.

7) Ang mga lider ay hindi dapat maging masyadong pormal. Ngumiti, maging pala-kaibigan at maki-ugnay sa kongregasyon! Nais ng Panginoon na lumapit ang Kanyang mga anak sa Kanyang presensiya at makatagpo Siya. Sa gayon, ating ipinapakita ay iminumungkahi sa mga tao kung ang Diyos ba ay personal na malalapitan, o dapat lamang parangalan sa pamamagitan ng tradisyon o ritwal ng pagsamba. Tayo ay kailangang maging mga ambasador para kay Cristo, at kung ang mga tao ay nakakapag-ugnay

sa atin, ito ay hihikayat sa kanila na maaari rin silang makipag-ugnayan sa Kanya.

8) Himukin ang kongregasyon sa panahon ng pananambahan kung may pagkagapos, pagkakatulog, o isang mabigat na espiritu. Hikayatin silang magpuri sa Panginoon at magkaroon ng pagtatagumpay.

9) Ang tagapanguna sa pagsamba at lahat ng nasa altar ay dapat maging mabuting mga halimbawa upang makatulong na pangunahan ang kongregasyon sa kagalakan ng Panginoon. Kailangan nilang lahat na maging magalak! Kung minsan, ang pagsigaw, pagtalon, pagtaas ng ating mga kamay, pagpalakpak, pagsayaw, o kahit na pagmamartsa ay maaaring makatulong sa pagdadala ng tagumpay.

### *#2 Pagkakamali—Emosyonalismo*

Ang emosyonalismo ay di-balanseng kabaligtaran ng pormalismo. Ito ay sanhi nang kung ang ating kaluluwa o makalamang emosyon ay labis na aktibo, nahihirapan o natutulak palayo mula sa pangunguna ng Espiritu. Alam nating lahat na ang mga pulitiko at mga aktor ay natutong udyukan ang mga tao sa pamamagitan ng mga likas na kakayahan at talento ng kanilang mga kaluluwa. Ngunit kailangan nating lumago sa pagkilala upang makita kung paanong ang Kristiyano ay walang malay na magagawa din ang gayon. 2 Ang makakaluluwang mga aktibidad ay nagdadala ng kabalisahan, at pagkalito sa isang gawain dahil lahat ay hindi sama-samang dumadaloy sa Espiritu sa maayos na paraan. Ang kawalang-balanse na ito ay

madalas matagpuan sa mga Karismatik at Pentekostal na mga iglesya, na karaniwang masigasig sa Diyos ngunit hindi palaging ganap sa pagkilala at karunungan.

Makikilala din natin ang emosyonalismo sa pamamagitan ng paggamit ng ating apat na mga susi. Ang gawaing labis na emosyonal ay magbibigay-diin sa kahalagahan ng kalayaan at kagalakan, ngunit hindi nito papansinin ang kinakailangang balanse ng kapayapaan at pagkakaisa.

### *Siyam na mga Mungkahing Praktikal upang Maiwasan ang Emosyonalismo*

1) Kung ang mga gawain ay labis ang balanse sa emosyonalismo, magturo ng tungkol sa kapayapaan, pagkakaisa, kaayusan at may paggalang na pagsamba.

2) Magsimulang patugtugin ang mga manunugtog ng mga awiting pagsamba siguro mga labinglimang minuto bago magsimula ang gawain. Makakatulong ito sa kanila na magsimulang dumaloy sa pagpapahid, at ihahanda nito ang puso ng mga taong dumarating at naghihintay sa pagsisimula ng gawain. Ang mga mang-aawit ay maaari ring maghanda ng kanilang mga sarili sa pamamagitan ng maaagang pagpunta sa gawain at pananalangin. Kapag ang mga manunugtog at mang-aawit ay nahuli at nagmamadaling dumating sa gawain, madalas ay nagdudulot sila ng nagmamadaling espiritu at hindi nakahandang dumaloy sa Espiritu ng Diyos kapag nais Niyang kumilos sa gawain.

3) Gumamit ng mga manunugtog na mas may mahinahon at malumanay na mga musika. Ang ilang mga manunugtog ay nalinang na ang kanilang mga musikal na kasanayan bago sila naligtas, at natutunan nilang pukawin ang emosyon ng mga tao sa pamamagitan ng paghataw ng kanilang mga instrumento at pagtugtog ng napakalakas. Subalit kung ang mga gawain ay hindi maging balanse dahil sa pagiging labis na emosyonal at makakaluluwa, mahalagang pumili ng mga manunugtog na makatutulong na maibalik ang balanse sa pamamagitan ng pagtugtog ng mas malumanay na musika.

Ang mga intrumentong musikal na ginagamit sa gawain ng pananambahan ay maaaring kailanganin din na muling suriin. Habang may mga instrumento (gaya ng *keyboards* at gitara) na maaaring maging masigla o malumanay depende sa kung paano sila tinutugtog, ang ibang mga instrumento (gaya ng tambol, at de-kuryenteng baho) ay binibigyang-diin ang isang malakas na ritmo na maaaring mas madaling pasiglahin ang isang gawain ng pagsamba na humahantong sa pangunguna ng katawan sa halip ng Espiritu.

4) Huwag hayaan ang mga mikropono at mga de-kuryenteng instrumento na maging mas malakas o maging sanhi nang pagpilipit ng tunog ng espiker. Ang isang taong may kaunting pagkilala ay maaaring mag-isip na ang mas malakas na tunog ay makapagdadala ng isang mas matinding pagpapahid. Ito ay dahil kayang pukawin at kilusin ng malakas na musika ang laman—ngunit dahil lang may nangyayari sa gawain ay hindi naggagarantiya na ito ay pagkilos ng Banal na Espiritu. Mayroong kalayaan ng

Espiritu, ngunit may kalayaan din ng laman na kinakailangang maging sensitibo tayong iwasan.

5) Kung ang gawain ay talagang sobra-sobrang emosyonal o makakaluluwa, mag-ingat sa pagkakaroon ng tagapanguna sa pagsamba na nagsasalita at naghihikayat sa pagitan o habang kumakanta. Maraming pagkakataon na ang mga tao ay nagagambala mula sa kanilang pagbibigay-tuon sa Panginoon dahil sa tagapanguna na palaging nagsasalita at kinukuha ang pansin ng mga tao. Bukod pa rito, kung may ilang mga mang-aawit na may mikropono lahat ay magdaragdag ng kanilang panghihikayat at direksyon sa pananambahan, magiging lubhang nakalilito ito sa kongregasyon. Ang pagkakaroon ng gawaing pagsamba na derekta mula sa awit papunta sa isang awit na walang pagtigil o pagkagambala ay madalas na nakatutulong sa mga mananamba na magtuon ng kanilang pansin sa Panginoon at pumasok ng mas malalim sa presensiya ng Diyos.

6) Ang mga manunugtog ay kailangan ding mag-ingat na hindi nila magambala ang mga tao. Ang mga musikero ng sanlibutan ay madalas gustong tumugtog ng malakas, pabigla, o kumplikadong musika upang ilapit ang pansin ng mga tao sa kanilang mga sarili at kanilang mga talento. Subalit, ang isang Kristiyanong manunugtog ay dapat na nakatalaga sa pagsisikap na ituon ang pansin ng mga tao sa Panginoon.

7) Pangunahan ang iba sa espirituwal na pagkilala at kaganapan. Makakatulong ito sa kanila na maging

pinalaking mga sisidlan kung saan ang Banal na Espiritu ay makakakilos sa dakilang kapangyarihan na hindi naaagaw ng kanilang emosyon o kaluluwa ang direksyon ng gawain palayo mula sa presensiya ng Diyos. Nagsalita ang Panginoong Jesus tungkol sa usaping ito nang sinabi Niya sa Mateo 11:7 na si Juan Bautista ay hindi nagtawag ng pansin sa kanyang sarili mula sa mga tao sa pamamagitan ng pagiging isang tambo na inuuga ng hangin. Si Juan Bautista ay matatag, dalisay na daluyan ng kapangyarihan ng Diyos. Kung minsan ang may mga kulang sa gulang na Kristiyano ay nagiging katulad ng isang nauuga na tambo kapag ang hangin ng Banal na Espiritu ay nagsimulang umihip, o di kaya naman ay nagiging katulad sila ng isang elektrikal pyus na pumuputok kapag ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay mas mataas sa kanilang kakayanan. Ang resulta ay maaring kaguluhan o kalituhan sa gawain.

Maraming taon na ang lumipas, may kilala kaming mag-asawa na isang mahalagang kapatid na babae sa Panginoon na nagsisimulang kumanta sa napakataas na nota tuwing lubos niyang nararamdaman ang presensiya ng Panginoon. Siya ay nagiging isang parang tunog ng takuri na sumisipol kapag nagsisimula nang kumulo ang tubig! Siya ay tunay na kinikilos ng Espiritu ng Diyos, ngunit hindi niya alam kung papaano ipadaloy ang pagpapahid na iyon sa isang mas kapakipakinabang at nasa kasulatang kapahayagan. Ang isang takuri ay kaya lamang ipadaloy ang kapangyarihan ng pasingaw sa paggawa ng isang sipol—kakailanganin mo ng isang pang makinang pinasisingawan upang magamit ang kapangyarihan ng pasingawan sa mas kapakipakinabang na mga paraan. Nang nanalangin kami ng asawa ko tungkol dito, ipinakita sa amin ng Panginoon

na ang kapatid na ito ay may kaloob ng pagpopropesiya kahit na kailanman ay hindi niya natutunang gamitin ng tama ang pagpapahid na iyon. Pagkatapos naming siyang pinayuhan, sinimulan niyang ipadaloy ang pagpapahid sa isang paraan na nakaambag sa mga gawain sa halip na magdulot ng kaguluhan.

8) Kapag paulit-ulit na naiistorbo ng isang tao ang kapayapaan at pagkakaisa ng mga gawain ng pananambahan, payuhan sila sa isang pribadong pag-uusap. Ang ilang mga tao ay walang alam tungkol sa kung papaano sumabay sa pagdaloy sa panahon nang pananambahan, at sa kanilang kasigasigan na walang kaalaman ay maaari nilang magambala ang gawain habang buong tapat nilang sinisikap na makatagpo ang Diyos.

Sa ibang mga pagkakataon ang isang taong palalo ay maaaring gumawa ng isang bagay na kukuha ng pansin sa kanyang sarili. Maaari pa nga niyang subukan sa pamamagitan ng kanyang mga kakaibang kilos na maipakita sa mga tao kung gaano siya ka "espirituwal"! Kapag ang isang tao ay patuloy na nakakaabala sa mga gawain at hindi natututo mula sa mga pangkalahatang katuruan o mga payo ng pastor at mga lider, siya kung gayon ay kailangan nang payuhan. Una ay gawin ito ng pribado, yamang ipinakita na ni Jesus ang mga hakbangin kung papaano makitungo sa isang problema sa Mateo 18:15-17. Ngunit kapag ayaw niyang magpasakop sa payo ng pamunuan ng iglesya, ay may posibilidad na ang mga karagdagang hakbang ay kakailanganin nang gawin.

9) Kung ang kalituhan o anumang bagay na mali ay nakakagambala sa iyong espiritu, maaaring may masamang espiritu na kailangang makilala at magapos sa gawain. Gaya ng sinasabi sa 1 Corinto 14:33, *"ang Diyos ay hindi Diyos ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan"* Subalit ang kabaligtarang katotohanan dito ay na ang masasamang espiritu ay madalas sinusubukang magdala ng kaguluhan upang gapiin ang mga anak ng Diyos. Kung minsan ang isang gawain ay tila hindi dumadaloy ng tama. Marahil ang mga musikero ay tumutugtog ng maling nota, o ang mga mang-aawit ay hindi nagkakaisa. Marahil ang mga instrumentong elektrikal ay hindi gumagana ng maayos, o ang mga tao sa kongregasyon ay hindi dumadaloy sa koponan ng mga mananamba. Maraming beses na ang mga bagay na ito ay nangyayari dahil sa natural na mga dahilan gaya ng kakulangan ng musikal na pagsasanay. Gayunpaman, sa ibang mga pagkakataon ay maaaring may masamang espiritu na mag-iimpluwensiya sa mga natural na sitwasyong ito upang subukang magdulot ng kaguluhan at pagkatalo sa gawain ng pagsamba.

Kung minsan pa nga ang kaaway ay sumusubok na gumanti ng pag-atake at abalahin ang isang gawain sa pamamagitan ng pagkilos sa isang tao upang gumawa ng isang gulo o maghayag ng isang maling kaloob. Sa Gawa 16:16-18 mababasa natin na isang babae na may isang espiritu ng panghuhula ang palaging sumusunod sa grupo ni Pablo na mga nangangaral, habang siya ay sumisigaw, *"Ang mga taong ito ay mga alipin ng Kataas-taasang Diyos, na nagpapahayag sa inyo ng daan ng kaligtasan."* Maraming mga iglesya ang nais na magkaroon ng miyembro sa kanilang simbahan na paulit-ulit na

magpropesiya na ang mga lider ay mga dakilang tagapaglingkod ng Diyos na dapat ay sundin ng mga tao! Gayunpaman ay nalaman ni Apostol Pablo na ang pinagmumulan ng mga propesiyang iyon ay masamang espiritu, at pinalayas niya ang espiritu palabas sa babae sa pangalan ni Jesu-Cristo. Kailangan din natin ng pagkilala upang mapahintulutan natin ang mga totoong kaloob ng Banal na Espiritu na makakilos, ngunit huwag pahintulutan ang kaaway na makapasok at mailigaw ang mga gawain.

Bagaman ang babaeng ito sa Gawa 16 ay maliwanag na hindi Kristiyano, ipinapakita sa atin ng Kasulatan na kahit ang isang makadiyos na mananampalataya ay maaaring walang malay na madala sa isang maling direksyon dahil sa panlilinlang ng kaaway. Makikita natin ang halimbawa nito sa ministeryo ni Apostol Pedro. Di-nagtagal pagkatapos na siya ay kinasihan ng Diyos upang ipahayag na si Jesus ay ang Cristo, mababasa natin sa Mateo 16:22 na sinabi ni Pedro kay Jesus na hindi Siya dapat pumunta sa krus. Ngunit napagkilala ni Jesus na walang kamalayan si Pedro na ginagamit na pala siya ng Diyablo, at sumagot, *"Layuan mo ako, Satanas!"* kung ito ay maaaring mangyari sa lider ng mga apostol ni Cristo, sino sa atin ang makakapagsabi na tayo ay masyadong "espirituwal" para mailigaw tayo ng kaaway? Kaya nga kailangan nating lumago at maangkin ang espirituwal na pagkilala upang sa gayon ay maayos nating mapangunahan ang mga gawain palayo mula sa mga pag-atake ng kaaway at patungo sa kamangha-manghang presensiya ng Diyos.

## ***Pagsamba "Sa Espiritu"***

Ang kalayaan, kagalakan, kapayapaan at pagkakaisa ay lahat mahahalagang sangkap sa ating espirituwal na pagsamba. Kung wala tayo nang lahat ng mga sangkap na ito na magkakasamang gumagawa sa pagkakaisa, tayo kung gayon ay patungo sa maling direksyon—alinman tungo sa pormalismo at walang buhay na gawain o patungo sa emosyonalismo kung saan ang gawain ay nauuwi sa pagkalito at pananabik lamang. Ito'y sa ating pagkatuto sa mga susi ng pagpupuri at pagsamba na *nasa espiritu* na tayo ay magiging tunay na mga mananamba na hinahanap ng Ama. Tayo ay maaaring maging isang tao na pinalulugdan ang puso ng ating Diyos habang tayo ay pumapasok sa mas dakilang mga karanasan sa Kanyang maluwalhating presensiya!

## Kabanata 5

# PAANO SUMAMBA "SA KATOTOHANAN"

Sa Juan 4:24 ipinahayag ng Panginoong Jesus, *"Ang Diyos ay Espiritu. Sila na sumasamba sa kaniya ay dapat sumamba sa espiritu at sa katotohanan."* Sa huling kabanata sinimulan nating pag-aralan kung ano ang ibig sabihin ni Jesus nang sinabi Niyang ang totoong mananamba ay sasamba sa Ama *sa espiritu*. Magpapatuloy na tayo ngayon na suriin ang ikalawang bahagi ng Kanyang katuruan, kung saan ay sinabi ni Cristo na dapat din tayong sumamba *sa katotohanan*. Mayroong dalawang pangunahing bahagi na pag-aaralan natin na kailangang maging *nasa katotohanan*. Ito ay ang mga *mananamba*, gayundin ang *pagsamba*.

### *Ang Totoong Sumasamba*

Upang maging isang totoong mananamba, kinakailangan mo munang maging isang ligtas na mananampalataya. Dahilan kung bakit sinabi ng Panginoong Jesus sa babae sa balon na hindi alam ng mga Samaritano kung paano magkaroon ng totoong pagsamba. Sa panahon ng Lumang Tipan, ang kaligtasan ay ibinigay sa mga Judio. Ang ibang mga relihiyon ay mayroong mga tagasunod na sumubok ng maraming uri ng pagsamba,

ngunit upang maging tunay na mga mananamba kailangan natin unang tanggapin si Cristo na *Siyang* Katotohanan.[1] Ito ang unang hakbang sa pagpunta sa Ama upang sambahin Siya.

Bukod dito, para sa isang tao na maging isang totoong mananamba, siya ay marapat din na lumalakad sa katotohanan.[2] Ang nakaraang karanasan ng kaligtasan ay hindi sapat maliban kung tayo ay kasalukuyang naglalayon na mamuhay sa liwanag ng Kanyang katotohanan.[3] Ito ang nagmamarapat sa atin upang maging katanggap-tanggap na lumapit sa presensiya ng Panginoon at ihandog sa Kanya ang totoong pagsamba.

Ipinahayag ni David ang sentrong usapin ng pagsamba nang sinulat niya ang Awit 40:6-8,

> *"Hain at handog ay hindi mo ibig, ngunit binigyan mo ako ng bukas na pandinig. Handog na sinusunog at handog pangkasalanan ay hindi mo kinailangan. Nang magkagayo'y sinabi ko: "Narito, ako'y dumarating; sa balumbon ng aklat ay nakasulat ang tungkol sa akin; kinaluluguran kong sundin ang iyong kalooban, O Diyos ko; ang iyong kautusan ay nasa loob ng aking puso."*

Ang pinakamataas na pagsamba na ating maihahandog ay isang puso at buhay na sumusunod—na maging kinalulugdang sundin—ang kalooban ng Diyos. kung wala ito, ang lahat ng ating mga musika at pag-aawitan ay magiging basyong ingay lamang sa Panginoon.[4] Ngunit sa

pamamagitan nito, tayo ay magiging tunay na mananamba na makapaghahandog ng bawat pagkilos natin sa ating buong buhay bilang pagsamba sa ating Diyos.

## *Totoong Pagsamba*

Bagaman ang ating buhay ay dapat magmarapat sa atin upang maging isang tunay na mananamba, ang ating Panginoon ay sinabi rin na ang ating pagsamba mismo ay dapat na *nasa katotohanan*. Sa Juan 17:17 ay sinabi ni Jesus, *"ang salita Mo ay katotohan"*. Gaya ng nabanggit natin sa naunang kabanata, ibig sabihin nito na ang ating pagsamba ay dapat din na maging ayon sa katotohanan ng Salita ng Diyos.

Ang Bibliya ay nagbibigay sa atin ng maraming mga susi kung papaano magkaroon ng balanseng pagsamba na maihahayag ng tama sa pamamagitan ng ating mga pag-awit at musika. Sa sumusunod na mga seksyon ng kabanatang ito ay sisikapin nating makapagbigay ng ilang mga susi sa kasulatan na makatutulong na gabayan tayo sa pagsamba *sa katotohanan*.

## *#1 Susi- Siyam na Paraan ng Pagpupuri at Pagsamba*

Gaya nang nakita na natin, si David ay isang lalaki na ayon sa sariling puso ng Diyos na nagpanumbalik ng paggamit ng musika at pag-aawitan para sa pagsamba sa Panginoon. Sa kabuuan, ay may siyam na mga paraan na natutunan ni David at ng mga Israelita upang ipahayag ang kanilang mga sarili sa kanilang pagpupuri at pagsamba.

Ang mga paraang ito sa kasulatan ay itinuturo sa atin kung paano na tayo din ay maaaring sumamba *sa katotohan*.

| Sa TINIG: | Sa mga KAMAY: | Sa KATAWAN: |
|---|---|---|
| **1. PAGPAPASALAMAT**<br>Aw.100:4, 69:30, 1 Cron.16:4 | **4. PAGTUGTOG NG MUSIKA**<br>Aw. 150:3-5, 149:3, 1 Cron.16:4-6 | **7. PAGSAYAW AT PAGLUKSO**<br>2 Sam.6:14, 16, Awit 149:3 |
| **2. PAG-AAWITAN**<br>Aw.147:1, Col.3:16 | **5. PAGTAAS NG MGA KAMAY**<br>Aw.134:2, 63:4 | **8. PAGYUKO AT PAGLUHOD**<br>Aw.95:6, Gen.24:52 |
| **3. PAGSIGAW**<br>Aw.32:11, 47:1 & 5 | **6. PAGPALAKPAK**<br>Aw.47:1, 98:8 | **9. PAGTAYO**<br>Aw.134:1, 135:1-2 |

## *Mga Aksyon ng Boses*

Ang unang hanay ay nagpapakita sa atin ng tatlong paraan na magagamit natin ang ating mga boses. Ang pagpapasalamat ay kapag nagsasalita tayo ng pasasalamat, kumpara sa pag-awit kung saan ay dapat din nating gamitin ang kakayahang musikal upang makasali sa pagkanta. Ang pagsigaw ay isa pang paraan na magagamit natin ang ating boses sa pamamagitan ng pagtaas dito ng buong lakas.

Sinabi ng Bibliya na dapat tayong *sumigaw* sa Diyos na may tinig ng kagalakan sa Awit 47:1. Ito ay makakatulong na pag-aralan ang buong kahulugan at kagamitan ng salitang ito. Sa salitang Hebreo ito ay *ruwa*, na ang ibig sabihin ay *hatiin ang tainga*, *sumigaw*, *hipan ang alarma*, *gumawa ng masayang ingay*, *pagtatagumpay*. Ito rin ang salitang-ugat ng ginamit sa *teruwah*, na ang ibig sabihin ay *hiyawan* o *panlabang sigaw*. Ang mga salitang ito ay madalas na ginagamit sa Kasulatan upang ilarawan ang

sigaw ng isang panlabang sigaw. Ito ang sigaw ng pagtatagumpay na ipinahayag ni Josue at ng mga Israelita bago bumagsak ang pader.

Ang paghahayag ng isang matagumpay na pagsigaw bilang bahagi ng ating pagpupuri ay isang kapahayagan ng pananampalataya. Sa Awit 47:5 sinabi sa atin na *"Ang Diyos ay pumailanglang na may sigaw [teruwah]"* ang Panginoon ay bumangon bilang pagtugon sa matagumpay na kapahayagang ito ng pananampalataya. Ang halimbawang ito naipakita nang ang makadiyos na si Haring Abias ay nasumpungan ang sarili na nakikipaglaban sa isang hukbo na doble ang laki sa kanyang sarili. Bago pa man magsimula ang labanan ay mababasa natin,

> *"Pagkatapos ay sumigaw ng pakikipaglaban ang mga lalaki ng Juda; at nang sumigaw[ruwa], ang mga anak ng Juda, ginapi ng Diyos si Jeroboam at ang buong Israel sa harapan ni Abias at ng Juda."*
> *—2 Cronica 13:15*

Ang sigaw na ito ng pagtatagumpay ay gumagawa rin sa ating espirituwal na pakikipaglaban kapag tayo ay nasa isang gawain ng pagsamba. Isang halimbawa nito ay nakita nang sinulat ni David,

> *"At ngayo'y itataas ang aking ulo sa aking mga kaaway sa palibot ko; at ako'y maghahandog sa kanyang tolda ng mga alay na may sigaw ng pagsasaya… [teruwah]"*
> *—Awit 27:6*

Kapag pinag-aralan mo ang awit na ito makikita mo kung paano natutuhan ni David ang magkamit ng tagumpay laban sa kanyang mga kaaway sa pamamagitan ng pananampalataya *bago* siya tumungo sa labanan! Sa pamamagitan ng pagsigaw ng tagumpay habang hinahanap niya ang Panginoon sa tabernakulo, alam niyang ang kanyang mga kaaway ay unti-unting natatalo.

Kung minsan sa isang gawain ng pagsamba ang pagpupuri ay maaaring tila kulang sa kagalakan at pananampalataya. Gayunpaman, kapag ang isang tao na may gawain ng pagtatagumpay sa kanyang puso ay sumigaw ng isang "aleluya!" o isang "purihin ang Diyos!" ito ay maglalabas ng isang sariwang pagpapahid na maaaring makagising espirituwal sa natutulog na mga banal sa kongregasyon. Hindi nangangahulugan ito na gusto nating palaging sumigaw, dahil iyan ay maaaring makagambala din ng gawain at makatawag ng pansin sa taong gumagawa ng lahat ng ingay. Ngunit ang isang masayang matagumpay na pagsigaw na ibinigay sa isang naaangkop na sandali ay makatutulong na maitaas ang pagpupuri sa mas mataas pa na antas. Paminsan-minsan, maaaring maramdaman ng isang tagapanguna sa pagsamba na dalhin ang buong kongregasyon sa sama-samang paghahayag ng isang sigaw ng tagumpay.

Nakita ko ang espirituwal na kapangyarihan nitong sigaw ng tagumpay sa maraming iba't ibang pagtitipon ng pananalangin at panahon ng pagsamba. Ang isa ay noong ang aming Paaralang Bibliya ay hindi naging matagumpay na makipagkasundo sa loob ng isang taon upang umupa sa isang malaking propyedad. Ang may-ari ay humihingi ng halos doble sa halaga ng upa na makakaya naming ibigay.

Gayunpaman, patuloy kaming nakikipag-usap sapagkat malinaw na ipinakita sa amin ng Panginoon na ito ang lugar para sa amin. Nang ayaw ibaba ng may-ari sa kung ano lang ang kaya naming ibigay, ay naramdaman namin na dapat kaming maging agresibo sa pakikibakang espirituwal. Sa aming sumunod na gawaing pagsamba sa Paaralang Bibliya isinigaw namin nang paulit-ulit ang sigaw ng tagumpay upang makuha ang propyedad na iyon. At gaya ng sinabi ni Cristo sa Mateo 11:12, na ang kaharian ay sapilitang sinasakop ng mararahas, sa pamamagitan ng aming "marahas" na pagsisigaw ng tagumpay nakita namin ang isang malaking pagbabago. Nang sumunod na araw ay tinawagan kami ng tagapangasiwa ng pag-aari upang sabihin na nagpasya siyang ibigay sa kanyang abogado ang pakikipagkasundo para sa propyedad. At sa aking pagkagulat, nang nakipag-usap ako sa kanyang abogado ay ibinigay niya sa amin ang propyedad na higit na mas mababa ang halaga kaysa sa nauna naming inialok!

## *Mga Kilos ng Kamay*

Ang ikalawang hanay sa ating talahanayan ay nagpapakita sa atin ng tatlong aksyon. Ang ating mga kamay ay ginagawa ang karamihan ng aksyon kapag ang isang musikal na instrumento ay tinutugtog. Sa katunayan, ang ibig sabihin sa salitang Hebreo para sa pagtugtog ng musika ay *"kalabitin ang kwerdas."* Upang *"makapagtugtog na may kahusayan"* gaya ng paghihikayat sa atin sa Awit 33:3, kailangan ay linangin natin ang kasanayang gamit ng ating mga kamay.

Ang isa pang paraan na magagamit natin ang ating mga kamay sa pagpupuri at pagsamba ay itaas ang mga ito. Mayroong ilang kadahilan kung bakit ang mga tao ay sinasabihan na itaas ang kanilang mga kamay sa panahon na may mga natural na aktibidad. Halimbawa, ang pagtaas ng mga kamay ay kinikilala sa buong mundo bilang tanda ng pagsuko. Sa katulad na paraan, kapag tayo ay sumasamba nais nating isuko ang ating mga sarili sa Panginoon, at ang naaangkop na pagkilos upang ipahayag ito ay upang itaas ang ating mga kamay.

Maaari din nating isaalang-alang kung papaano sinusuri ang mga tao bago pumasok sa eroplano o isang bilangguan. Madalas ay hinihingi ng guwardiya na itaas nila ang kanilang mga kamay habang tinitingnan niya kung may sinubukan silang itinago na mga bagay na ipinagbabawal. Sa kaparehong paraan, tayo ay sinabihan sa 1 Timoteo2:8 "*na itinataas ang kanilang mga banal na kamay na walang galit at pag-aalinlangan."* Sa pamamagitan ng ating aksyon ay maaari nating anyayahan ang Panginoon na siyasatin tayo! ipinahayag ni David ang saloobing ito nang kanyang sinabi, "*Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso…at tingnan mo kung may anumang kasamaan sa akin…"* sa Awit 139:23-24.

Isa pang layunin sa pagtaas ng iyong mga kamay ay kapag nais ng isang tao na gumawa ng isang importanteng talumpati o deklarasyon ng panunumpa. Ang tagapagsalita ay maaaring itaas ang kanyang kamay (mga) upang senyasan ang mga tao na manatiling tahimik o kunin ang kanilang pansin.[5] Ang tagapagsalita ay maaari ding itaas ang kanyang kamay upang magpatotoo sa katotohanan ng kanyang panunumpa.[6] Maaari rin tayong taimtim na

makapagpatotoo sa kung ano ang ating inaawit sa pamamagitan ng pagtaas ng ating mga kamay.

Gaya ng sa pagtugtog ng musika at pagtaas ng ating mga kamay, ang ikatlong paraan na magagamit natin ang ating mga kamay ay ipalakpak sila. Kapag pumalakpak tayo kasama ng ritmo ng awit ginagamit natin ang ating mga kamay bilang isang musikal na instrumento. Ang isa pang gamit ay para sa kongregasyon upang ipalakpak ang kanilang mga kamay bilang isang pagpapahayag ng pagpupuri sa Panginoon, tulad lamang ng tagapakinig na pinapalakpakan ang isang tao na kanilang hinahangaan.[7]

## *Mga Aksyon ng Katawan*

Ang Ikatlong hanay ay nagpapakita ng tatlong aksyon na magagawa natin sa ating katawan. Ang una ay ang pagsasayaw at paglukso. Madali nating maunawaan na ang mga ito ay kilos na nagpapakita ng matinding kagalakan. Kapag ang pananabik sa ating mga puso ay hindi makapanatili, maaari itong sumabog sa pamamagitan ng mga ikikilos ng katawan na pagsasayaw at paglukso.

Naaalala ko pa rin kung ano ang palaging ginagawa ng aking mga anak nung maliliit pa sila kapag umuuwi ako sa bahay galing sa isang araw o minsan ilang mga araw ng pagmiministeryo. Kapag binubuksan ko ang tarangkahan ng aming bahay, tatawag ako upang batiin ang aking pamilya. Sa sandaling marinig ng aking mga anak ang aking tinig, tatakbo sila palabas sa bahay na nagsasabing “Nandito na si Daddy!” habang sila ay sumasayaw at lumulundag. Ang makita ang kanilang kagalakan sa aking pagdating ay laging pumupuno sa aking puso ng kagalakan, at hindi ako makapaghintay na kunin sila sa aking mga

bisig at yakapin upang ipahayag ang aking pagmamahal sa kanila. Gayundin, tayo ay dapat magkaroon ng isang puso na umaasang naghihintay para sa ating Ama sa langit na dumating at katagpuin tayo. Kapag naramdaman natin ang mga panahon ng Kanyang pagdalaw, hindi ba dapat tayo ay nasasabik na gaya ng isang maliit na bata na nagsasayaw at tumatalon?

Ang mga salita ng Bibliya para sa pagsasayaw at paglukso ay makapagbibigay din sa atin ng karagdagang pagtuturo. Sa Awit 149:3 ang salitang ginamit sa sayaw ay *machowl*. Nangangahulugan ito *na sumayaw ng paikot o pag-ikot sa isang bilog*. Pagkatapos sa 1 Cronica 15:29 ang salita para sa pagsasaya ay *raqad*. Ang ibig sabihin ng salitang ito ay *tumalon*, *sumayaw*, *lumundag*, *lumukso-lukso*.

Ang mga salitang ito sa Bibliya ay nagpapakita sa atin ng maraming paraan upang masayang maipahayag ang ating sarili sa pagsasayaw at paglukso. Gayunpaman, maging marunong din na pansinin kung anong mga paraan ng pagsasayaw ang hindi binanggit o hinihikayat ng Bibliya. Walang pagkimbot ng balakang, o mahalay na galaw ng katawan gaya ng binibigyang-diin ng mga modernong sayaw. Ang mga ganitong uri ng pagsasayaw ay maaaring tumawag ng pansin sa katawan ng sumasayaw at magpukaw ng pagnanasa.

Ang isang pagtitipon ng mga pastor na dinaluhan ko ilang taon na ang nakalilipas ay isinalarawan ito. May halos 300 na mga pastor ang dumalo sa pagtitipon na ito, ang halos 95% sa kanila ay kalalakihan. Ang dalawang tagapanguna sa pagsamba para sa pagtitipon ay kapwa kahali-halinang kababaihan. Maayos silang nakapangunguna sa gawain ng pagpupuri, hanggang sa

nagsimula na silang kumanta ng awit na *“God’s Not Dead, He is Alive!”* Nang sinimulan nila ang awit na ito, nagsimula silang kumanta na “nararamdaman Siya sa kanilang ulo”, habang itinuturo nila ang kanilang mga ulo. Pagkatapos ay sinabi nilang “nararamdam Siya sa kanilang mga balikat” at sinimulan nilang inikot ang kanilang mga balikat—at nagsimula silang kumanta na “nararamdam Siya sa kanilang mga balakang” habang pareho nilang itinuturo ang kanilang mga balakang at ikinikimbot ito ng pabalik-balik! Ang hindi magandang pagsalarawan na kanilang ipinakita ay gayon na lamang na ang karamihan sa mga pastor ay kinailangang ipinikit ang mga mata o ibaling sa ibang lugar kung nais nilang manatiling espirituwal sa pag-iisip.

Ang mga lider ng simbahan ay dapat maging maingat na kilalanin kung ang isang tao ay walang malay na sumasayaw ng karnal na pamamaraan ng sanlibutan, at kung gayon nga, ay hikayatin sila sa higit na kadaliyasan. Ngunit higit pa rito, ang mga tagapanguna sa simbahan ay dapat ding maging maingat na kilalanin kung ang isang tao ay may mga maling motibo ng pagsasayaw sa simbahan, lalo na kapag ito ay nasa harapan kung saan ang mga mananayaw ay mas nakikita. Halimbawa, naaalala ko pa ang isang malaking iglesya kung saan marami sa mga kabataang babae ay pumupunta sa harapan at tuloy-tuloy na sumasayaw sa buong gawain ng pananambahan. Ang impresyon na aking natanggap nang ako ay dumalaw at nakita ito ay na ang ilan sa kanila ay hindi buong puso na sumasamba sa Diyos—sumasayaw sila sa harapan upang makipagkumpetensiya sa isa’t isa sa pag-agaw ng pansin

ng mga kabataang lalaki, habang tahimik ngunit hayagang sinasabi nila na "pakasalan mo ako!"

Ang isa pang anyo ng pagpapahayag ng ating pagsamba ay sa pagyuko at pagluhod. Ang pangunahing mga salita na ginamit sa Bibliya para sa *pagsamba* ay parehong nangangahulugan na *magpatirapa* o *yumukod bilang paggalang.* Ito ay anyo ng panlabas na pagpapakumbaba ng ating sarili, at maaaring maging isang kapahayagan ng ating panloob na pagsamba sa Diyos.

Kung minsan ang isang kongregasyon ay aawit ng tungkol sa pagyuko o pagluhod sa presensiya ng Diyos. ngunit maraming beses na hindi ito ginagawa ng mga tao! Kapag inaawit natin ang tungkol sa mga kapahayagan ng pagpupuri at pagsamba sa bibliya, makabubuti na hikayatin ang mga tao na maging *"mga tagatupad ng Salita"* at hindi mga tagapakinig lamang, gaya ng sinasabi sa Santiago 1:22. Ang tagapanguna sa palaawitan at lahat ng mga lider na nasa harapan ay dapat din na sundin ang mga tagubiling ito. Sa gayon ay magiging mabuting mga halimbawa sila na makatutulong sa iba pang mga tao na makapasok sa kabuuan ng mga kapahayagan ng kanilang sariling mga pagpupuri at pagsamba.

Ang ikatlong paraan na maipahayag natin ang ating pagpupuri at pagsamba sa pamamagitan ng mga kilos ng katawan ay sa pagtayo. Ito ay isang kilos na kung saan ay maipapakita natin ang ating pagrespeto sa isang tao. Ang mga sundalo ay dapat tumayo na may atensyon kapag nasa harapan ng isang may mas mataas na ranggong opisyal, at sa nakasanayan madalas ay hinihingi sa mga tao na buong paggalang na tumayo kapag ang isang hari ay dumaraan.

Gaano pa kayang higit na karapat-dapat ang ating dakilang Diyos at Hari na igalang at parangalan!

Pagkaraang matapos ni George Friderich Handel ang pagkatha sa *Hallelujah Chorus* para sa kanyang musikal na obra, ang *Messiah*, sinabi niya sa kanyang tagapaglingkod na habang sinusulat ito ay nakakita siya ng isang pangitain ng Makapangyarihang Diyos na napapalibutan ng mga hukbo ng kalangitan. Ang musika na kanyang isinulat ay tila tunay na inilarawan ang pangitain na kanyang nakita.

Nang ang *Messiah* ni Handel ay unang itinanghal sa London, ang hari ng Inglatera ay tumayo sa kanyang mga paa nang magsimula ang *Hallelujah Chorus*. Ito ay paggalang para sa Isang Pinadakila kung saan ang Kanyang presensiya ay nahayag habang ang grupo ng koro ay umaawit, *"Hallelujah! For the Lord God Omnipotent reigneth! King of kings, and Lord of lords!"*

Nang tumayo na ang hari ng Inglatera, ang lahat ng iba pa sa manunuod ay nagsitayo na rin sa kabuuan ng koro. Ang pagtatanghal ay naging matagumpay, at ang *Messiah* ni Handel ay naging isang pinakasikat at madalas na itinatanghal ng oratoryo sa buong kasaysayan ng mundo. Kahit na ngayon. pagkalipas ng ilang siglo, ang mga tagapakinig sa buong mundo ay tinataglay ang tradisyon ng pagtayo habang ang *Hallelujah Chorus* ay itinatanghal. Gayunpaman, ang tradisyon na ito ay unang nagsimula, hindi bilang paggalang sa hari ng Inglatera o sa talento ni George Handel, kundi sa paggalang sa Hari ng mga hari na Siyang ipinapahayag ng awit!

Habang ang pagtayo ay makapagbibigay parangal sa Panginoon, magiging mahirap din para sa kongregasyon na tumayo sa buong kahabaan ng pagsamba. Ang tagapanguna

sa palaawitan ay dapat maging sensitibo na huwag hayaang nakatayo ang mga tao sa mahabang oras ng pagsamba. Madalas ay nararapat din na anyayahan ang kongregasyon na pansumandaling umupo sa kalagitnaan ng isang mahabang pananambahan, at muli na lamang tumayo kapag muling sumidhi ang pananambahan. Kailangan nating sikapin na makapag-organisa ng mga gawain ng pananambahan na ang ang lahat ng miyembro ay maaaring ganap na makibahagi.

### *Makibahagi—O Maging Baog!*

Kapag isinaalang-alang natin ang dakilang pambansang pagtitipon na inorganisa ni Haring David sa 1 Cronica 15:28-29, makikita natin ang kahalagahan na matuto kung paano makibahagi sa pagpupuri at pagsamba. Sa kwentong ito ang buong Israel ay nakilahok maliban sa asawa ni David na si Mical. Ating mababasa,

> *Sa gayon iniahon ng buong Israel ang kaban ng tipan ng PANGINOONna may mga sigawan, may mga tunog ng tambuli, mga trumpeta at may mga pompiyang, at tumugtog nang malakas sa mga alpa at mga lira.*
>
> *Nangyari nga, samantalang ang kaban ng tipan ng PANGINOON ay dumarating sa lunsod ni David, si Mical na anak ni Saul ay tumanaw sa bintana, at nakita niya si Haring David na sumasayaw at nagsasaya; at kanyang hinamak siya sa kanyang puso.*

Si Mical ay nanatili sa bahay sa palasyo sa halip na sumali sa pagdiriwang. Pinagmasdan niya ang pagpupuri at pagsamba habang siya ay nakatanaw sa isang bintana, ngunit siya isang *tagapanood* lamang, hindi isang *kalahok*. Hinamak ni Mical ang walang kapita-pitagang musika at pagsasayaw ng kanyang asawa, at sa paggawa nito ay pinupuna at tinatanggihan niya rin ang pagpupuri at pagsamba sa Diyos.

Sa talatang ito ay nabasa natin na inilarawan si Mical bilang anak na babae ni Saul, bagaman siya ay asawa rin ni David. Ang mga ito ang dalawang pangunahing panlipunang posisyon niya sa buhay: isa mula sa kanyang kapanganakan at ang isa mula sa kanyang pag-asawa. Ngunit ang dalawang mga posisyon na ito sa kanyang buhay ay nagpapahiwatig din ng dalawang kalikasan na mayroon ang bawat kristiyano. Tayong lahat ay may isang *lumang kalikasan* na ipinanganak sa atin, na nanggaling kay Adan. Ito ay katulad ng unang kalikasan na ipinanganak si Mical bilang anak na babae ni Haring Saul. Subalit, kapag tayo ay ipinanganak na muli at naging bahagi ng kasintahang babae ni Cristo ay tatanggapin natin ang *bagong kalikasan* ni Cristo. Ito ay katulad ng bagong karakter at posisyon na tinanggap ni Mical nang siya ay naging asawa ni David.

Nakalulungkot man, maliwanag na hindi pinahintulutan ni Mical ang kanyang puso at karakter na manatili sa pakikiisa kay David. Kung ginawa niya, malamang ay nasa labas din siya sa pagdiriwang sumasayaw sa harap ng Panginoon kasama ng kanyang asawa at mga iba pa!  sa talatang ito siya ay inilarawan bilang *"anak na babae ni Saul,"* at siya rin ay kumikilos ayon sa *karakter* ni Saul. Dahil kung paanong hinamak ni Haring Saul si David, ang

kanyang kritikal na anak katapustapusan ay ganun din ang ginawa.

Ang kwentong ito ay may kaugnayan sa atin dahil ang bawat isa ay nahaharap sa parehong pakikipagbaka sa ating mga buhay. Sa Roma kapitulo anim hanggang walo mapag-aaralan natin ang tungkol sa paglalaban sa pagitan ng lumang kalikasan ni Adan at ang bagong kalikasan ni Cristo na nasa ating mga buhay. Kailangang manatili tayong patay sa lumang kalikasan ni Adan at makipag-isa kay Cristo, kagaya ng dapat ay itinakwil ni Mical ang lumang kalikasan ng kanyang tumalikod na ama upang makipag-isa kay David. Kung tayo ay nanatili sa isang karnal na kalikasan ni Adan pagkatapos na tayo ay naging Kristiyano, ang ating mga puso ay magiging matigas at kritikal sa mga bagay ng Diyos. Magsisimula tayong punahin ang masasayang gawain ng pananambahan, at maaaring magtapos na lamang sa panonood sa nangyayaring rebaybal sa halip na makilahok dito!

Sinasabi sa atin sa Ikalawang Samuel 6:20-23 ang katapusan ng kwentong ito ni Mical. Nang bumalik si David sa bahay ay sinaway niya ito. Dahil sa kanyang ginawa sinasabi ng kasulatan na, "*si Mical na anak ni Saul ay hindi nagkaanak hanggang sa araw ng kanyang kamatayan"* Si Mical ay hinatulan dahil sa kanyang kasalanan at naging baog. Kung sa parehong paraan ay tumanggi tayong pumasok sa pagpupuri at pagsamba maaaring sa huli ay kukutyain din natin ito at maging bago sa espirituwal. Ang ating mga buhay at ministeryo ay hindi magiging mabunga. Ang isang tao o ang buong iglesya ay maaaring maging baog kung tatanggihan nila ang pagpupuri at pagsamba, tulad ni Mical.

Ang kalagayang ito ng pagkabaog ay makikita sa maraming mga iglesya ngayon. Hindi sila lumalago alinman sa espirituwal o sa bilang. Ngunit mayroong reseta na makagagamot sa pagkabaog na ito! Ito ay ibinigay sa atin sa Isaias 54:1-3, kung saan ay mababasa natin,

> *"Umawit ka, O baog, ikaw na hindi nanganak; ikaw ay biglang umawit, at sumigaw nang malakas, ikaw na hindi nakaranas ng hirap sa panganganak! Sapagkat ang mga anak ng babaing iniwan ay magiging higit na marami kaysa mga anak ng may asawa, sabi ng PANGINOON.*
>
> *Palawakin mo ang lugar ng iyong tolda, at iladlad mo ang mga tabing ng iyong mga tahanan; huwag kang umurong, habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos. Sapagkat ikaw ay kakalat nang malayo sa kanan at sa kaliwa; at aangkinin ng iyong lahi ang mga bansa, at patitirahan ang mga bayang giba."*

Dito ay makikita natin ang reseta ng Diyos upang gamutin ang pagkabaog: ito ay ang umawit at sumigaw ng malakas! Ang parehong problema na naging dahilan upang mabaog si Mical ay maaaring baligtarin upang maging lunas. Dahilan dito, kailangang maging maingat tayo na hindi mahamak ang bagong (ngunit nasa kasulatan) mga kapahayagan ng magpupuri at pagsamba. Sa halip tayo ay makiisa!

Ang isang iglesya na nagkakaroon ng mga bagong karanasan sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang pagpupuri ay kailangang maghanda para sa mga resulta. Gaya ng ipinakita ng Isaias 54:1-3 sa atin, maaaring lakip nito ang tatlong pagtatagumpay. Ang una ay isang kasaganahan ng mga bagong tanggap— *"Sapagkat ang mga anak ng babaing iniwan ay magiging higit na marami."* Ang ikalawa ay ang pangangailangan para sa isang programa sa pagpapatayo ng gusaling pagdadausan ng lumalagong simbahan— *"Palawakin mo ang lugar ng iyong tolda, at iladlad mo ang mga tabing ng iyong mga tahanan; huwag kang umurong, habaan mo ang iyong mga lubid, at patibayin mo ang iyong mga tulos."* At ang ikatlong resulta ay ang magiging isang mas malaking programa ng pagmimisyon— *"at aangkinin ng iyong lahi ang mga bansa."*

Upang makamtan ang mahahalagang resulta na ito ay dapat nating hikayatin ang bawat miyembro ng simbahan na matuto kung paano pumalakpak, umawit, sumigaw, sumayaw, itaas ang kanilang mga kamay, at yumuko sa naangkop na mga oras. Kung sila ay nahihiya, hikayatin sila kung gayon na sanayin ang siyam na kapahayagan nang pagpupuri at pagsamba kapag sila ay mag-isa na lamang sa Panginoon. Sa oras na nakuha na nila ang kalayaan sa kanilang pagpupuri at pagsamba sa panahon ng kanilang mga pribadong debosyon, hindi na sila mahihirapang magpahayag ng kanilang mga sarili kapag sila ay nasa isang pampublikong gawain na.

## *# 2 Susi – Pag-unawa sa Pagpupuri at Pagsamba*

Ano ang pagkakaiba ng pagpupuri at pagsamba? Sila ay magkaparehong mga gawain, at madalas ay mahirap kilalanin ang kaibahan sa kanila. Ang mga sumusunod na pagpapaliwanag at kaibahan ay makatutulong sa pagbibigay ng pinasimpleng pag-unawa ng kanilang kalikasan at kagamitan.

Ang mga salita sa Bibliya para sa pagpupuri ay maaari ding isalin sa *pagpapapuri, pagdiriwang, pagtanggap, paghanga at papuri.* Ang pagpupuri ay maaaring ilarawan bilang isang simple, masaya pagdiriwang sa Diyos.

Ang pagsamba ay maaaring isalin sa pamamagitan ng mga salitang pag-galang, sumamba, yumuko, at pagpapahayag ng debosyon. Ang pagsamba ay maaaring ilarawan bilang isang malalim na gawaing espirituwal kaysa sa pagpupuri, dahil kasama dito ang pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Binibigyang linaw ng Kasulatan na ang mga tao ay maaaring maging karapat-dapat sa pagpupuri. Sa Kawikaan 31:30 mababasa natin *"na ang babaing natatakot sa PANGINOON ay papupurihan."* Gayunpaman, maliwanag din na sinasabi ng Kasulatan na tanging ang Diyos lamang ang karapat-dapat sa pagsamba![8]

Ang pagpupuri ay pangkalahatang ipinapahayag bilang tugon sa mga aksyon o mga gawa ng Diyos.[9] Sa gayon, mas madaling magsimula sa pagpupuri kaysa sa pagsamba, dahil ito ay nakadirekta sa mas madaling nakikita na mga panlabas na gawain ng Diyos. Gayunman, ang pagsamba ay ipinapahayag sa kalikasan o katangian ng Diyos.[10] Sa gayon, mas mahirap na magsimula sa pagsamba, sa

dahilang ito ay nakadirekta sa mas mahirap makita na pinakaloob na puso ng Diyos.

Ang pagpupuri ay gumagamit ng mas maraming pisikal na aksyon at binibigyang-diin ang isang mabilis, mas buhay na ritmo o tempo.[11] Na nakakatulong sa mga mananampalataya na maging gising at lubos na makatuon sa Panginoon. Ang pagsamba ay gumagamit ng mas kaunting pisikal na aksyon at ritmo, at paminsan-minsan ay wala talagang ritmo.[12] Ang makalamang mga pagkilos ay ibinababa at nagiging payapa habang tayo ay pumapasok sa maluwalhating presensiya ng Diyos, upang ang lahat ng ating tuon ay nasa *Kanya*. Ipinahayag sa Zacarias 2:13 ang saloobing ito ng masidhing pagsamba nang ipinahayag nitong, "*Tumahimik kayong lahat ng tao sa harapan ng PANGINOON, sapagkat siya'y bumangon na mula sa kanyang banal na tahanan.*"

Ang isa pang kaibahan ay ang tao na ating pinupuri ay hindi kinakailangang naririyan.[13] Subalit, upang maayos na masamba ang isang tao, siya ay nararapat na naroon.[14] Bilang resulta ng kaibahang ito, ay maaari nating simulan ang pagpupuri sa Panginoon sa labas ng hayagang presensiya ng Diyos. ito ang kalagayan kung saan ay sinisimulan natin ang karamihan sa mga gawain ng pananambahan. Karamihan sa mga gawain ay hindi nagsisimula na nahahayag na ang presensiya ng Panginoon maliban na lamang kung nagkaroon na ng maraming pananalangin bago magsimula ang gawain, o maliban kung nagsisimula na ang mga manunugtog na may daloy ng pagpapahid at nagdala ng presensiya ng Panginoon sa santuwaryo. Maraming mga gawain ang nagsisimula na walang sigla habang sila ay unang naghahanda na purihin

ang Panginoon. Ngunit habang maaari na nating *simulan* na magpuri sa Panginoon sa *labas* nang hayag na presensiya ng Diyos, ang ating pagpupuri ay magiging dahilan para sa atin na *makapasok sa* Kanyang presensiya.[15] Sa sandaling iyon, kapag nakapasok na tayo sa presensiya ng Diyos, makakalipat na tayo mula sa ating pagpupuri upang simulan ang ating pagsamba.[16] Ito ang dahilan kung bakit ang karaniwang ayos para sa gawain ng pananambahan ay pagpupuri at pagkatapos ay pagsamba.

Ito ang pangunahing progresyon ng pagpupuri at pagsamba na ipinamalas din sa Tabernakulo ni Moises. Mayroong iba't ibang mga karanasan o antas ng pakikipagtagpo sa Diyos sa Tabernakulo ni Moises, kung saan ay nagtuturo sa atin ng mga espirituwal na alituntunin na may kaugnayan pa rin sa atin ngayon. Kung paanong ang mga Israelita ay unang dapat na makapasok sa mga tarangkahan ng Tabernakulo upang lumapit at sumamba, tayo rin ay kailangang sundin ang mga hakbang upang lumapit sa Diyos.

Upang unang makapasok sa Panlabas na Dako, sinasabi ng Awit 100:4 sa atin na *"magsipasok kayo sa mga pintuan na may pagpapasalamat."* magaganap natin ito espirituwal sa pasimula ng ating gawain sa pamamagitan ng mga pambungad na gawain kagaya ng pasasalamat, pananalangin, pagbabasa ng bahagi ng kasulatan, o isang pagpapalakas. At sa ating pagpapasimula na pumasok sa mga espirituwal na mga karanasan na inilalarawan ng Panlabas na Dako, maaari na nating ihandog ang sakripisyo ng pagpupuri (Hebreo 13:15) gaya ng kung paanong ang mga Israelita ay nag-alay ng kanilang mga handog sa Panlabas na Dako.

Sa pamamagitan ng ating pag-aawitan at pagpupuri ang presensiya ng Panginoon ay madalas na nahahayag. Sa bahaging ito ay pumapasok na tayo sa Dakong Banal ng tabernakulo. Ito ay isang dakong nakabalot at nakapaloob na sumasagisag na tayo rin ay nababalot at napapaloob sa presensiya ng Panginoon. Ang kapahayagan na ito nang presensiya ng Diyos na nangyayari kapag tayo ay pumapasok sa Dakong Banal ay higit pang nakumpirma ng mga katotohanan na ang sinumang makapasok sa Dakong Banal ay nasumpungan na ang lahat ng bagay ay naliwagan ng ilawang ginto. Ito ay tumutukoy sa napakaliwanag na presensiya ng Banal na Espiritu. Dito, habang pumapasok tayo sa Banal na Dako at maranasan ang presensiya ng Diyos maaari nating gawin ang paglipat mula sa pagpupuri tungo sa pagsamba. Gaya ng sinabi sa Awit 132:7, *"Tayo na sa lugar na Kanyang tirahan; sumamba tayo sa Kanyang paanan!"* Ito ay sa ating pagsisimula sa pagpasok sa personal na makikipag-ugnayan sa Diyos na ang ating pagsamba ay maaaring magsimula na maging *sa espiritu*.

Kung nais natin na lalong lumapit sa Diyos tayo kung gayon ay dapat magpatuloy sa kaloob-loobang santuwaryo kung saan ay tinatawag na Dakong Kabanal-banalan. Upang makapasok sa Kabanal-banalang Dako, tayo ay dapat makapasok sa pinakahuling tabing, kung saan ay sumisimbolo ng kamatayan sa laman.[17] Makikita natin sa Kabanal-banalang Dako na wala nang anumang mga gawain na ginagawa ng tao, maliban sa Pinakapunong Saserdote na minsan sa isang taon ay pumapasok upang iwisik ang dugo na pantubos—at kahit ito ay sumisimbolo nang natapos na gawain ni Cristo.[18]

Ito ang kabaligtaran ng Panlabas na Dako, kung saan ay napakaraming nakakapagod na bahagi ang tao sa pag-aalay ng handog ng mga hayop at maghuhugas sa tansong hugasan. Sa Dakong Banal ay mas magagaan lamang na mga gawain kung saan ang mga saserdote ay nagpapalit lamang ng tinapay, naglalagay ng insenso sa altar, at inaayos ang mga ilawan. Ngunit sa Dakong Kabanal-banalan ang gawain ng *tao* ay pinalitan ng gawain ng *Diyos* habang ipinapahayag ng Panginoon ang Kanyang kaluwalhatian at nagsasalita mula sa luklukan ng awa. Doon, ay hindi ang *tao* ang naghahanap na makatagpo ang Diyos— sa Dakong Kabanal-banalan ay ang *Diyos* ang nakikipagtagpo sa *tao*. Gaya ng inihayag ng Panginoon sa Exodus 25:22, "*Doon ako makikipagtagpo sa iyo, at mula sa ibabaw ng luklukan ng awa, sa gitna ng dalawang kerubin na nasa ibabaw ng kaban ng tipan...*"

Sa katulad na paraan, kung espirituwal tayong papasok sa Dakong Kabanal-Banalan masusumpungan natin na lahat ng ating gawain bilang tao ay maibababa at matatahimik sa Kanyang harapan. Ang Diyos ang gagawa ng lahat ng gawain habang Siya ay nakikipagtagpo sa atin, nagsasalita sa atin, at ipinahahayag ang Kanyang kaluwalhatian. Doon habang ang Kanyang maluwalhating presensiya na *"shekinah"* ay nahahayag, ang ating mga puso ay napupuno ng pag-ibig at pakikipag-ugnayan sa Kanya habang ang lahat ng laman ay tahimik sa Kanyang harapan.[19]

### *# 3 Susi- Mga Numero ng Bibliya at Musika*

Nilalang ng Diyos ang lahat ng bagay sa Kaniyang karunungan, kasama na ang musika, upang umayon sa mga

batas espirituwal at agham. Kapag pinag-aralan natin ang Kasulatan maliwanag na ang mga numero ay maaaring magkaroon ng espirituwal na kahalagahan o kahulugan. Makikita natin ngayon kung paanong ang espirituwal na kahalagahan ng mga numerong ng Bibliya ay tumutugma din sa pang-agham na kahalagahan ng mga numero ng musika.

Ang musika ay nabubuo kapag ang isang bagay (isang kwerdas, pipa, kwerdas bokales, atbp.) ay tumaginting sa hangin. Kapag ang pagtaginting ng isang nota ay nahati o dinoble, maririnig pa rin ang parehong nota liban sa ito ay tataas o bababa ng isang oktaba.

Sa loob ng bawat oktaba ay may pitong nota sa *diatonic scale* (ang *do, re, mi, fa, so, la, ti*). Ang mga ito ay tinutugtog sa puting mga teklado ng tipahan. Ang Pito sa Bibliya ay numero ng pagkakumpleto, perpekto at pamamahinga; at sa parehong paraan, ay kinumpleto ng pitong mga nota ang ating eskala. Ang Walo sa Bibliya ay nangungusap sa mga bagong panimula, at katulad nito ang ikawalong nota ay nagsisimula sa isang bagong oktaba.

Kapag idinagdag mo rin ang lahat ng mga hating nota (ang mga itim na teklado sa isang tipahan) magkakaroon tayo ng tinatawag na *chromatic scale*. Ang *chromatic scale*, na kinabibilangan ng lahat ng mga nota sa tipahan, ay may labindalawang mga nota. Ang labindalawang mga nota na ito ang namamahala sa lahat ng musika, at sa katulad na paraan ay makikita natin na labindalawa ang bilang ng pamahalaan ng Diyos. (Makikita ito sa labindalawang tribu ng Israel, ang labindalawang apostol ng Iglesya, ang labindalawang oras sa bawat araw o gabi, at labindalawang buwan sa isang taon.)

Ang isa pang paraan na ang espirituwal at natural na batas ng Diyos sa paglikha ay sinusundan ang magkaparehong paraan ay makikita kapag pinaghalo mo ang tatlong mga nota na magkasama upang bumuo ng isang simpleng sayusay. Ang tatluhan na ito ng tatlong mga nota na pinagsama-sama upang bumuo ng isang sayusay ay katulad ng Trinidad ng Ama, Anak at Espiritu Santo; Sila ay iisang Diyos.

Ang unang nota ng isang sayusay ay panimulang nota, kung paanong ang Ama ang simula ng lahat ng bagay. Ang pangalawang nota ay tinatawag sa musika na "gitnang" nota, gaya ng ang Anak at tinawag na ang tagapamagitan. Ang ikatlong nota sa bawat sayusay ay tinatawag na "nangingibabaw" na nota, tulad nang dapat ay pangibabawan o pangunahan tayo ng Banal na Espiritu.

Mayroong dalawang pangunahing mga uri ng tatluhang mga sayusay. Ang mga mayoryang sayusay ay may "masaya" o mas maliwanag na tunog, habang ang tunog ng menoryang sayusay ay "malungkot" o madilim. Ito ay nangungusap sa atin ng kaibahan sa pagitan ng langit (kung saan ang bawat bagay ay kagalakan at kasayahan), at lupa (na nasa ilalim ng sumpa at nalulungkot dahil sa kasalanan). Ang musika ng sanlibutang ito ay nagbibigay diin sa malulungkot na musika ng menoryang mga teklado. Kahit ang mga ibon at ang kaharian ng hayop ay pinatunayan ito. Maingat na pinag-aralan ng mga siyentipiko ang pag-awit ng mga ibon at mga hayop, kahit ang mga balyena sa karagatan, at nasumpungan na lahat sila ay umaawit sa mga menoryang eskala. Mayroong kalungkutan na lumaganap sa mundo simula noong pagkahulog ni Adan, gaya ng maaari nating pag-aralan sa

aklat ng Roma 8:20-22. Ito ay makikita rin sa bawat musika nito. Kailangang mag-ingat tayo sa mga musika na maraming menoryang sayusay, tulad ng babala sa atin ng 2 Corinto 7:10 na ang *"ang makasanlibutang kalungkutan ay nagbubunga ng kamatayan."*

Ang pagkakaiba ng musika sa pagitan ng isang mayorya at menoryang sayusay ay ang pagbaba ng pagitang nota (o gitna). Ang likas na katotohanang ito ay mayroon ding espirituwal na aplikasyon. Kung paanong ang ibinaba ng pagitang nota ay nakagagawa ng isang menorya, malulungkot na sayusay; may pagkakataon nang ibinaba ni Cristo na Tagapamagitan ang Kanyang sarili upang maging isang tao ng mga kapanglawan. Upang tubusin tayo mula sa sumpa ng kasalanan, si Cristo ay bumaba mula sa kagalakan ng kalangitan upang maging isang tao sa lupa. Gaya ng kinuha Niya sa Kanyang sarili ang ating pagdurusa at kasalanan at namatay sa krus, upang maitaas Niya tayo mula sa ating mga kalungkutan at kasalanan nang Siya ay ibinangon mula sa mga patay at umakyat sa langit. Ngayon tayo ay nabuhay na kasama ni Cristo at nakaupo sa mga lugar ng kalangitan, at ang ating Tagapamagitan ay nagtaas sa atin mula sa ating mga kasalanan at pagkaalipin at naging sanhi na ang mga kagalakan ng langit ay maging bago nating awit! Ito ay maitutulad sa kung paanong ang pagitan o gitnang nota ng sayusay, kapag ito ay itinaas, ay magtataas ng malulungkot na menoryang mga sayusay upang maging masiglang mayoryang musika.

Isa pang pagkakatulad ang maaaring maobserbahan kapag isinaalang-alang natin kung paanong ang bawat isa sa labindalawang mga nota ng tipahan ay maaaring

tugtugin na parehong may mayorya at menoryang mga eskala. Mayroong 24 na teklado kung saan ang lahat ng musika ay isinulat. Ang 24 na mga tekladong ito ay ginamit na sa loob ng maraming siglo ng mga kompositor na madalas ipinapangalan ang kanilang mga musika ayon sa teklado na isinulat ito. Kasama sa mga halimbawa ang *Mendelssohn's Symphony No. 4 in A major*, *Handel's Concerto No. 5 in D Major*, *and Beethoven's Symphony No. 9 in D minor*.

Ang 24 na mga tekladong ito—labindalawang mayorya at labindalawang menoryang mga teklado—ay kumakatha ng kabuuan ng lahat ng mga ekspresyong musikal. Sila rin ay maihahambing sa kabuuang kapahayagan ng pagsamba na ating makikita sa parehong Templo ni Solomon at ang pagsamba sa langit. Sa 1 Cronica 25 ay mayroong 24 na grupo ng mananamba na inorganisa ni Haring David para sa pagsamba sa Templo ni Solomon, habang sa Pahayag 4:10 ay sinasabi sa atin ang 24 mga matatanda palibot sa trono na sumasamba sa Diyos. Ang 24 na teklado ng musika na may kabuuang kapahayagang musikal ay maaaring maging kapareho nitong 24 na grupo ng mananamba at 24 na matatanda, kung saan ay nangungusap patungkol sa kapunuan ng pagsamba sa parehong Luma at Bagong Tipan.

Ang magkaparehong ugnayan na ito ay higit pang makikita kapag ating isinaalang-alang ang 24 na oras na bumubuo sa isang kumpletong araw. Ang pagsamba ay dapat ipahayag sa pamamagitan ng lahat ng 24 na mga teklado ng musika, tulad ng dapat itong maipahayag sa lahat ng 24 na oras ng isang araw. Kabilang sa 24 na oras na ito ang labindalawang oras sa bawat araw at gabi, gaya

ng kabilang sa 24 na mga teklado ang bawat mayorya at menoryang mga teklado. Ang labindalawang "mas maliwanag" na mga teklado ay tumutukoy sa labindalawang oras ng araw, habang ang labindalawang "mas madilim" na menoryang mga teklado ay tumutugma sa labindalawang oras ng gabi. Ang buong pagsamba sa Diyos ay kinabibilangan nang hindi lamang masasaya, maliliwag na mga panahon ng ating buhay, kundi gayundin ng mga malulungkot, madidilim na karanasan na minsan ay hinaharap nating lahat. Kung magiging katulad tayo ni Job, na sumamba sa Diyos sa panahon ng madilim na sandali ng kanyang kaluluwa at gayundin sa mga panahon ng kagalakan at pagpapala, tayo ay magiging ganap na mga mananagumpay na kahit na si Satanas mismo ay mabibigo sa paglupig!

Ang ibang pagkakatulad sa pagitan ng mga numero ng Bibliya at musika ay makikita kapag isinaalang-alang natin kung paanong ang mga dagdag na mga nota ay maaring idagdag sa isang pangunahing sayusay. Babaguhin nito ang kondisyon ng sayusay. Kapag nagdagdag ka ng ikapitong nota sa pangunahing tatluhan ng isang sayusay, ginawa mo ang tinatawag na isang mayorya ng ikapitong sayusay. Ang mga tunog ng ganitong uri ng sayusay ay puno ng kapahingahan at nagpapatahimik, katulad sa kahulugan ng numerong pito sa Bibliya na tumutukoy sa pagpasok sa kapahingahan.[20]

Ang pagdaragdag ng ikasiyam na nota sa isang pangunahing tatluhan ay makagagawa ng ikasiyam na sayusay. Sa Kasulatan ay makikita natin na ang numerong siyam ay tumutukoy sa gawain ng Espiritu, dahil mayroong siyam na kaloob at ang siyam na bunga ng Espiritu.[21] Ang

ikasiyam na sayusay ay nakakapagpatibay, at nakakapagdala ng sariwang pagdaloy ng Espiritu kapag mainam na ginagamit sa pagsamba. Kapansin-pansin lang na ang ikasiyam na mga sayusay ay nagsimula lamang lumaganap na ginamit ng mga musikero sa pasimula ng ika-20 siglo sa halos kaparehong panahon na ang karanasang Pentecostes ay naipanauli sa Iglesya sa buong mundo.

Ang dalawang uri pa ng mga sayusay, ang ikalabing-isa at ang ikalabintatlong sayusay, ay may isang napaka-negatibong epekto sa mga tagapakinig. Ang tunog ng mga ito ay nagkakasalungatan at naglalaban, at sa katunayan ay binansagan na "mga rebeldeng sayusay" ng secular na mundo ng musika. Ang ebalwasyon na ito ay tumutukoy din sa kahulugan ng Bibliya sa mga numerong ito, dahil ang mga ito ay simbolo ng rebelyon (si Judas ay nagrebelde at iniwan ang labing-isang apostol, samantalang ang unang pagbanggit sa Bibliya ng numerong labingtatlo sa Genesis 14:4 ay tumutukoy sa rebelyon).

Habang nakikita natin ang pagkakatulad sa pagitan ng batas pang-agham ng musika at ang espirituwal na kahalagahan ng mga numero ng Bibliya, nawa ay makasumpong tayo ng panibagong kalakasan upang sambahin ang Panginoon para sa Kanyang karunungan. Alamin din nating kung paano gamitin ang karunungang ito, upang magamit ang musika nang mas mabisa para sa ikalalawak ng Kanyang kaharian!

## Kabanta 6

# BALANSENG MUSIKA AT PAGSAMBA

Ang isang napakahalagang susi sa ating espirituwal na paglago at nakasalalay sa ating pagkatuto kung paanong maayos na maging balanse sa iba't ibang bahagi ng ating buhay. Ipinapakita sa Kasulatan na nilikha tayo ng Panginoon—at ang ating kakayahang sumamba—na kailangan ng balanse. Ipapakita nito sa atin ang tungkol sa isa pang mahalagang aral sa paksa na atin nang pinag-aaralan, ang kung paano ang sumamba *sa katotohanan.*

### *Ang Tatlong Bahagi ng Tao*

Nang sabihin ng Diyos na "*Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis"* sa Genesis 1:26, nilikha Niya ang tao sa mayroong tatlong bahagi, kagaya Niya. Binanggit ni Apostol Pablo ang tungkol dito sa 1 Tesalonica 5:23 nang sinabi niya na ang bawat isa sa atin ay binubuo ng espiritu, kaluluwa at katawan. Ito ay inilarawan sa unang linya ng ating tsart sa pahina 94.

Itinuro din ni Apostol Pablo na ang espirituwal na tao ay dapat pinangungunahan ng Banal na Espiritu, na Siyang nananahan sa espiritu ng bawat Kristiyano na ipinanganak na muli.[1] Ang Banal na Espiritu, na gumagawa sa pamamagitan ng ating likas na espiritu, ay kayang pangunahan ang ating kaluluwa upang tayo ay maging espirituwal mag-isip.[2] Ang Banal na Espiritu ay makagagawa pa ng karagdagang gawain sa pamamagitan ng ating espiritu at kaluluwa upang patnubayan din ang ating katawan, kung saan ay maaaring maging sanhi na ang ating buong buhay at maging espirituwal.[3] Ito ay kabaligtaran ng isang karnal na Kristiyano na pinangungunahan lamang ng laman. Bukod pa rito, kung ang buhay isang Kristiyano ay dominado ng kanilang kaluluwa—kung hindi sila kontrolado ng Banal na Espiritu na Siyang gumagawa sa pamamagitan ng kanilang mga espiritu—sila nga ay hindi lalago mula sa pagiging isang makakaluluwang tao na pinangungunahan ng kanilang nararamdaman o kanilang kaalaman.

## Ang Tatluhan ng Tao, Pagsamba, at Musika:

| | | | |
|---|---|---|---|
| ang **TRINIDAD** ng **TAO** 1 Tes. 5:23 | "Ang inyong **ESPIRITU** | at **KALULUWA** | at **KATAWAN** ay maingatang buo na walang kapintasan" |
| ang ating **PRIORIDAD** ng **PAGSAMBA** Deut. 6:5 | "Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong **PUSO** | at ng iyong buong **KALULUWA** | at ng iyong buong **LAKAS** |
| ang **TRINIDAD** ng **MUSIKA** | Ang **MELODIYA**- ang pangunahing nota na sinusundan ng espiritu | ang **HARMONIYA** - ang karagdagang nota hinihikayat ang kaluluwa | Ang **RITMO**- o tiyempo na naghihikayat o kumokontrol sa katawan |
| ang **RESULTA**: | **PINATITIBAY** ang espiritu | **INAALIW** ang kaluluwa | **PINANANABIK** ang katawan |
| **BALANSENG MUSIKANG ESPIRITUWAL** Aw. 68:24-25 | "ang mga mang-aawit ay nasa unahan" **Una MELODIYA**- ang awitan (melodiya ay dapat manguna) | "ang manunugtog ay nasa hulihan" **Ikalawa HARMONIYA** ay dapat sumunod at sumuporta | "sa pagitan nila ay ang tumutugtog ng mga pandereta na mga kadalagahan" **Ikatlo RITMO** (nakakubli) |
| **ISTILO** ng **MUSIKA** na binibihyang-diin ang balanseng ito | espirituwal na Kristiyanong musika – Ef.5:19, Col.3:16 – gayundin ang ilang mga musika na ipinanganak mula sa isang Kristiyanong kultura o impluwensya, Mat.5:13 | musikang pang-kaluluwa, *jazz, blues, psychedelic*, emosyonal na mga awitin, mga awiting makabayan, mga awitin ng pagmamahal | musikang *rock, disco, rap* at mabibigat na musikang metal- gayundin ang paganong musika gaya ng *Hindu*, Apricano at *Voodoo* |

### *Ang Pagsamba sa Tatlong mga Bahagi*

Ang simulaing ito ay nagpapakita sa atin ng kaayusang dapat ay nasa ating pagsamba. Ang pagsambang espirituwal ay dapat magsimula sa ating espiritu, at pagkatapos ay ipahahayag sa pamamagitan ng ating kaluluwa, at magpapatuloy upang maipahayag din sa pamamagitan ng ating katawan. Itinuro sa atin ito sa kung ano ang sinabi ng Panginoong Jesus na dakilang kautusan ng Lumang Tipan sa Deuteronomio 6:5—*"at iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng iyong buong puso [o espiritu], at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong [o katawan]."* Maaaring ganap na maging kalakip ang ating puso sa pagsamba, ang ating kaluluwa ay lubusang makikisama, na tayo rin ay makakapasok gamit ang buo nating lakas upang mahalin at sambahin ang Panginoon! Isang halimbawa si Haring David ng buong kapahayagan na ito ng pagsamba nang siya ay sumayaw sa harap ng Panginoon ng kanyang buong lakas, gaya ng nakatala sa 2 Samuel 6:14. Ngunit kapag ang isang tao ay naghahanap ng pagsamba na naipahahayag sa katawan o kaluluwa na hindi nagmumula sa puso (o espiritu), ang di-balanseng musika na iyan kung gayon ay hindi magiging katanggap-tanggap sa Diyos. Hinahangad lamang Niya ang pagsamba na *"nasa espiritu at katotohanan."* Ang ikalawang linya ng tsart ay makakatulong na ilarawan ito.

## *Ang Musika sa Tatlong Bahagi*

Sa ikatlong linya ng tsart, makikita natin kung paanong ang musika ay binubuo ng tatlong mga bahagi: ang melodiya, harmoniya, at ritmo. Si Charles Walton, isang manunulat sa musikang sekular, ay nagpahayag ng ganitong paraan sa kanyang aklat na *Basic Forms in Music:* "Sa buong kasaysayan ng musika, ay gumamit ang mga kompositor ng ilang mga pangunahing batayan ng organisasyon at istraktura, na nagsisilbing isang hulma o balangkas para sa presentasyon ng mga gamit ng musika—ritmo, melodiya at harmoniya. Mula dito, ang mga batayang anyo ay umunlad sa mga siglo."[4]

Tulad ng ipinakita sa tsart, ang tatlong mga bahagi na ito ng musika ay magkaugnayan sa espiritu, kaluluwa at katawan ng tao.

Ang melodiya ay ang nangungunang nota o ang "tono" ng musika. Ito ang bahagi na karaniwan tayo ay umaawit. Habang ang mga mang-aawit ay maaaring magdagdag ng karagdagang mga nota o mga harmoniya, ang melodiyang linya ng awit ay palaging ang pangunahing binibigyang-diin ng pagkanta. Ang musika ay kadalasan ding nakatayo palibot sa melodiyang linya, habang pinangungunahan nito ang direksyon ng kanta.

Ang himig ng isang awit ay ang sinusundan ng ating espiritu (o puso). Ang mahusay na pagkalikha ng isang melodiya ay makakapagpatibay ng ating espiritu habang mas itinataas ang melodiya. Madadala nito pababa ang ating espiritu upang magpahinga habang ang himig ay bumababa, at makapagbibigay sa atin ng ganap na kasiyahan kapag ang melodiya ay natapos na. Gaya ng

isinulat ng Alemang kompositor na Richard Wagner, "Ang melodiya ay ang ganap na wika kung saan ang mga musikero ay nangungusap sa bawat puso."[5]

Ang katotohanang ito ay itinuro din sa atin ng dalawang talata sa Bagong Tipan. Sinasabi sa Efeso 5:19 na ang bawat mananampalataya ay *"nag-aawitan at gumagawa ng himig sa Panginoon."* Sa Colosas 3:16 din ay sinasabi na, *"umaawit na may pasasalamat sa Diyos sa inyong mga puso."* Ang mga talatang ito ay nagbibigay sa atin ng mga kompirmasyon sa kasulatan na tayo ay umawit ng isang himig sa Panginoon mula sa ating mga puso, o espiritu. Makikita din natin na ang biyaya ng Diyos (na kasama ang pagpapahid ng Banal na Espiritu) ay maaaring kumilos sa ating pagsamba kapag tayo ay umawit mula sa ating mga puso.

Ang ikalawang bahagi ng isang awit ay ang harmoniya. Ang harmoniya ay isang kumbinasyon ng mga nota o sayusay na idinagdag sa melodiya ng kanta, na magkasamang gumagawa upang lumikha ng "damdamin" o pakiramdam sa ating kaluluwa. Ito ay dahil ang ating kaluluwa (ang ating isipan at mga pakiramdam) ay umuugnay sa harmoniya ng isang musika habang inihahambing at hinuhusgahan nito ang pagkakasundo o pagkakasalungat ng mga nota. Ang bantog na pintor at imbentor na si Leonardo da Vinci, ay kinilala ito nang sinabi niya na, "Alam mo ba na ang kaluluwa ay binubuo ng harmoniya?"[6]

Kapag ang mga nota ay pinagsama upang gumawa ng mga mayoryang sayusay, masayang pakiramdan ang madadala, gaya din nang paggamit ng maraming mga menoryang sayusay na nagagawang maging malungkot ang

"damdamin" ng musika. Ang ibang mga klase ng harmoniya ay maaaring magkaroon ng maraming ibang epekto sa ating isipan at mga emosyon, tulad ng pagdadala ng kapayapaan, kalituhan, kasiglahan o pag-aalala.

Ang ikatlong bahagi ng isang piyesang musikal ay ang ritmo o bilis. Ang ritmo ay ang bilis na binibigyang-diin habang may musika upang magbigay ng bilis at tiyempo. Ito ang bahagi ng isang piyesang musikal na ang ating katawan ay umuugnay, dahil ang ating katawan mismo ay kinokontrol ng maraming ritmo kagaya ng pagtibok ng ating puso at paghinga. Magagamit natin ang ating mga katawan upang ipalakpak ang ating mga kamay, ipadyak ang ating paa, o sumayaw, habang ang ating mga katawan ay umuugnay sa musika sa pamamagitan ng awit.

Ang mga paraan kung saan ang iba't ibang bahagi ng musika ay nakikipag-ugnayan sa iba't ibang bahagi ng tao ay na nakasulat sa ikatlong bahagi ng tsart sa pahina 94. Ang mga tagubilin na ito ay siniyasat at isinulat mula noong halos panahon pa ng mga sinaunang Griyego. Isa sa mga maraming kompirmasyon ng pakikipag-ugnayan na ito ay isinulat ni Jean Rameau, ang tanyag na Pranses na kompositor at manunulat ng musika noong ika-18 siglo, nang isinulat niya, "Ang musikal na kapahayagan ng pisikal ay nakasalig sa bilis at ritmo; na kabaligtaran naman mula sa harmoniya, na kapag natutugtog ang mga emosyon ay dumarating."[7] Ang isang simpleng kahulugan para sa pangunahing mga epekto ng tatlong mga bahagi na ito ng musika ay na ang melodiya ay pinatitibay ang espiritu, ang harmoniya ay nakakapagbigay-aliw sa kaluluwa at pinananabik ng ritmo ang katawan, tulad ng ipinakita sa ikaapat na linya ng tsart.

Ang tatlong mga bahagi na ito ng isang piyesang musikal ay dapat magkaroon ng maayos na balanse para ang musika ay maging isang daluyan ng Banal na Espiritu. Ang melodiya at dapat pangunahan ang harmoniya at ritmo, gaya ng ating espiritu na dapat manguna sa kaluluwa at katawan para sa isang tao na maging espirituwal. Sa parehong paraan na ang isang karnal na tao ay pangungunahan ng kanilang laman, isang karnal na awit ay pangungunahan ng ritmo o bilis. Halimbawa, marahil minsan ay nasusumpungan mo ang iyong sarili na naririnig ng isang diskuhan mula sa isang napakalayong distansiya. Ang unang bahagi ng musika na iyong maririnig ay ang malakas na tiyempo o ritmo. Iyan ang pinaka-kilalang bahagi ng diskuhang musika, hindi ang melodiya ng awit o kahit ang musika. Ito ay dahil hindi ginawa ang musikang pang disko upang bigyang-diin ang pagtataas ng puso sa pag-awit. Ang istilo ng musika ay idinisenyo upang upang ganyakin ang pagsasayaw—upang pukawin ang laman sa pamamagitan nang ga-pulsong bilis nito. Ang mga istilo tulad ng *rock, disco at rap* ay lahat binibigyang-diin ang tiyempo bilang pinakamalakas na bahagi ng musika para sa layuning pukawin at panabikin ang laman. Iyon ang dahilan kung bakit bihira tayong makarinig ng mabagal, banayad na musika na tinutugtog para sa mga ehersisyong *aerobic*, isang *rock* na konsiyerto, o isang diskuhan.

Kailangan nating magkaroon nitong tatlong aspeto na gumagawa upang bumuo ng isang musika. Gayumpaman, ang balanse ng mga sangkap na ito na gumagawa sa musika ay mag-uudyok sa ating kalikasan bilang tao sa iba't ibang paraan alinman sa espirituwal, sa emosyonal, o sa laman.

Sa parehong paraan ang tatlong mga sangkap na ito ay kailangang magtulungan nang maayos upang bumuo ng katanggap-tanggap na pagpupuri at pagsamba, gaya ng makikita natin sa ikalimang linya ng tsart.

## *Balanseng Espirituwal na Pagsamba*

Binigyang pansin na natin sa nakaraang mga kabanata kung paanong ginamit ng Panginoon si David upang ipanumbalik ang gamit ng pinahirang pag-aawitan at musika para sa pagsamba. Isa sa mga kapahayagan na mayroon si David ay kung paano lumikha ng isang balanseng espirituwal na pagsamba na magdudulot sa pagdating at pagbisita ng Panginoon sa kanila. Nabasa natin na itinatag ni David ang kanyang gawain ng pagsamba sa sumusunod na paraan:

> *"Nakita nila ang iyong mga lakad, O Diyos, ang mga paglakad ng aking Diyos, ng Hari ko, patungo sa santuwaryo— ang mga ang-aawit ay nasa unahan, ang mga manunugtog ay nasa hulihan, sa pagitan nila ay ang tumutugtog ng mga pandereta na mga kadalagahan."*
>
> —Awit 68:24-25

May tatlong bahagi sa pagsamba na inorganisa ni Haring David: una muna ang mga mang-aawit, kasunod nila ang mga manunugtog, at ang tumutugtog ng tamburin na huling nabanggit. Ang grupong ito ng mananamba ay sama-samang gumagawa sa paraan na nakalulugod sa Panginoon at nagiging sanhi para sa Kanya na dumating sa

santuwaryo. Ito rin ang ating hinahangad—ang dumating ang presensiya ng Panginoon at dalawin tayo sa ating mga gawaing mananambahan.

Ang una at pinakamahalagang bahagi na gawain ng pananambahan na naitala dito ay ang pag-awit. Ito rin dapat ang nangungunang bahagi ng ating mga gawain. Ang kongregasyon ay buong pusong makakasali sa pananambahan kung maririnig nila ang sarili nilang pagkanta. Ito ay mas iba mula sa makamundong musika. Kadalasang hindi binibigyang-diin ng mga makamundong musika ang pag-aawitan, at kung minsan at mahirap marinig ang lahat ng salita sa awit dahil ang musika at tempo ay napakalakas. Kailangang maging maingat tayo na ang musika at ang mang-aawit na may mga mikropono ay hindi sobrang malakas na nagiging dahilan para sa mga tao na mahirapang marinig kung ano ang personal nilang inaawit. Kapag sobrang malakas ang mga nasa grupo ng mananamba, ang mga miyembro ng kongregasyon ay hindi na mahihikayat pa na sumali at umawit mula sa kanilang mga puso. Sa halip sila ay nahihikayat na lamang na makinig at manuod sa kung ano ang ginagawa ng mga mananamba, at ang gawain ng pananambahan ay nagiging isang pagtatanghal na lamang habang ang kongregasyon ay nagiging mga tagapakinig o tagapanuod! Ang grupo ng mananamba sa gawain ay dapat manguna at maghikayat sa bawat tao na maging isang mananamba rin, subalit hindi nila dapat hangarin na pangibabawan at dominahan ang mga tao sa pamamagitan ng malalakas nilang musika. Ganito ang paraan kung paano nagsisikap na impluwensiyahan at kontrolin ng maraming grupo ng mga

makamundong mang-aawit ang mga taong nakikinig sa kanila.

Bilang isang halimbawa kung paano natin hindi dapat itulad ang isang gawain ng pagsamba, naalala ko ang isang simbahan na nag-anyaya sa akin na mangaral maraming taon na ang nakalipas nang ang aking panganay na anak na babae ay magwawalong taong gulang. Sa kalagitnaan ng pananambahan ay napatingin ako sa kanya at nakita ko siyang nakatayo lamang at hindi umaawit. Kaya't hinikayat ko siya na napakahalaga para sa atin na umawit sa Panginoon, ngunit siya ay tumugon na may matinding pagkayamot, "walang dahilan para sa akin na umawit, Daddy. Napakalakas nang tugtog na hindi ko naririnig ang sarili ko kapag sinusubukan ko!"

Ang kasunod na bahagi ng musika ni David sa gawain ng pananambahan ay mga manunugtog na sumusunod sa mga mang-aawit. Sa balanseng pagsamba ang musika ay dapat sumunod, suportahan at hikayatin ang pag-aawitan. Higit sa lahat ito'y sa pag-aawitan na ang puso (o espiritu) ng bawat tao ay maibaling sa Panginoon. Ngunit bawat isa din sa mga mananamba ay maaaring mahikayat sa pamamagitan ng musika na maituon ang kanilang kaluluwa (ang kanilang isip at emosyon) sa pagmamahal sa Panginoon.

Ang huling bahagi ng gawain ng pagsamba ni David na nabanggit sa Awit 68:25 ay ang mga dalaga na tumutugtog ng tamburin. Ang tamburin ay isang instrumentong ritmo. Wala itong idinaragdag na melodiya sa musika, at mayroon lamang itong napakaliit na tinis musikal na maidaragdag sa harmoniya ng musika. Gayunpaman, maaari itong magdagdag ng isang tiyempo o ritmo na makatutulong sa

gawain ng pag-aawitan upang mas lalong maging buhay at nasa kaayusan.

Kailangan natin ng tamang dami ng ritmo sa ating pag-aawitan at musika, kagaya nang sa katawan ng isang tao na kailangan ng tamang dami ng ritmo upang gumana. Kung ang ating puso ay tumigil sa pagtibok o ang ating baga at tumigil sa paghinga, mamamatay kaagad tayo! sa katulad na paraan, kapag ang ating musika ay walang ritmo, ito ay mawawalan ng buhay at mamamatay. Ngunit ang ibang kawalan ng balanse ay kapag ang ating katawan ay nagkaroon ng labis na tiyempo o ritmo, magkakaroon tayo nang mataas na presyon ng dugo o isang napakatinding sakit sa ulo! Magkagayunpaman, kailangang maging maingat tayo na ang tiyempo o ritmo ay hindi nangingibabaw o nagdodomina sa ating musika. Ang ritmo na iniaambag ng mga tamburin ay ang huli sa tatlong mga bahagi na nabanggit sa pagsamba na inorganisa ni David sa Awit 68:25. Ipinapakita sa atin ng kaayusang ito ang wastong balanse para sa seksyon ng ritmo sa grupo ng ating mga pananamba. Dapat silang magkaroon ng isang mas mababang lugar kaysa sa melodiyang pagkanta at harmoniyang musika.

Mas malinaw nating makikita ang wastong balanse na ito para sa ritmo habang isinasaalang-alang natin kung paano dinisenyo ng Diyos ang katawan ng tao na gumana. Ang ating puso ay tuloy-tuloy na tumitibok at ang ating baga sa paghinga, ngunit madalas ay hindi natin alam ang mga ritmong ito. Tahimik silang naglilingkod para sa atin maliban sa mga panahon ng pag-eehersisyo o kabalisahan kapag pansamantala ay kailangan nilang magsagawang isang mas higit na aksyon. Maaaring mapansin natin ang

mabigat na tibok ng ating puso o mahirap na paghinga habang nasa panahong ito ng taluktok ng mga aktibidad, ngunit ilang sandali lamang ang mga ritmong ito muling magiging balanse bilang mga tahimik na tagapaglingkod ng ating katawan. Sa katulad na paraan ang ritmo sa panahon ng ating pag-aawitan ay dapat na magkaroon lamang ng mas mababang tungkulin, kumikilos gaya ng isang hindi napapansin na alipin, maliban na lamang kung panahon na nasa tuktok ng mga gawain kapag ang musika ay nasa labis na kagalakan, militante, o malakas na kresenta sa awit. Gayunpaman sa panahon ng regular na daloy nito, ang musika ng isang gawain ng pag-aawitan ay dapat manumbalik sa normal na balanse ng pagkakaroon nang nangungunang pagkanta ng melodiya, na sinusuportahan ng harmoniyang musika, at ang hindi kapuna-punang paglilingkod ng ritmo.

Habang ginagamit natin ang ating lumalagong karunungan na isaalang-alang ang mga katotohanang ito tungkol sa musika, makikita natin na ang musika ng sanlibutan ay madalas na kabaligtaran ng makadiyos na musika na itinatag ni David. Maraming pagkakataon na ang mga musikero ay nagsisimula ng isang awit sa pamamagitan ng unang pagbigay tunog ng tagatambol. Pagkatapos na dumaloy ng ritmo, ang mga instrumentong musikal ay sasali na. Ang mga taong nakikinig ay magsisimulang tutugon sa tiyempo marahil sa pamamagitan nang pagpalakpak ng kanilang mga kamay, pag-indayog ng kanilang mga katawan o sa pagsasayaw. Ang mga tao ay nagkaroon na ng kasiglahan sa kanilang katawan at kaluluwa bago pa man magsimula ang kantahan. Ang kahalinturang ito (kung saan ay kabaligtaran ng balanseng pagsamba ni David) ay kung saan madalas na

hinuhubog ang makamundong musika. Gayunpaman, ito ay hindi dapat na maging tularan ng pag-aawitan at musika para sa mga gawain ng pagsamba. Maaaring makapagpasigla ito ng ating katawan o makapag-aliw ng ating kaluluwa, ngunit hindi ang mga ito ang layunin para sa isang gawain ng pagsamba. Ang layunin natin ay ang dumating ang ating Diyos at Hari upang dalawin tayo sa santuwaryo! Subalit upang magawa ito kailangan nating sundin ang balanseng pagsamba na ipinanumbalik ng propetang si David sa bayan ng Diyos.

Ang anumang uri ng instrumentong musikal, kung ito ay ginamit sa isang balanseng paraan, ay maaaring mag-ambag sa pinahirang pagsamba ng Diyos. Ngunit kailangang maisaalang-alang natin ng mabuti na may ilang mga instrumento na dinisenyo upang bigyang-diin ang mga bahagi ng musika na mas madaling makabuo ng hindi balanse, at di-espirituwal na musika. Halimbawa, isaalang-alang ang tambol (*drums*). Napakaliit lamang na tunong musikal ang naiaambag nito sa musika. Ang layunin nila ay matulungang mapanatili ang ritmo ng musika na nasa kaayusan at buhay. Subalit ang mga makamundong *drummer* ay madalas ginagamit ang kanilang mga kakayanan sa instrumento upang labis na bigyang-diin ang ritmo sa karnal na pamamaraan na maaaring magpalaganap ng kahalayan, pagkabigo, paghihimagsik, o kahit isang hipnotismong kalagayan (gaya ng madalas ay ginagamit sa mga musikang Hindu) Ang mga kristiyanong manunugtog na walang kamalayan sa mga bagay na ito ay walang dudang susundin ang mga maling halimbawa at masasamang impluwensiya na laganap sa larangan ng musika. Ang mga instrumentong nagbibigay-diin sa tiyempo ng musika ay dapat na sensitibong ginagamit

upang hindi nila saklawan o pangibabawan ang pag-aawitan at ang musika ng ating mga gawaing pagsamba.

Sapagkat ang mga istilong musikal na kadalasang itinataguyod ng mundo ay may tendensiya na bigyang-diin ang isang karnal na balanseng musikal, kailangan nating intindihin ang tagubilin ni Apostol Pablo sa Roma 12:2 kung saan siya ay nagpayo,

> *"Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago na kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos."*

Habang nagkakaroon tayo ng lalong pagbabago ng pag-iisip ay lalago din tayo sa ating pang-unawa at pagkilala ng musika gayundin sa lahat ng iba pa. Matututuhan natin na huwag maging katulad ng nasa mundo, sa halip ay higit na maunawaan kung ano ang ganap na kalooban ng Diyos. Ito ay napakahalaga, sapagkat ang kasulatan ay nagmumungkahi na mayroong iba't ibang mga kategorya o antas ng kalooban ng Diyos.

Mauunawaan natin ito nang mas malinaw sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa mga sumusunod. Kapag ang isang tao ay may bata pang mga anak napakaraming mga bagay na hindi pa sila pinapayagang gawin, tulad ng pagsakay sa bisikleta o pagtawid sa isang abalang kalye ng nag-iisa. Minsan, kung ipinipilit ng isang bata ang magkaroon ng sarili niyang paraan, pahihintulutan siya ng kanyang ama na gawin ang isang bagay na

maaaring walang karunungan o mas mapanganib. Maaaring ito ay *pagpapahintulot* (o katanggap-tanggap) na kalooban ng ama habang hindi ito ang *lubos* na kalooban ng ama. Kung matigas ang ulo natin (tulad ng Alibughang Anak sa Lucas 15) maaari tayong pahintulatan na makagawa ng isang napakalaking pagkakamali bago tayo matutong magtiwala at sumunod sa ganap na kalooban ng ating Ama sa Langit.

May isang beses na itinuro sa akin ng Panginoon ang isang napakahalagang aral sa kung paanong ang di-balanseng musika at pagsamba ay espirituwal na makaaapekto sa isang gawain noong ako ay isang panauhing tagapagsalita sa isang simbahan. Habang ako ay naroon napansin ko ang isang bagay sa kanilang pananambahan na nakapagpabalisa sa aking espiritu. Ito ay tiyak na hindi kakulangan ng talento sa mga nasa grupo ng musika na nanguna sa gawain. Ang kanilang tagapangunang manunugtog ay naging isang sikat na musikero ng *jazz-rock* bago siya ipinanganak na muli. Ang grupo ng mga musikero na tinulungan niyang masanay ay napakahuhusay, na halos kaya nilang dalhin ang kongregasyon sa kung saan man nila ibig na pangunahan sila—ngunit ito ang bahagi ng problema! Paminsan-minsan nilang pinangungunahan ang mga tao sa presensiya ng Diyos, ngunit may mga iba pang pagkakataon na kinokontrol nila ang direksyon ng gawain sa pamamagitan ng kanilang kahanga-hangang talento at ang lakas ng malalaki nilang mga amplipayer. Sa mga panahong ito napakahirap makadama ng anumang pagpapahid ng Banal na Espiritu sa gawain.

Habang ako ay nananalangin tungkol dito, binuksan ng Panginoon ang aking espirituwal na mga mata at nakita ko kung ano ang nangyayari sa espirituwal na dako.[8] Nakita ko ang isang demonyo na nakaupo sa isang maliit na trono sa taas ng santuwaryo at nasa gilid. Naunawaan ko na ito ay isang masamang espiritu na may bahagyang pagkontrol sa simbahan.

At nakita ko din na ang demonyo ay nagsimulang tumugtog ng isang instrumentong musikal. Habang sinimulang niyang tugtugin ang kanyang musika nagsimula itong magpakalat ng isang espirituwal na impluwensiya sa buong santuwaryo. Nang mapuno ng impluwensiyang ito ang santuwaryo, isang pintuan sa sahig sa likod ng simbahan ay nabuksan at nakita ko ang mga hakbang na bumababa patungo sa impiyerno. Matapos ihanda ng musika ang daan, isang malakas na haring demonyo ang nagtungo sa bukas na pintuan at nagsimulang lumakad sa paligid ng simbahan.

Bago ang sandaling ito ako ay nakadalo na sa maraming mga gawain nang pagsamba kung saan ang Panginoon ay dumarating upang dumalaw sa Kanyang bayan. Ako ay nasa mga gawain na rin kung saan nalalaman ko na ang maluwalhating pagsamba ay naging dahilan na ang mga anghel ay bumaba mula sa langit upang sumali sa amin. Ngunit hindi ko kailanman inisip dati na ang kabaligtaran ay maaari ding mangyari. Ang pinahirang musika ay makapagpapababa ng mga anghel mula sa langit upang makisali sa atin sa pagsamba, ngunit ang isang maling musika ay makakapagpaakyat din ng mga demonyo mula sa impiyerno!

Kinausap ko ang pastor pagkatapos at ibinahagi ang aking alalahanin tungkol sa isang malakas na pagkahalong

espirituwal na gumagawa sa pamamagitan ng mga manunugtog ng simbahan. Sumang-ayon siya sa akin na mayroon ngang ilang malubhang mga problema. Gayunpaman, tumingin siya sa akin nang may kalungkutan at sinabi, "alam mo ba ang gitarista na nangunguna sa grupo? Siya ang aking ama. Ang tumutugtog ng *keyboard* ay aking kapatid na babae, at ang *drummer* ay ang aking kapatid na lalaki." Habang doon nagtapos ang aming pag-uusap, alam ko na ang ibig sabihin niyon ay hindi niya sisikapin na itama ang problema ng simbahan sapagkat maaaring maging sanhi iyon ng alitan sa kanyang pamilya.

Nawa ay tulungan ng Panginoon ang bawat isa sa atin na magkaroon ng malinaw na pagkilala sa bahagi ng balanseng pagsamba. Kasama ng espirituwal na pagkilalang ito, nawa ay magkaroon din tayo ng isang buong pusong pagnanais na *sundan* ang mga daan ng katuwiran na ipapakita ng Diyos sa atin. Ang Panginoon ay nagpatotoo, *"Natagpuan ko si David na anak ni Jesse, na isang lalaking kinalulugdan ng aking puso, na gagawa ng buong kalooban ko."*[9] Ito ay sa buong pusong paghahangad lamang natin na sundin ang buong kalooban ng Diyos na ang ating musika at pagsamba ay magiging makapangyarihan at Dalisay, katulad ng musika ni David. Sa gayon ay maaari nating anyayahan ang ating Diyos at Hari na dumating sa santuwaryo kapag tayo at sumasamba. At tulad din ni David, na ang ating musika ay mapahiran upang mapalayas ang masasamang espiritu—hindi ang anyayahan silang pumasok!

# Kabanata 7

# PANGUNGUNA SA PAGSAMBA

Ang bawat taga-panguna sa pagsamba ay humahawak ng isang napakahalaga at mahirap na gawain. Kahit na hindi ka personal na isang lider ng pagsamba o manunugtog, ito ay makabubuti para sa lahat ng tinatawag sa Kristiyanong pamumuno na magkaroon ng ilang kaunawaan tungkol sa mga kaguluhan ng ministeryong ito. Habang ang pinagsamang namumuno ng simbahan ay nakakakuha ng higit na karunungan at pagkilala, sila ay mas makakatulong na patnubayan ang mga tinawag sa napakahalagang responsibilidad na ito. Kaya kahit na ang iyong boses ay mas katulad ng isang palaka kaysa sa isang anghel at kailanman ay hindi kana magiging isang lider ng pagsamba, Laksan mo ang iyong loob na ang pagbabasa ng kabanatang ito ay maaari pa ring maging kapaki-pakinabang para sa iyo!

May maraming mga dahilan na dapat ay mahusay na napangunahan at naiayos para "matumbok ang marka" sa isang gawain ng pagsamba at matupad ang lahat ng plano ng Diyos. Habang nag-aawitan, dapat ay ipunin din ng lider ng pagsamba ang lahat ng mga manunugtog kasama ng kongregasyon, katulad ng tagakumpas ng isang simponya.

Subalit ang espirituwal na mga responsibilidad ng ministeryong ito ay mas malaki kaysa sa natural na talento at organisasyon na kinakailangan. Ang isang lider sa pagsamba ay kailangang maging sensitibo sa espirituwal na antas, upang mapangunahan ang lahat ng tao palalim sa presensiya ng Diyos habang iniiwasan ang espirituwal na mga hadlang at nilalabanan ang pagsalungat ng kaaway. Ang lider ng pagsamba ay kailangang maging isang mananamba, tagapag-ayos, mang-aawit, bantay at espirituwal na mandirigma na pinagsama sa isa!

## *Ang Kailangan para sa mga Tagapanguna sa Pagsamba*

Ang unang bagay na kailangang magkaroon ng mga tagapanguna sa pagsamba ay isang tamang pangitain tungo sa pag-unawa sa tunay na layunin ng kanilang ministeryo. Ang pangitaing ito ay dapat na sila ay maging isang mananamba na makatutulong na pangunahan ang lahat ng tao sa pagsamba. Sinabi sa atin ng ating Panginoong Jesus sa Juan 4:23 na ang Ama ay naghahanap ng tunay na mga mananamba. Mahalaga ito upang masiyahan ang puso ng Diyos, ngunit mahalaga rin ito para sa mga tao. Ito ay sapagkat dahil sa ating pagsamba sa Diyos na tayo ay nababago upang higit na maging katulad Niya.[1]

Ang maging isang lider sa pagsamba na pinangungunahan ang iba sa pagsamba ay ang pangitain na dapat ay mahigpit na nakahawak sa puso ng mga lider sa pagsamba, dahil marami ang mas may mga mababang pangitain o layunin. Ang isang ilustrasyon ng ilan sa mga

mababang layunin na ito ay maipaliliwanag gaya ng sumusunod:

1. Ang Tagapagpasigla

Ang ganitong uri ng lider ng pagsamba ay naglalalayong mag-udyok sa mga tao sa katuwaan at aktibidad. Inihahambing niya ang katuwaan sa pagpapahid. Naniniwala sila na ang isang mahusay na gawain sa pagsamba ay dapat maging magilas, malakas, at masigla. Kung ang isang gawain ng pagsamba ay nagiging tahimik o mabagal, iniisip nila na mayroong pagkagapos sa gawain, at dapat itong maging mas masigla. Ang "tagapagpasigla" ay palaging hinihikayat at sinasabihan ang kongregasyon kung ano ang gagawin habang hinahangad nilang pukawin ang mga tao. Nakarinig na ako ng mga tagapanguna sa awitan kagaya nito na patuloy na hinikayat ang mga tao na sumamba habang sila mismo ay hindi ito ginagawa! Hinahangad nilang dalhin ang kongregasyon sa isang pagpapalaya, ngunit ito ay maaaring maging mas madaling pagpapalaya ng makalamang kasigasigan sa halip na isang pagpapalaya ng pagpapahid at tunay na pagsamba.

2. Ang Tagapaglibang

Iniisip ng ganitong uri ng lider ng pagsamba na nagagawa niya nang mabuti ang kanyang trabaho kung ang kanyang pagtatanghal ay sikat at ang lahat ay nasiyahan sa gawain. Ang mga tagapaglibang ay hindi nakakakilala sa pagitan ng kaluluwa at espiritu (tingnan ang Hebreo 4:12). Bilang resulta, nilalayon nilang mapaluguran ang mga

kaluluwa ng tao ng mga bagay tulad ng kagandahan, talento, katatawanan, at drama sa halip na matutunan kung paano dumaloy at magministeryo sa Espiritu.[2] Dahil sinusukat ng tagapaglibang ang kanyang pagtatanghal sa pamamagitan ng kanyang kasikatan o tagumpay, may posibilidad na itaguyod niya ang kanyang sarili sa halip na ang Panginoon, at maaaring maging isang tagapaglugod sa tao sa halip na isang tagapagbigay-lugod sa Diyos.[3]

Ang pagtatanghal ng isang “tagapaglibang” ay maaring masundan ang isa sa dalawang mga di-balanse. Minsan ay gagayahin niya ang istilo ng isang sikat na lider ng pagsamba at lalabas na napaka-espirituwal. Gayunpaman, kung ang pagsisikap na ito na maging espirituwal ay hindi isang tunay na espirituwalidad na bunga sa pamamagitan ng gawain ng krus, ito ay pagkukunwari lamang. Maaari siyang magpakita na napaka-espirituwal kapag siya ay nasa “liwanag ng ilaw” sa simbahan, habang ang kanyang pang-araw-araw na buhay ay punong puno ng karnalidad at kasalanan!

Ang isa pang di-balanse ay na ang isang “tagapaglibang” ay maaaring gayahin ang mga pamamaraan ng mga sikat na mang-aawit at musikero ng sanlibutan, o ng karnal na mga Kristiyanong lider ng pag-aawitan. Kung ang isang lider ng pagsamba ay kulang sa espirituwal na pagkilala hahangarin niya ang tagumpay batay sa mga panlabas na pagsubok tulad ng pagtugon ng mga tao, kasikatan, pagdami ng dumadalo at tagumpay sa pananalapi. Maraming mga makamundo at karnal na mga kaparaanan kung saan ang mga hindi pa ligtas na mang-aawit at musikero ay nakakakuha ng lahat ng mga bagay na ito. Kung gagayahin sila ng mga Kristiyano, magkakaroon sila ng parehong makamundong tagumpay. Gaya kung

paano tinukso ni Satanas si Cristo sa ilang upang magkaroon ng makamundong tagumpay sa pamamagitan nang pagnakaw sa Kanyang pagsamba, ang mga lider sa pagsamba at manunugtog ngayon ay maaari ring humarap sa parehong pagtukso!

Ang mga lider sa pagsamba na "mga tagapaglibang" ay nakakagawa ng pagkakamali na ibinabala ni Apostol Pablo sa 2 Corinto 10:12 at 18, nang kanyang isinulat,

> *"Hindi kami nangangahas na ibilang o ihambing ang aming sarili sa ilan sa mga nagmamalaki sa kanilang sarili. Subalit silang sumusukat sa kanilang sarili sa pamamagitan ng kanilang sarili, at inihahambing ang kanilang sarili sa isa't isa, sila ay hindi nakakaunawa...Sapagkat hindi ang pumupuri sa kanyang sarili ang tinatanggap, kundi siya na pinupuri ng Panginoon."*

Ang isang lider ng pagsamba na nagnanais makakuha ng buong kumendasyon ng Diyos ay kailangang matuto mula sa mga halimbawa ni David. Si David sa panlabas na tingin ay mukhang hindi magiging isang matagumpay na tao, ngunit sinabi ng Diyos ang tungkol sa kanya na *"Sapagkat hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao. Ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa puso."*[4] Ito ay sa dahilang si David ay isang lalaking ayon sa sariling puso ng Diyos na siya ay itinaas upang maging *"Ang*

*kalugodlugod na Salmista ng Israel''*[5] Gayundin naman kung pareho nating itututok ang ating pangitain at pagsamba sa puso ng Diyos, hindi sa ating likas na paglilibang at tagumpay, maaari rin nating makuha ang mga kumendasyon at promosyon ng Panginoon na natamo ni David.

3. Ang Propesyonal

Ang isang lider sa pagsamba na may ganitong layunin ay maaaring maging abala sa paghahangad para sa kahusayan, habang kinakalimutan na ang kanyang pangunahing layunin ay ang sumamba sa Panginoon. Mahalaga ang musikal na talento at maayos na pagtutulungan, ngunit maaari itong maging isang idolo. Ang isang lider sa pananambahan na higit sa lahat ay naghahanap na maging propesyonal ay madalas nakagagawa ng isang maayos, napakahusay na gawain kung saan ang gawaing ito na nang pagsamba ang sinamba sa halip na ang Panginoon! Ito ay dahil ang isang tao na naglalayong itaguyod ang kanyang talento at produktong musikal ay tiyak na mailalayo ang atensyon ng mga tao mula sa buong pusong pagsamba sa Panginoon.

## *Hinahanap: Mga Gawaing Pagsamba, hindi Konsyerto ng Musika!*

Isang beses ay nagsalita sa isang iglesya kung saan binuksan ng Panginoon ang aking mga mata upang makita kung gaano kahalaga ang magkaroon ng isang malinis na

pangitain para sa gawain ng pagsamba. Ang gawaing ito ay pinangunahan ng isang grupong musikero kung saan ay nagtatanghal ng mga konsyerto ng musikang Kristiyano. Alam ng grupo na ang tagapagsalita para sa gawain (ang sarili ko) ay isang manunugtog at lider ng pananambahan na kilala sa pagkakaroon ng mga seminar sa musika at pagsamba. Sa iba pang mga motibo, gusto nilang gawin ang kanilang pinakamabuti upang mapabilib ang kanilang tagapagsalita. Sa katunayan, nakita ko nga na labis itong nakakabilib kaya binabanggit ko na ito ngayon sa buong mundo sa mga seminar sa pagsamba na ginagawa ko.

Nagsimula ang gawain sa isang "bang" habang sinimulan ng *drummer* ang simula ng unang kanta. Ang pang-eletrikang gitarista ay kaagad sumali na may isang *distortion unit* na nagbibigay sa kanyang gitara ng isang *heavy metal* na tunog. Ang malakas na musika ay kaagad sumunod kasabay ng mga mang-aawit na madalas paulit-ulit na sumisigaw, "*Let God arise*!" para sa mga kongregasyon na sumabay at ulitin. Nang ang gawain ay unti-unting walang tigil na nagpagtuloy kaagad kong napagtanto na tinutugtog ng grupong ito ang orihinal nitong mga kanta na regular na tinutugtog para sa mga konsyerto. Ang grupo ay hindi tumutugtog ng mga awitin na alam ng kongregasyon; at ang pailan-ilang mga bahagi na sinisikap ng kongregasyon na masabayan ay hindi na masyadong mahalaga. Ang grupo ng musika ay nagpatuloy, dinadala ang pagtatanghal makasabay man o hindi ang mga tao sa kongregasyon sa pag-awit, o pumalakpak lamang, o manood nalang! Bagamat ito ay Linggo ng umaga sa santuwaryo ng simbahan, agad kong inisip na ako ay nasa isang konsyerto ng musika at hindi sa isang gawain ng pagsamba.

Habang ang "gawain ng pagsamba" ay nagpatuloy nang mabilis, sinisikap kong manalangin at sumamba at makatagpo ang Panginoon. Alam ko na sa ilang minuto ay tatawagin na ako upang ipangaral ang pang-umagang mensahe, at nanalangin ako sa Panginoon na ipadala Niya ang Kanyang pagpapahid sa akin kahit pa ang presensiya ng Panginoon ay hindi nahayag sa gawain nang pag-aawitan.

Pagkatapos ay tiningnan ko ang aking asawa. Napansin ko na ni hindi man lamang siya sumubok na pumalakpak o umawit. Humilig ako sa kanya at sinabing "alam ko na ito ay hindi isang mabuting gawain ng pagsamba, pero kahit papaano ay subukan pa rin nating sumali at katagpuin ang Panginoon." Sumagot ang asawa ko, "Hindi ka sasabay ng pagkanta at pagpalakpak sa kanila kung nakita mo kung ano ang nakikita ko!" ang tugon na iyon ay nakakuha ng aking atensyon, kaya tinanong ko siya kung ano ang nakikita niya. Sumagot siya na binigyan siya ng Panginoon ng pangitain ng isang malaking idolo na pumapaibabaw sa grupo na gitna ng entablado.  Nakita niyang ang grupong ito ay umaawit at sumasamba sa idolo—at ang idolo ay ang kanilang sariling musika!

Pagkatapos kong mangaral at tinapos ng grupo ang gawain sa isang panghuling awit, ang kanilang lider ay agad na pumunta sa akin. Nabahala ako na baka tanungin niya ako sa aking opinyon tungkol sa "gawain ng pagsamba", at kailangan kong sabihin ang isang bagay na hindi kapuri-puri. Gayunpaman, ang aking mga alalahanin ay naibsan nang magsimula siyang magsalita. Ang una niyang mga sinabi sa akin ay: "Ang pag-aawitan ay napakahusay!"  Wala kaming nilampasan! Alam ko na agad

mula mismo nang magsimula ang *drummer*, na talagang papatok ito! Nagpatuloy-tuloy siya sa pagpupuri sa pagtatanghal ng kanyang grupo at ni hindi man lamang ako tinanong para sa aking opinyon o mga komento.

Kahit na kung ang aking asawa ay hindi nakatanggap ng pangitaing iyon, naging napakalinaw naman na ang kanilang talento ay isang idolo sa kanilang grupo. Ang saloobin ng kanilang lider kung paano niya pinuri ang pagtatanghal ng kanyang grupo ay ang parehong saloobin ng buong samahan sa mga panahon na sila ay nasa entablado.

Dahil ang kanilang ministeryo sa musika ay nakatuon sa sarili, ang grupong ito ay hindi lamang na hindi magpapasakop sa pagkapanginoon ni Cristo, kundi hindi rin sila magpapasakop sa kanilang pastor. Pagkalipas ng ilang buwan sinubukan ng pastor na muling buuin ang mga gawain ng pananambahan sa isang bagay na mas inaakala niyang higit na makabubuti. Nang makita ng grupo na hindi na nila magagawa ang gusto nila, umalis sila sa simbahan at naging sanhi ng paghihiwalay ng simbahan.

Ang ating mga motibo at pangitain para maging isang tagapanguna sa awitan o manunugtog sa Bahay ng Panginoon ay ang may pinakamataas na kahalagahan. Gagabayan nito ang lahat ng ating iniisip at ginagawa, at maaaring maging dahilan para sa atin na "matumbok ang marka" at matupad ang kalooban ng Diyos; o kaya ay maging sanhi para sa atin na sundin ang ating mga sariling ideyang pantao at mga layunin. Piliin natin ang malugod na gawin ang kalooban ng Diyos, at buong pusong hangarin na maging mga mananamba na Kanyang ninanais!

## *Mga Tulong Praktikal para sa Pangunguna sa isang Gawain ng Pananambahan*

Habang pinananatili ang tamang pangitain sa ating puso, kailangan din nating magkaroon ng mas maraming karunungan upang maging isang mahusay na mga tagapanguna sa pagsamba. Ang mga sumusunod ay mga hakbang na makatutulong sa isang tao na magdebelop ng isang mahusay na ministeryo.

1. Ang Iyong Puso ay Kailangang Maging Handa

Ang unang pundasyon na kailangan nating lahat ay ang gawing tama ang ating puso sa Diyos. Ipinahayag ng Salmista sa Awit 66:18, *"Kung iniingatan ko ang kasamaan sa aking puso, ang Panginoon ay hindi makikinig."* Upang maayos na makaganap sa anumang espirituwal na ministeryo kailangan nating magkaroon ng isang malinis na puso mula sa pagkaalipin. Hindi ibig sabihin niyan na tayo ay sakdal na, kundi kailangan nating malaman na malinis na tayong hinugasan ng dugo ni Cristo at makatatayo na tayo nang hindi nahihiya sa Kanyang presensiya. Kung ang sinuman ay walang ganitong kumpiyansa, kailangan nilang mataimtim na hingiin ang tagumpay na ito, o di kaya ay hilingin sa iba na pangunahan muna ang pananambahan na hininging paghandaan nilang gawin.

Ang isa pang paraan na kailangan nating ihanda ang ating mga puso ay ang magsimulang manalangin para sa darating na gawain. Dapat nating hanapin ang Panginoon para sa kapahayagan upang ipakita sa atin kung ano ang nais Niyang mangyari. Ang gawain ng pananambahan ay

maaaring maging katulad ng isang labanan, at ang isang matalinong komandante ay nagnanais magkaroon ng isang tamang plano ng labanan para sa bawat sitwasyon. Ang pananalangin ay makatutulong din sa atin upang magkaroon ng pagpapahid kapag tayo ay tumatayo upang pangunahan ang gawain.

Kailangan din nating ihanda ang ating mga puso upang magkaroon tayo ng tiwala sa Panginoon kapag tumayo tayo sa harapan ng maraming tao.[6] Ang komandante ng hukbo na natatakot sa harapan ng labanan ay hindi makapagbibigay ng inspirasyon sa kanyang pangkat na gawin ang pinakamabuti nila. Ngunit kung inihanda ng Diyos ang iyong puso gaya ng paghahanda Niya kay Josue, ang mga tao kung gayon ay magtitiwalang susunod sa iyong pangunguna. Kapag nakatayo ka sa harap ng maraming tao, magtiwala ka sa Panginoon na tutulungan ka Niyang pangunahan sila sa Kanyang presensiya. Ngumiti at maging natural, huwag manigas o matakot!

Ang huling dahilan na kailangan nating ihanda ang ating mga puso ay upang magkaroon tayo ng kagalakan ng Panginoon. Pinangungunahan natin ang iba sa kung ano ang mayroon tayo. Huwag dalhin sa gawain ang kabigatan ng puso na punong puno ng mga pasanin at mga problema. Iyan ay magpapaalaala lamang sa mga tao tungkol sa sarili nilang mga problema. Sa halip ay ituro sila sa Panginoon!

### 2. Maghanda ng isang Listahan ng Kanta

Ang mga lider sa pagsamba ay dapat maghanda ng kanilang listahan ng mga kanta nang maaga. Tulad ng isang mangangaral na dapat ay manalangin at maghanda muna ng

isang sermon, ang lider ng pagsamba ay nangangailangan din ng maraming maagang paghahanda na dapat niyang gawin. Hindi ibig sabihin nito na kinakailangan mong sundin ang eksaktong listahan mo sa oras mismo ng gawain, kagaya ng kung paanong ang mangangaral ay maaaring patnubayan ng Espiritu na sabihin ang mga bagay na hindi niya napaghandaan. Gayunpaman, kahit na binago mo ang pagkakasunod-sunod ng mga pantanging kanta sa oras ng gawain, ang isang listahan na maagang ginawa ay makatutulong nang maayos sa buong grupo ng pagsamba.

Ang pangunguna sa isang pagsamba ay hindi pang isang taong gawain. Ang mga simbahan ay may mga manunugtog at kung minsan ay may katuwang na mga mang-aawit o isang pangkat ng manganganta na makatutulong na mapangunahan ang gawain. Madalas ay kailangan nila ng mas maagang paalala at pag-eensayo para sa mga kanta. Kung ang iyong simbahan ay gumagamit ng isang prodyektor upang ipakita sa kongregasyon ang liriko ng mga kanta, ang taong nagpapagana nito maaga pa ay kailangan din ng isang listahan upang magampanan niya nang mas maayos ang kanyang tungkulin.

Ang mga kantang pinili mo para sa iyong listahan ay dapat dumaloy na magkakasama at unti-unting matulungan na mapangunahan ang iglesya tungo sa presensiya ng Diyos. Ang mga sumusunod ay ilang pangkalahatang halimbawa ng kung paanong ang mga awitin ay maaaring dumaloy kasama ng banal na direksyon at layunin.

Ang mga awitin ay maaaring maiayos alinsunod sa tipaan ng musika na aawitin nila. Dapat mag-ingat ka sa pagtono ng panimulang nota ng kanta sa tamang taas upang walang bahagi ng pagkanta ang kailangang awitin ng

masyadong mababa o masyadong mataas. Mahirap para sa kongregasyon na maging malaya ang kanilang mga puso sa pagpupuri at pagsamba kung ang kanilang mga lalamunan ay kailangang banatin ng husto!

Bawat simbahan ay dapat magkaroon ng isang listahan ng mga awit na kanilang kinakanta, kasama ng mga tipaan ng awit na maaaring maging kumportable silang kantahin. Kung wala kayong musikal na kakayahan upang gumawa ng pangunahing listahan na ito, maghanap kayo kung gayon ng isang makagagawa nito.

Kung nagsimula kang maghanda ng ilang mga kanta na kumportableng kantahin sa isang tiyak na tipaan, halimbawa ang tipaan ng C, maaari ka na ring maghanap ng iba pang mga kanta sa tipaan ng C upang ipagpatuloy ang daloy. Maaari mong kantahin ang mga awit na ito nang sunod-sunod na hindi na naghihintay pa sa mga manunugtog na bigyan ka ng bagong panimulang tipaan para umawit. Ito ang pinakamadaling musikal na paraan upang magdala ng pagdaloy sa gawain nang pananambahan. Kung gusto mong kumanta ng ilang mga awit sa magkaibang tipaan, napaka-kumportableng musikal din na pumili ng mga awit sa kasunod na mas mataas na buong tipaan. Halimbawa, pagkatapos ng ilang mga awit sa tipaang C, ay magiging pag-awit sa tipaan ng D. marahan nitong maitataas ang gawain ng pagsamba sa isang bago, at mas mataas na hakbang na hindi nagagawang maging nakalilito ang pag-aawitan.

Ang ikalawang paraan na ang isang gawain ng pagsamba ay maaaring maging maayos upang magkaroon nang isang pagdaloy, ay ang magkaroon ng isang ***tema*** o ***paksa*** sa mga awit. Maaaring naisin ng Panginoon na

bigyang-diin ang isang tema sa pamamagitan ng mga salita ng mga awit. Ang ilang mga tema na mayroong mga awit na magagamit ay kinabibilangan ng: kagalakan, kaligtasan, pagpapalaya, Zion, ang ilog ng Diyos, pakikipagbaka, ang dugo ni Cristo, tagumpay, pati na rin ang marami pang iba. Kung ang Panginoon ay naglalagay ng isang tema sa iyong puso habang inihahanda mo ang gawain ng pagsamba, maaaring ito na ang mahalagang mensahe para sa gawaing iyon. Kung minsan ang tagapagsalita ay may kaparehong paksa para sa kanyang pangangaral. Kung magkagayon, ang gawain ng pagsamba ay makatutulong na ihanda ang mga tao at kumpirmahin ang mensahe upang ang Panginoon ay makakilos sa isang mas matinding paraan sa oras ng pagtitipon.

Ang isang gawain ng pagsamba na dumadaloy sa isang tema na nagmula sa Banal na Espiritu ay maaaring magdala ng matinding pagpapala. Naaalala ko ang isang gawain ng pagsamba na pinangunahan ko sa dedikasyon ng isang bahay, kung saan ay naramdaman ko na kailangan naming umawit ng maraming awitin tungkol sa dugo ni Jesus. Habang sinasamba naming ang Panginoon inihahayag namin ang paglilinis ng dugo ni Cristo hanggang sa maramdaman namin ang presensiya ng Diyos na bumaba upang linisin ang bahay at ang propyedad.

Pagkalipas ng ilang araw ang asawang lalaki ng babaeng ito ay nagkaroon ng kakaibang karanasan. Bagama’t siya ay isang Kristiyano, ang kanyang asawa ay isang sugarol at lasenggo. Nang habang ito ay nakatayo sa labas ng kanyang bakuran, nakarinig siya ng mga tinig na tumatawag sa kanya mula sa bakuran ng kanyang kapitbahay. Sinabi nila, “Halika rito, alis tayo para

maglasing at magsugal at magsaya." Malinaw na narinig ng kanyang asawa ang mga boses, ngunit walang sinuman na naroon! Iyon ay ang mga demonyo na madalas kumokontrol sa kanya ang tumatawag sa kanya. Pagkatapos ay tinanong nga niya sila, "Bakit kailangan ko pang pumunta diyan patawid sa bakuran ng aking kapitbahay? Bakit hindi nalang kayo ang pumunta dito?" Sumagot ang mga demonyo, "hindi kami makatawid sa bakod, napakaraming dugo ni Jesus sa paligid mo!" ang isang gawain na iyon ng pagsamba ay nagdala ng proteksyon ng Diyos sa babaeng ito at sa kanyang pamilya sa isang hindi pangkaraniwang paraan, at ang kanyang asawa di-nagtagal pagkatapos noon ay naging isang Kristiyano at namuhay nang isang makadiyos na buhay sa loob ng maraming taon.

Ang isa pang paraan na tinalakay na natin upang maisaayos ang isang gawaing pagsamba ay ang pagpatuloy mula sa ***pagpupuri tungo sa pagsamba***. Ito ay isang mabuting pangkalahatang halimbawa para sa ating mga gawain. Gayunpaman, tandaan na ang halimbawang ito ng pagpupuri tungo sa pagsamba ay isang patnubay lamang na dapat ay hindi iginigiit na sundin. Maaaring naisin ng Panginoon na bigyang-diin ang pagpupuri sa isang espesipikong gawain, at walang pagsamba. Sa ibang pagkakataon, ang puso ng mga tao ay maaaring nakahanda (gaya ng sa pamamagitan nang pananalangin, o sa pamamagitan nang pagtugtog ng musika bago magsimula ang gawain) upang ang gawain ay magsimula na sa pagsamba. Sa ibang mga pagkakataon, kung may mga anumang pagkagapos o kabigatan sa pagsamba, madalas mas mabuti na magkaroon ng isang awit ng pagpupuri sa

katapusan ng pagsamba bago magpatuloy sa natitirang bahagi ng gawain.

Sa katulad na paraan, ang mga gawain ng pagsamba ay karaniwang maisasaayos ng mabuti sa pamamagitan ng pagsisimula mula sa mabilis na mga awitin tungo sa mabagal na mga awitin. Ang mga mabilis na mga kanta ay makatutulong na "gisingin" ang mga tao sa simula at hikayatin sila na magsimulang magalak. Ngunit kung ang mga tao ay nagsisimula ng makipagtagpo sa Diyos, ang mabagal na mga awitin ng pagsamba ay karaniwang nagdadala sa isang tao na mas lalong magbigay ng tuon sa pakikipagniig sa Diyos.

Ang isa pang katulad na halimbawa na maaari nating isaalang-alang kapag tayo ay naghahanda ng isang listahan ng kanta ay unang kumanta ng mga ***awit sa ating mga sarili, pagkatapos ay sa Panginoon***. Kung minsan sinisimulan natin ang gawain ng mga awitin kung saan ay binabati natin ang isa't isa—marahil upang tayong lahat ay magsimulang magpuri sa Panginoon, o ang lahat ay dapat pumasok sa espirituwal na pakikipagbaka. Ito ang mga kanta na ating inaawit sa ating mga sarili at sa iba pang miyembro ng simbahan. Maaari nating tawagin ito na "pahalang na pagpapalakas" o "ministeryo sa katawan." Maaaring maghatid ito ng napakahalagang layunin na pag-isahin at palakasin ang mga tao gawain ng pagsamba. Gayunpaman ang mas mataas na layunin ng gawain ay para sa atin na magtapos ang ating mga mata na nakatuon patungo sa langit, at ang ating mga puso ay personal na nakikipagtagpo sa Panginoon. Ito ay maaaring tawagin na "bertikal na pagsamba" o "pagmimiministeryo sa Panginoon."

Kung tayo ay hindi sanay sa bahaging ito nang pagpipili ng ating mga awit, tayo ay magkakaroon ng nakalilitong gawain. Maaari tayong magpalipat-lipat sa pag-awit ng mga awitin sa mga banal sa lupa at nakadirekta sa Diyos sa langit, hanggang sa maramdaman nating nagpaulit-ulit tayong namanhik manaog sa isang espirituwal na pagsakay sa *roller coaster*! Magiging katulad din halos ito ng pagsisikap na tumalon pabalik-balik sa pagitan ng Labas na Dako at Dakong Kabanal-banalan sa pagitan ng bawat awit.

Ang huling mungkahi para sa paghahanda ng gawaing pananambahan ay ang paggamit ng mga awitin na may ***kasalukuyang katotohanan*** o mayroong ***bagong pagpapahid***. Isulat ang titulo ng mga kanta na mayroong magandang resulta sa mga nagdaang gawain nang pananambahan, at alalahanin ang mga awitin na kamakailan lamang ay nasa iyong puso. Maaari din na minsan ay magising ka na kinakanta ang awiting iyong sa iyong puso. Gaya ng sinabi ng Salmista sa Awit 42:8 at 77:6, ang Diyos ay maaaring magbigay sa atin ng *"awit sa gabi."* Kahit na habang tayo ay natutulog ang Banal na Espiritu ay maaaring kumilos sa ating mga puso upang umawit, at sa ating paggising maalam na maalala natin kung anong awit ang binigay ng Banal na Espiritu sa atin. Kung tayo ay naghahanda sa pangunguna sa isang gawain ng pagsamba, ang awit na iyon sa gabi ay maaaring ibinigay sa atin upang maging isang mahalagang awit para sa darating na gawain.

### 3. Maging Isang Mabuting Lider

Ang isang tagapanguna ng pagsamba ay dapat maging kung ano ang sinasabi sa kanilang titulo—isang lider, hindi isang tagasunod! Ito ay iyong responsibilidad na pangunahan ang buong grupo ng mananamba at kongregasyon sa pakikipagtagpo sa Panginoon. Ang isang kinakabahan na lider na mahiyaing kumilos at mahinang magbigay ng direksyon ay hindi makapagbibigay ng inspirasyon sa kanilang pamumuno.

Kung ikaw ay nangunguna sa isang gawain ng pagsamba, magbigay ka ng malinaw na direksyon upang maunawaan ng lahat kung saan ka nangunguna. Ito ay makatutulong sa lahat na magkasamang dumaloy sa parehong direksyon nang walang pagkalito. Magsalita nang malinaw kapag kailangan mong magbigay ng mga direksyon. Kapag nagsisimula ng isang awit maaari kang magsimula sa pagpalakpak, pag-awit ng malakas, o ikumpas ang iyong mga kamay upang ipakita kapag sinimulan mo ito. Makatutulong ka sa pag-direkta sa bilis ng mga kanta sa pamamagitan ng pagpalakpak, paggamit ng tamburin, o sa pagkumpas ng iyong mga kamay. Kung nais mo na ang lahat ay sumabay sa isang pag-aksyon (gaya ng pagtaas ng kanilang mga kamay o pagsasayaw) sabihin mo sa kanila nang maaga, alinman bago magsimula ang awit o sa isang mas tahimik na sandali sa panahon ng kanta na ang lahat ay hindi umaawit.

Kung gusto mong ulitin ang isang koro, maaari mong ituloy-tuloy ang pagkanta o di kaya ay gumamit ka ng kamay na pangsenyas na aawitin mo ulit ito. Kapag gusto mo namang ihinto ang pag-aawitan, maaari mong itigil ang

pagpalakpak at tumayo ng tahimik at kalmado, o di kaya ay itaas mo ang iyong bukas na kamay upang makuha ang kanilang pansin. Kung ibig mo naman na pangunahan ang lahat sa isang kusang-loob na pagsamba, maaari mong itaas ang iyong mga kamay bago magtapos ang koro, ipikit ang iyong mga mata, at magsimulang sumamba habang marahil ay lumayo din ng kaunti mula sa mikropono.

Maaaring kakailanganin mo ang magkaroon ng isang sistema ng mga senyas na gagamitin kasama ng nasa prodyektor. Ang gawain ng pananambahan ay madalas naaabala kapag ang isang kanta ay hindi kaagad-agad nailalagay sa prodyektor, o di kaya ay maling mga letra ang nakalagay roon.

Kung mayroon kang isang tahimik na senyas na maaari mong ibigay sa taong nasa prodyektor o ang nasa kumpyuter (marahil isang pagtango ng iyong ulo, o pagbaligtad ng iyong kamay) sa gayon ay maipapaalam mo sa kanila ng mas maaga na kailangan na nilang maghanda na ilagay ang susunod na kanta sa prodyektor. Tiyakin lamang na ang taong gumagamit nito ay nakatutok saiyo para sa mga direksyon. Kung kanilang ipipikit ng labis ang kanilang mga mata para sumamba sa Panginoon, maaari nilang makaligtaan ang iyong mga direksyon at mauwi sa pagkagambala sa buong simbahan.

Ang mga senyas na aking ginagamit sa taong naatasan sa prodyektor ay ang aking mga mata na nakikipag-ugnay sa kanila at binabaliktad ko ang aking kamay kapag nasa koro na. Ito ay para ipakita sa kanila na nasa huling bahagi na kami ng pag-uulit ng kanta, upang maging handa na silang ilagay ang susunod na awit. Kung gusto kong laktawan ang isang kanta at magpatuloy sa susunod na awit

na nasa listahan ko, binabaligtad ko ang aking kamay at pagkatapos ay isesenyas ko ang aking dalawang daliri upang ipakita sa kanila na magpatuloy sa ikalawang awitin. At kung gusto kong bumalik sa naunang kanta, ibabaligtad ko ang aking kamay pasalungat at pabalik upang senyasan sila na ihanda ang pag-ulit sa naunang kanta.

### 4. Maging isang Mabuting Taga-sunod

Habang kailangang matutunan ng isang lider sa pagsamba kung paano manguna ng maayos, ang pinaka-importanteng susi para sa pagiging isang mabuting lider ay ang malaman kung paano din maging isang mabuting taga-sunod. Kung hindi ikaw ang sinyor pastor ng simbahan, kailangan mong malaman kung ano ang gustong ipagawa saiyo ng mga namumuno. Nais ba nila ng maiksing gawain ng pananambahan? Kung gayon ay panatilihin mo itong maikli! Ikaw ay nangunguna sa ilalim ng pastor, ang tagapanguna sa gawain, at sa direktor ng musika. Kung mayroon silang kumpiyansa sa iyong ministeryo at bigyan ka ng buong kalayaan na pangunahan ang gawain ng pananambahan, sikapin mo na mapangunahan ito ng mabuti. Ngunit kung ikaw ay natututo pa lamang o kung ang mga namumuno sa simbahan ay nagbigay na ng mga panuntunan para sa mga tagapanguna ng pagsamba, maging sensitibo ka na manatili sa kung anumang mga direksyon na ibinibigay nila saiyo. Kung hinihilingan ka lamang na manguna sa ilang maikling mga awitin, huwag mong agawin ang buong gawain at subukan na mangaral, mag propesiya ng mga pagpapahayag, o magtawag sa altar!

Maraming beses na ang mga lider ng pananambahan ay nahihirapan kapag kanilang naramdaman na ang pansariling gabay sa kanila ng Banal na Espiritu ay magkaiba sa kung ano ang hiniling sa kanila na gawin ng mga namumuno sa simbahan. Ayaw nilang suwayin ang kanilang mga lider sa simbahan, subalit ayaw din naman nilang suwayin ang Diyos. Dito kung saan ay kailangang alalahanin ng mga lider ng pagsamba na sila (pati na rin ang ibang lider ng simbahan) ay lahat nasa proseso ng pagtuturo ng Banal na Espiritu. Pagkatapos ng gawain, magkasamang pag-usapan ang naging pagdaloy ng gawain. Matapat na kilalanin ang tungkol sa mga naging kalakasan at kahinaan ng gawain, at kung ang pagkakaroon ba ng ibang direksyon ay maaari sanang makapagdulot ng mas mainam na mga resulta. Sa ganitong paraan ang buong pamunuan ay maaaring lumago sa kanilang kakayahan na pangunahan ang mga gawain. Ang pagtalakay sa mga bagay na ito ay maaari ring makapagbigay sa pamunuan ng isang mahusay na ideya ng kung ano ang sinusubukan mong magawa sa iyong pangunguna sa pagsamba. Maaari ka rin nilang bigyan ng higit na kakayahang makakilos sa iyong pangunguna sa mga gawain ng pananambahan. Subalit kung hindi ka man nila pahintulutan ng higit pang kalayaan sa iyong pangunguna sa gawain ng pagsamba, huwag mong marapatin na kontrolin mag-isa at suwayin ang pamunuan. Kung ginawa mo ang iyong pinakamabuti sa pangunguna sa gawain sa ilalim ng mga direksyon na ibinigay ng mga lider sa iyo, hindi na ikaw ang mananagot sa Diyos para sa anumang mga hadlang na naidulot ng mga maghihigpit na iyon.Ang Panginoon ay nalulugod sa iyo na

ginawa mo ang iyong tungkulin sa abot ng iyong kakayahan sa ilalim ng mga paghihigpit ng ibinigay sa iyo.

### 5. Pagsisimula ng Gawain ng Pagsamba

Kung sinisimulan mo ang gawain mula sa pinakasimula, kailangan mong ipunin ang pansin ng kongregasyon at anyayahan mo silang magpatuloy. Ito ay maaaring magawa sa pamamagitan ng pananalangin, pagbabasa ng bibliya, at/o sa pamamagitan ng masidhing paghihikayat.

Kung ang iba (gaya ng pastor o mga manunugtog) ay sinimulan na ang gawain at nagawa nang madala ang mga tao sa pagdaloy, maging sensitibo nang pangunahan na magpatuloy mula sa kung nasaan na sila naroon. Ang gawain ay maaaring maging isang karera ng pagpapalipat-lipat, at kailangan mong maunawaan kung saan ka nagsisimula upang mapangunahan sila. Huwag mo silang ibalik sa simula! Kung ang kongregasyon ay nakapagsimula nang umawit ng mga papuring awit bago ibinigay ang mikropono sa tagapanguna ng pagsamba, magiging maalam para sa lider ng pagsamba na tanggalin na lamang ang ilang mga papuring awit mula sa listahan na kanyang inihanda. Ang magkasamang dalawang gawain ng pagpupuri ay magiging mahaba at nakakapagod. Gayundin, kung ang puso ng mga tao ay nakahanda na (gaya ng sa panahon ng kombensiyon o magkakasunod na pagtitipon) marahil ay mararamdaman mo na direktang magpatuloy sa mga awiting pagsamba na hindi na magsisimula pa sa mga papuring awitin.

6. Pamamahala sa Daloy

Nais mo na ang gawain ng pala-awitan ay patuloy na dumaloy sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Espiritu ay tinutukoy sa mga Kasulatan na katulad ng hangin, tubig, at langis. Ang bawat isa sa mga ito ay may mga kaayusan ng paggalaw, at sa parehong paraan ay maaari nating matututunan kung paanong ninanais ng Banal na Espiritu na kumilos sa pamamagitan ng ating mga gawain ng pag-aawitan.

Ang isang lider ng pagsamba ay dapat maging sensitibo sa kung ilang ulit niya dapat pangunahan ang isang kanta. Maraming beses na ang isang partikular na awit ay maaaring maging isang susi na magdadala ng tagumpay sa gawain. Kung ang pagpapahid ay patuloy na tumataas habang inuulit mo ang isang awit, maaaring maramdaman mo na awitin pa ulit ito nang marami pang beses. Ang ilang Biblikal na mga halimbawa ng mga awit ng tagumpay na paulit-ulit na ginamit sa buong araw ay ang Exodo 15:20-21, at 1 Samuel 18:6-7.

Hanapin ang kalayaan sa pagpupuri bago magpatuloy sa pagsamba. Kung walang pagtatagumpay, kalayaan, o kagalakan, manalangin kaagad ng susi para dito. Marahil ang pagtatagumpay ay darating sa pamamagitan ng isang awit, isang panalangin, o isang pagpapalakas. Ang isang aksyon, (gaya ng pagsisigaw, pagsasayaw, o pagpalakpak ng ating mga kamay) ay madalas nakakatulong sa pagdadala ng pagpapalaya.

Maging maingat na pangunahan ang mga tao palayo mula sa pagkagambala. Maaaring kabilang dito ang pagkakaroon ng mga taong palakad-lakad, ingay mula sa

labas ng santuwaryo, o pagkakaroon ng mga kagamitang pang-musika na hindi gumagana ng maayos. Panatilihing nakatuon ang atensyon ng mga tao sa Panginoon at magtalaga ng ibang tao (gaya ng mga manggagawa o mga *usher*) na nakahandang ayusin ang mga problema.

Resposibilidad ng isang lider ng pagsamba na tipunin ang puso ng mga tao at pagkatapos ay pangunahan sila sa Panginoon. Upang magawa ito, madalas ay kailangan muna nilang kunin ang atensyon ng mga tao at itaas ito higit sa kanilang makasariling mga pag-iisip at mga pakikipagbaka. Subalit habang tumataas ang pananambahan, ay kailangang maituon na nila ang atensyon ng mga tao sa Panginoon, isang punto kung saan ang lider at grupo ng pananambahan ay kailangan nang *bitawan* ang atensyon ng mga tao!

Nakita natin ang parehong progreso na ito sa ministeryo ni Juan Bautista. Nang una siyang dumating sa eksena ang lahat ng tao ay kaagad nagbigay tuon sa kanyang masiglang ministeryo. Ngunit pagkatapos na maihanda ni Juan Bautista ang daan at si Cristo ay dumating, umalis na si Juan sa gitna ng entablado. Nang ang ilan sa kanyang mga disipulo ay nagsimulang magreklamo na ang kanyang ministeryo ay hindi na "tampulan ng pansin", ang tanging nasabi na lamang ni Juan ay, *"Siya'y kailangang tumaas, ngunit ako'y kailangang bumaba."* Jn. 3:30.

Ilan sa mga paraan na maibabaling natin ang atensyon ng mga tao sa Panginoon (at palayo sa ating mga sarili) ay ang mga sumusunod:

a) Maging isang pananamba, hindi lamang isang lider ng pagsamba o direktor.

b) Iwasan ang pagsasalita ng mga hindi kinakailangang salita, gaya ng pagpapalakas sa mga tao o inuulit ang mga liriko ng kanta…

c) Iwasang magbigay ng maraming direksyon, at huwag patuloy na kontrolin ang gawain kapag ang Espiritu ay nagsimula nang kumilos. Magbigay ng pagkakataon para sa Panginoon (at sa iba) na makapagministeryo, sa pamamagitan ng paghihintay sa Panginoon. Magbigay ng pagkakataon para sa pagpopropesiya at iba pang mga paghahayag na ipararanas ng Espiritu.

d) Iwasan ang mga paggalaw na kumukuha ng atensyon sa iyong sarili. Kasama na dito ang pakikipag-usap sa iba, pagmamadali papunta sa pulpito, mga senyas ng kamay na paturo sa iyong sarili, at iba pang mga kagaya nito.

e) Gumamit ng mga paggalaw na maglalapit sa atensyon ng mga tao sa Panginoon. Kasama dito ang pagtaas ng iyong mga kamay sa pagsamba, pagpikit ng iyong mga mata, pananatiling nakatayo, pagluhod sa pagsamba, at paglayo sa pulpito o "gitna ng altar"

f) Sa panahon ng pagsamba, lumayo sa mikropono (kung gumagamit ng lagayang sabitan) o hawakan ito palayo sa iyong bibig. Kung hindi pa ito ang pagkakataon na kailangan mong magbigay ng isang malinaw na mga direksiyon, hayaan silang magkipag-isa sa Panginoon! Ang iyong tinig ay hindi dapat palaging nagdodomina na parang ikaw ay umaawit ng solo. Kung ang mga tao ay nakikipagtagpo na sa Panginoon sa panahon ng pagsamba,

lumayo na sa mikropono upang ikaw ay maging isa sa mga maraming iba pang mananamba.

g) Hayaan ang kongregasyon na dalhin ang karanasan sa pagsamba sa halip na ang grupo ng mananamba. Tandaan na ang kongregasyon ay marahil nasa 90% ng mga mananamba sa gawain, at ang iyong grupo ng pagsamba ay naroon upang tulungan sila, hindi ang kabaligtaran nito.

h) Alamin kung kailan titigil. Sikapin na matapos ang ministeryo mo sa pangunguna sa pagsamba na ang mga tao ay nasa espirituwal na tuktok ng bundok, hindi sa isang lambak. Sikaping magtapos na naroon ang malakas na presensiya ng Panginoon sa santuwaryo, at ang puso ng mga banal ay puno ng kagalakan, pag-ibig, at tagumpay. Kung dadalhin mo ang gawain ng napakatagal, maaaring mapagod na ang mga tao, at ang presensiya ng Panginoon ay maaaring magsimulang umangat.

Kung ang gawain ay hindi nagiging mabuti, sikaping makita kung madadala mo ito sa pagtatagumpay. Kung hindi mo kaya, ipasa ang gawain sa susunod na lider. Marahil mayroon silang susi para sa isang panibagong pagtatagumpay na wala ka.

### 7. Paggawa Kasama ng mga Manunugtog

Ang lider ng pagsamba ay dapat matututong makidaloy ng mahusay kasama ng lahat ng mga manunugtog. Kailangang magkaroon nang pagkakaisa sa isang gawain

para sa pagpapala ng Diyos na dumating, gaya ng binibigyang diin sa Awit 133.

Tiyaking alam ng mga manunugtog kung paano tugtugin ang lahat ng mga kanta na iyong pangungunahan. Bigyan sila ng listahan ng awit na may mga tipaan ng mga kanta. Sikapin na magkasamang makapag-ensayo bago magsimula ang gawain.

Karamihan sa mga simbahan ay nagkakaroon na nang pagsasanay sa musika bago ang gawain sa araw ng Linggo. Napakahalaga para sa grupo na makapagsanay hindi lamang ng mga kanta kundi ang makapaglaan din ng panahon na matuto kung papaano makapagdaloy ng sama-sama sa pagsamba. Makatutulong ito na makagawa ng pagkakaiba sa pagitan ng pagkakaroon ng aktuwal na gawain ng pag-aawitan na maging isang konsyerto ng musika o isang karanasan sa pagsamba. Mabuti din ito para sa buong grupo na dumating nang maaga sa mga gawain upang sama-samang makapanalangin.

Kailangan ng lahat sa grupo na malaman ang iyong mga pagsenyas ng direksiyon. Dapat ay mabigyan mo sila ng mga simpleng senyas na masusundan nila. Ang iba't ibang senyas ng mga kamay ay maaaring makapagbigay direksiyon sa grupo kung kailan magsisimula, uulit, o titigil, at kung paano magkaroon ng tamang pagtipa, bilis, at lakas. Sikaping gawin ang mga senyas na "hindi nakikita" ng kongregasyon upang hindi sila magambala ng mga mekanismo ng gawain. Ang isang senyas ng kamay mula sa iyong likuran o sa likod ng pulpito ay kadalasang ginagawa sa paraan na tanging ang mga tao lamang na kailangang makita ang senyas ang makakapansin nito. Ang pinakamahusay na paraan na masabi kung ang isang

gawain ay mahusay na nakaayos ay kung hindi mo napapansin ang pag-aayos o kakulangan nito.

Maraming mga simbahan ang naglimbag ng isang buong listahan ng mga alituntunin para sa parehong mga lider at manunugtog ng pagsamba na susundan. Sa dulo ng aklat na ito ay ang isang halimbawa ng mga alituntuning ito para mapag-aralan mo pa ng husto. Marahil ay nanaisin mo ding gumawa ng sarili mong listahan, tulad ng iba't ibang simbahan na mayroong iba't ibang sitwasyon kung saan ay nangangailangan ng magkakaibang mga alituntunin.

## Kabanata 8

# PAGSASAAYOS MULI NG MGA NASIRA

Kagaya nang nakita natin, ang musika ni David ay isang mahalagang bahagi ng mga rebaybal na nasa kaharian niya at sa kaharian ni Solomon. Mula dito ay nagpatuloy pa na may ibang matitinding mga rebaybal sa kaharian ng Judah sa loob ng ilang siglo pagkatapos ng panahon ni Solomon, at sa bawat pagpapanibagong-buhay ay kasama ang pagpapanumbalik ng musika at pagsamba ni David.[1] Hindi natin matatawaran ang kahalagahan ng pagsamba na itinatag ni David para sa kaharian ng Juda. Kahit na ang mismong pangalang *Juda*, na ang ibig sabihin ay *papuri* mula sa wikang Hebreo, ay nagpapakita na sila ay magiging isang kaharian ng pagpupuri!

Ngunit sa pagitan ng mga rebaybal na ito ay madalas mayroong mahabang panahon na ang bayan ng Diyos ay naging maligamgam o nagsitalikod. Ang pagsamba na itinatag ni David ay kinalimutan hanggang sa ang sumunod na rebaybal ay nagsimula. Sinasabi sa Amos 9:11 na ang pagbagsak ng Tabernakulo ni David, at ang pagsamba na kinakatawan ng Tabernakulo ay naging tulad ng isang nasira o nawasak na dako ng isang pader. *"Sa araw na iyon ay ibabangon ko ang Tabernakulo ni David na bumagsak, at lalagyan ko ng bakod ang mga sira niyon…" Amos 9:11.*

Gaya ng sa kaharian ng Juda, nagkaroon din ng maraming mga pagkasira o puwang sa pagitan ng mga panahon ng rebaybal sa kasaysayan ng Iglesya. Sa mga panahong ito kung saan ang rebaybal at tunay na pagsamba ay "nawasak" o tumigil, ang mga nasira ay kinakailangang muling itayo at ang pagsamba ay dapat ibalik sa pamarisan ng Tabernakulo ni David.

Ano ang pumipigil sa totoong pagsamba at rebaybal, at papaano maisaayos ang mga pagkasira? Magkakaroon tayo ng isang mahalagang kaunawaan sa suliraning ito habang pinag-aaralan natin ang unang pagkasira na naranasan ni David sa kanyang pagsamba, kung saan ay pinangalanan niyang *"ang Pagpaparusa kay Uza"* sa 2 Samuel 6:8. Ang paglabag na ito ang pumigil sa kanyang unang pagtangka na dalhin pabalik ang presensiya at kaluwalhatian ng Diyos sa Kanyang bayan. Maaari tayong matuto mula sa karanasan ni haring David upang maiayos din natin ang mga pagkakasira o mga puwang sa ating sariling pagsamba. Sa paggawa nito tayo ay maghahanda para sa rebaybal sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng pamarisan ng Tabernakulo ni David.

## *Sinubukan ni David na Ibalik Ang Kaluwalhatian*

Mababasa natin sa 1 Cronica kabanata 13 na sa mismong sandali na si David ay naging hari ng lahat ng Israel, ninais niyang ibalik ang kaban ng Diyos. Ang kaban na ito ay isang kahon na kahoy na nababalutan ng ginto at may dalawang kerubim sa itaas na nakatakip. Inutusan ng Panginoon si Moises na gawing simbolo ang kaban ng

Tipan ng presensiya at kaluwalhatian ng Diyos na nananahan sa Kanyang bayan.

Ang kaban na ito ay kasa-kasama ng mga Israelita sa Tabernakulo ni Moises sa loob ng maraming siglo, hanggang sa mga panahon ni Eli ang Punong Saserdote. Mababasa natin sa 1 Samuel kabanata 4 na nang nagbalik ang hukbo ng mga Filisteo upang salakayin ang Israel, dinala ng mga Israelita ang kaban sa lugar ng digmaan, na umaasang ihahayag ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan at lulupigin ang kaaway. Subalit dahil sa kanilang mga kasalanan, itinulot ng Panginoon na madaig ang Kanyang bayan at makuha ng mga Filisteo ang kaban. Si Eli at ang kanyang mga anak na lalaki ay namatay noong araw ding iyon, at ang biyuda ng isa sa mga anak ni Eli ay nanganak ng isang lalaki kung saan ay pinangalanan niyang *Icabod*, na nangangahulugang *walang kaluwalhatian*. Habang siya ay nasa bingit ng kamatayan sa kanyang panganganak ay kanyang sinabi, *"Ang kaluwalhatian ng Diyos ay umalis sa Israel, sapagkat ang kaban ng Diyos ay nakuha."*[2]

Hindi naitago ng mga Filisteo sa matagal na panahon ang kaban, dahil inihayag ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan sa kanilang kalagitnaan sa pamamagitan ng pagsira Niya sa kanilang diyus-diyusan at pagdadala ng salot sa kanilang mga lungsod.[3] Nagpasiya silang alamin kung totoong ang kaban ng Diyos talaga ang dahilan ng lahat ng kanilang mga problema sa pamamagitan ng paglalagay ng kaban sa kariton na nakasingkaw sa dalawang baka. Ang mga baka na napili ay hindi pa kailanman nakaranas na makabitan ng pamatok, at mayroon silang mga batang guya na kinuha mula sa kanila at ipinadala pabalik sa kanilang mga kuwadra. Kapag ang

mga baka ay binitiwan at hinayaang pumunta kung saan, alam ng mga Filisteo na ang unang natural na tugon ng mga nanay na baka ay ang tanggihan ang pamatok at babalik sa kanilang tahanan sa kanilang mga batang guya. Kinilala nila na ang hindi ginabayang mga baka ay madadala *lamang* ang kariton na may kaban sa lansangang daan pabalik sa Israel kung makahimala silang papatnubayan ng Diyos.

Muli ay ipinakita ng Panginoon sa mga Filisteo ang Kanyang kapangyarihan, sa pamamagitan ng deretsong pagdala sa mga baka patungo sa lupain ng Israel habang hila-hila nila ang kaban, gaya ng nakatala sa 1 Samuel kabanata 6. Ngunit bagaman ang kaban ay naibalik na sa loob ng hangganan ng Israel, ito ay hindi naibalik sa Tabernakulo ni Moises o sa alinman sa mahahalagang dako sa loob ng hindi baba sa 80 taon hanggang sa panahon ni David. Na kung saan ay sinabihan ng bagong hari ang lahat ng kanyang bayan, *"Muli nating dalhin ang kaban ng ating Diyos sa atin, sapagkat ito'y kinaligtaan natin sa mga araw ni Saul."*[4]

Si David ay lalaking ayon sa puso ng Diyos, na nagnanais na dalhin pabalik ang kaluwalhatian ng Diyos sa kanyang bayan. Sinasabi sa atin sa Unang Cronica 13:6-13 ang tungkol sa unang pagtangka ni David na ibalik ang kaban sa gitnang lunsod ng Jerusalem. Doon ay mababasa natin,

> *At si David at ang buong Israel ay umahon sa Baala, samakatuwid ay sa Kiryat-jearim na sakop ng Juda, upang dalhin mula roon ang kaban ng Diyos, tinatawag ayon sa pangalan ng PANGINOON na nakaupo sa ibabaw ng kerubin. Kanilang dinala ang kaban ng Diyos na nakasakay sa isang bagong*

> *kariton mula sa bahay ni Abinadab. Sina Uzah at Ahio ang nagpapatakbo ng kariton. At si David at ang buong Israel ay nagkakasayahan sa harapan ng Diyos nang buong lakas nila, na may mga awit, mga alpa, mga lira, mga tamburin, mga pompiyang, at mga trumpeta. Nang sila'y dumating sa giikan ng Kidon, iniunat ni Uzah ang kanyang kamay upang hawakan ang kaban, sapagkat natisod ang mga baka. At ang galit ng PANGINOON ay nagningas laban kay Uzah, at siya'y kanyang sinaktan sapagkat siya'y humawak sa kaban, at doo'y namatay siya sa harapan ng Diyos. Kaya't sumama ang loob ni David sapagkat nagalit ang PANGINOON kay Uzah, at kanyang tinawag ang dakong iyon na Perez-uza[a] hanggang sa araw na ito. At si David ay natakot sa Diyos nang araw na iyon, na nagsasabi, "Paano ko maiuuwi ang kaban ng Diyos?" Kaya't hindi inilipat ni David ang kaban sa lunsod ni David, kundi ito'y dinala sa bahay ni Obed-edom na Geteo."*

Ang unang rebaybal na sinimulan ni David bilang hari ng Israel ay tila mayroong napakagandang simulain. Ang lahat ng bansa ay dumalo sa pagbubukas ng gawain, at ang pagsamba ay napakasaya at kahanga-hanga kasama nang lahat ng mga instrumento at pag-aawitan. Ngunit ang rebaybal ay biglang nahinto kaagad nang nagpadala ang Diyos ng paghatol sa halip na pagpapala.

### *Ang Giikan ng Kidon*

Habang dinadala ni David at ng lahat ng taga-Israel ang kaban ng Diyos paakyat sa Jerusalem, sila ay napadaan sa isang giikan. Doon kung saan pinili ng Diyos na giikin ang rebaybal upang alisin ang pagkakahalo na kasama roon.

Mababasa natin sa Mateo 3:12 na ang ating Panginoong Jesus ay *"lilinisin niya ang kanyang giikan. Titipunin niya ang kanyang trigo sa kamalig, subalit ang ipa ay susunugin niya sa apoy na hindi mapapatay."* Naglilingkod tayo sa isang banal na Diyos pinahihintulutan lamang ang mga pagkahalo sa isang punto, ngunit sa kabila nito ay pipiliin Niyang linisin ang Kanyang bayan sa mabilis at masusing paghatol! May mga panahon sa lahat ng ating espirituwal na paglago, kapag tayo ay dumaan sa "giikan" na mga karanasan nang paglilinis.

Ang giikan na ito ay pagmamay-ari ng isang lalaki na nagngangalang *Kidon*. Ang kanyang pangalan sa orihinal na Hebreo ay nangangahulugan ng *"isang bagay na humahampas"* at nagmula sa isang salitang ugat na ibig sabihin ay *kalamidad* o *pagkasira*. Ang kalamidad na ito o pagkasira ay ang mismong nangyari sa giikan ng Kidon nang tangkain ni David na dalhin pabalik ang kaluwalhatian ng Diyos. Hinampas ng Diyos si Uzzah ng kamatayan sa kalagitnaan mismo ng pagdiriwang, at ang rebaybal ay kaagad na natapos.

Pinangalanan ni David ang lugar na *Perez Uza*, na ang ibig sabihin ay *ang Pagpaparusa kay Uza*. Nagkaroon ng isang pagkasira o pagkawasak sa rebaybal na kinakailangang maayos at maisara (gaya ng sinisimbolo ng kaban) bago makapagpatuloy kumilos ang Panginoon.

Sa katulad na paraan, mayroon ding mga dahilan kung bakit ang rebaybal ay pinipigilan mula sa isang buhay, iglesya, o bansa. Maaari tayong magkaroon ng pinakamahusay na intensyon tulad ni David, at ang lahat sa ating ministeryo ay tila maayos ang tinutungo ayon sa plano para sa ilang mga sandali. Ngunit kapag pinili na ng Panginoon na ihayag ang pagkahalo sa ating ministeryo sa panahon ng isang karanasan sa "giikan", ang pagkasira, o pagbagsak ay maaaring mangyari na siyang pipigil sa pagkilos ng Diyos hanggang sa mapaghiwalay natin ang ipa sa trigo.

Si David kinalaunan ay napunta sa iba pang "giikan" na karanasan nang ang Panginoon ay nagpadala ng isang salot sa Israel, at ang mapanirang anghel ay tumayo sa may giikan ni Ornan sa 1 Cronica 21:5. Nagsisi si David at nagtayo ng isang altar doon, at ang giikan na iyon ay naging dako kung saan ay itinayo ang Templo ni Solomon.[5] Kaya nga makikita natin na ang paghatol at paglilinis na natanggap sa mga karanasan na ito, ang giikan ay maaaring gamitin ng Diyos upang maging daanan ng maluwalhating bagong mga karanasan ng pagsamba at rebaybal.

Sa ating panahon, nakita din natin na dinala ng Panginoon ang Kanyang bayan sa mga panahon ng giikan. Mapasa-internasyonal man na antas o sikat sa buong mundo na ebanghelista sa telebisyon, o pababa sa antas ng isang iglesya lokal, ay ginigiik ng Panginoon ang Kanyang bayan upang alisin ang pagkahalo. Habang ito ang panahon ng pagsisisi at paglilinis para sa Iglesya, ito rin ang panahon para sa maluwalhating pag-asa. Ang rebaybal ay darating sa lalong madaling panahon sa mga banal na natutong

sumamba at maglingkod sa Panginoon sa espiritu at katotohanan!

### *Ang mga Baka ay Natisod*

Mababasa natin sa 1 Cronica 13:9 na ang mga baka ay natisod sa dakong giikan ni Kidon. Ang dahilan nito ay dinala ang kaban sa pamamagitan ng isang maling paraan. Sinunod nilang ang plano ng mga Filisteo sa paggamit ng kariton, sa halip na sundin ang utos ng banal na kasulatan.[6] Ito ang pagkahalo sa kanilang gawaing pagsamba na pinili ng Panginoon upang linisin.

Maraming nga talata sa Bagong Tipan ang nagsasabi na ang baka ay kumakatawan sa isang tagapaglingkod.[7] Kung paanong ang mga baka na humihila ng kariton ay natisod, may mga pagkakataon din kung saan ang mga indibiduwal na ministeryo ay matitisod kung siya ay gumagamit ng maling pamamaraan o plano upang sikapin na mapababa ang presensiya ng Diyos. Ang pagkakatisod na ito ay makikita kung ang daloy o progreso ng isang gawain ay hindi nagpapatuloy ng maayos. Marahil ang tagapanguna sa pagsamba at mga manunugtog ay nahihirapang pangunahan na unti-unting magpatuloy ang gawain. kung gumagamit tayo ng mga maling pamamaraan, magkakaroon tayo ng kahatulan mula sa Diyos sa halip na pagpapala Niya kapag nakarating tayo sa lugar ng Kanyang giikan.

Mababasa din natin na nang ang mga baka ay natisod, ang kaban ay nauga. Para sa atin, ito ay nagpapahiwatig na ang presensiya ng Panginoon (na kung saan ay sinisimbolo ng kaban) ay maaaring magambala sa ating gawain ng pagsamba. Marahil nagsimula nang maayos ang gawain, ngunit sa ilang punto ang pagpapahid ay nagambala sa

pamamagitan ng mga pagkakatisod sa ating ministeryo. Ang Banal na Espiritu ay inihalintulad sa isang kalapati sa Kasulatan, at ang kalapati ay napaka-sensitibong ibon na napakadaling magambala at lumilipad palayo. Ang nananahang presensiya ng Panginoon ay maaaring umangat mula sa isang gawain kung ang ating ministeryo ay natitisod at naaabala natin ang gawain. Kailangan nating magkaroon ng banal na paggalang sa ating mga gawain na huwag tayong gumawa ng anumang bagay na makakaluluwa o wala sa lugar na maaaring makagambala sa nananahang presensiya ng Diyos.

Ang kasunod na bagay na nangyari nang ang kaban ay nauga, ay ang inabot ito ni Uza upang hindi gumalaw. Ang ibig sabihin ng pangalang *Uza* sa Hebreo ay *lakas*. Ano ang ginagawa natin kapag ang pagpapahid ay nahahadlangan sa isang gawain? Sinisikap ba nating gamitin ang sarili nating lakas upang sagipin ang gawain, gaya ng ginawa ni Uza? Ang natural na tao ay laging sinisikap na "hawakan ang kaban," at gamitin ang kanyang sariling mga kakayahan at mga talento upang mapanatiling magpatuloy ang gawain at panatilihing komportable ang mga tao. Ang ilang mga iglesya ay nawala na ang pagpapahid ng mga ilang buwan o kahit pa nga taon. Ngunit sa halip na kilalanin ang kanilang sitwasyon, pinalitan ng mga lider ng mga pag-aliw at mga programa upang sikapin na mapanatilihing masaya at abala ang mga miyembro. Gayunpaman, ang espirituwal na tao ay walang pagtitiwala sa laman. Kailangan nating marinig ang mga salita ni Jesus nang ipinahayag Niya na *"kung wala Ako ay wala kayong magagawa."*[8] Kailangan nating makita na ito ay *"hindi sa pamamagitan ng lakas, ni ng*

*kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.'*'[9]

## *Kamatayan!*

Si Uza ay namatay dahil sa kanyang kapangahasan na hawakan ang kaban. Ito ay ipinagbawal na sa batas ni Moises sa Bilang 4:15. Naranasan na nang mga Israelita ang isang matinding kahatulan para sa ganitong dahilan 80 taon na ang nakaraan. May libu-libong Israelita sa Bet-Shemes ang namatay dahil sa parehong kawalang-galang nila sa kaban, gaya ng nakatala sa 1 Samuel 6:19. Alam lahat ni Uza ang tungkol dito, dahil nang matapos ang kanilang kamatayan ipinadala palayo ng natitirang kalalakihan ng Bet-Shemes ang kaban at ito ay inilagay sa bahay ng ama ni Uza sa Kiryat-jearim.[10] Maaaring pinili siya upang makatulong na madala ang kaban sa Jerusalem dahil alam na alam na niya ito, dahil lumaki siyang kasama ang kaban sa kanyang tahanan. Sa katulad na paraan, nais natin ang presensiya ng Panginoon sa ating mga tahanan, at nais din nating mapili upang makatulong na madala ang presensiya at kaluwalhatian ng Diyos pabalik sa ating mga iglesya. Ngunit makakaharap din natin ang panganib nang kawalang-ingat na pagkalapit kasama ang banal na Diyos! Kung sakaling magkamali tayo na maging karaniwan at walang paggalang sa paglilingkod sa Panginoon, tayo ay naglalakad sa isang mapanganib na daan. Maaaring lubha na tayong nasanay sa pangunguna sa bawat gawain, na kung minsan ay iniisip na natin sa ating mga sarili na tayo ay mga dalubhasang propesyonal na sa lahat ng kasagutan sa halip na mapagpakumbabang mga tagapaglingkod na

dapat sumusunod sa pangunguna ng Banal na Espiritu sa lahat ng bagay.

Pinaslang ng Panginoon si Uza dahil sa kanyang kapangahasan. Gayunpaman, hindi ito ang unang pagkakataon na ang Panginoon ay naghatol ng kamatayan sa isang gawain ng pagsamba dahil sa pagkahalo. Maalala natin ang 3,000 mga kalalakihan na namatay nang ang mga Israelita ay sumamba sa ginintuang guya na kanilang ginawa sa ilang. Subalit ilang linggo lamang bago ang pangyayaring ito, ang mga tao ring iyon ay maluwalhating sumasamba sa Panginoon sa Dagat na Pula! Sa halip na magpatuloy sa pagsamba sa Diyos sa Espiritu, ang kanilang pagsamba ay kaagad na nauwi sa mga diyus-diyusan at imoralidad. Ito ay maaaring maging babala para sa atin na dahil lamang ang isang iglesya ay nakakatagpo ang Panginoon sa kanilang mga gawain ng pagsamba sa isang pagkakataon, ito ay walang garantiya na sila ay makakapagpatuloy pa din sa pagdaloy sa Espiritu kahit sa ilang linggo na darating. Sinasabi sa atin sa Hebreo 3:13 *"Ngunit magpayuhan kayo sa isa't isa araw-araw, habang ito ay tinatawag na "ngayon," upang walang sinuman sa inyo ang papagmatigasin ng pagiging madaya ng kasalanan."*

Mababasa din natin sa Levitico 10:1-2 na dalawa sa mga anak ni Aaron ay namatay nang maghandog sila ng ibang apoy sa Panginoon. Ang mga saserdote ay gumagamit ng apoy mula sa altar na pinagsimulan ng Panginoon nang una Siyang nagpadala ng apoy mula sa langit gaya ng nakatala ga Levitivo 9:24. Tanging ang apoy lamang mula sa langit ang katanggap-tanggap para sa kanilang pagsamba, kagaya ng tanging apoy lamang ng Banal na Espiritu ang katanggap-tanggap sa ating musika at

pagsamba. Gayon pa man mayroong iba pang uri ng "ibang apoy," o ibang pagpapahid, na maaaring umudyok sa atin. Ang mga makamundong manunugtog at mang-aawit ay madalas na may mga pagpapahid mula sa masasamang espiritu gaya ng kahalayan, pagmamataas, paghihimagsik o paglalasing. Madalas ay masasabi mo kung anong masasamang espiritu ang nagpahid sa kanila mula sa mga salita na kanilang kinakanta, o mula sa mga larawan at patalastas na nagtataguyod ng kanilang musika. Gayunman, ang mga Kristiyano na nagpapahintulot sa kasalanan na manatili sa kanilang mga puso ay maaari ring magkaroon ng "ibang apoy" ng isang masamang espiritu na magpapahid ng kanilang mga musika at pagkanta.

Nakita kong nangyari ito minsan sa isang okasyon sa mga gawain ng simbahan. Ang isang beses ay nang ang isang lider ng pagsamba ay nangunguna sa kongregasyon sa pagpupuri. Nang magsimula siyang sumayaw sa may pulpito, siya ay palaging nakatingin at nakangiti sa isang babae.

Ang babae ay sumasayaw sa harap na hilera habang binabalik niya ang pagngiti sa lalaki. Sila talaga sa katunayan ay sumasayaw sa isa't isa, habang ang "ibang apoy" ng pagmamataas at kahalayan ay umuudyok sa kanilang mga puso. Ang espirituwal na obserbasyong ito ay nakumpirma ilang buwan pagkatapos nang sila ay natuklasang magkasama sa isang imoral na relasyon.

Ang isa pang okasyon ay naganap sa isang malaking simbahan, at ang may kinalaman ay ang lalaking namamahala sa pagkontrol sa tunog ng amplipayer. Palagi niyang binabago ang balanse ng mga instrumento sa paraan na iniisip ng mga pamunuan ng simbahan na makamundo at hindi balanse. Matigas na nanlaban ang lalaking ito sa mga

lider kung saan dapat siya ay nagpapasakop. Mas marami siyang karanasang teknikal kumpara sa mga lider ng simbahan, kung kaya't binalewa niya ang kanilang mga direktiba. Sinusubukan niyang idagdag ang "ibang apoy" ng pagmamataas at paghihimagsik sa musika, at sa kanyang kayabangan ay nagsimula siyang gumawa ng iba pang mga kasalanan hanggang sa tumalikod siya at umalis sa simbahan.

Kung ang isang miyembro ng grupo ng pagsamba ay dumating sa punto ng pagkatalo at kasalanan sa kanilang buhay, mahalaga para sa mga lider ng simbahan na maging sinsetibo para dito. Ang miyembro ng grupo ay dapat pansamatala munang umalis sa ministeryo hanggang sa siya ay muling magkaroon ng tagumpay at pagtatalaga. Mayroong panganib na kapag ang isang mahalagang miyembro ng grupo ng pagsamba ay nasa pagkalupig ng kasalanan, ang mga lider ng simbahan ay ipinipilit na patuloy nilang pangunahan ang musika o pag-aawitan dahil marahil sila lang ang tanging dalubhasang tao na magagamit para sa gawaing iyon! Subalit kapag ang tao ay dumadaan sa isang mahirap na sandali ito ay makakadagdag ng isang pasanin ng pagkakasala sa kanila na kailangang maglingkod at kumilos na espirituwal. Ang pamunuan ng simbahan ay dapat maging sensitibo sa mga pangangailangan ng mga nasa grupo ng pagsamba. Ang isang tao ay maaaring bigyan ng pahinga mula sa kanilang iskedyul nang walang kahihiyan sa publiko. Bilang isang tulong ng pagmamahal at pagpapalakas-loob, ang pamunuan ng simbahan ay maaaring magbigay ng isang panahon ng pamamahinga mula sa kanyang mga responsibilidad. Habang sila ay may isang bagong pagkakataon na magtuon ng pansin sa Panginoon sa

panahon ng mga gawain—walang panggigipit na kailangang mag ministeryo—maaari nilang ituon muli ang kanilang mga buhay at magkamit ng isang malalim na pagtatagumpay. Na sa huli ay magbibigay ng isang matinding pagpapala sa pamamagitan ng kanilang ministeryo kapag sila ay nakabalik na sa kanilang mga posisyon.

Ang ilang mga simbahan na nangangailangan ng isang manunugtog ay inaanyayahan kahit pa man ang tumalikod o hindi ligtas na mga musikero upang tumugtog sa oras ng mga gawain ng pananambahan. Narinig ko ang mga tao na ipinaliwanag sa akin ng kanilang mga dahilan. Sinasabi ng mga lider ng simbahan na kailangan nila ng mga mahuhusay na musikero upang mapabuti ang kalidad ng musika, upang makumpleto ang grupo ng musika, o hikayatin ang mga hindi pa ligtas na sumali. Ipinahayag din nila ang pag-asa na maririnig ng mga musikero ang pangangaral ng ebanghelyo at magbalik-loob kay Cristo kung patuloy nila itong anyayahan na bumalik para tumugtog o umawit.

Sabihin pa, na nais nating imbitahan ang mga di-mananampalataya na pumunta sa simbahan at maligtas. Gayunman, ayaw nating anyayahan silang pumunta at tumulong na pangunahan ang gawain! Sa parehong paraan, ang isang simbahan ay hindi dapat mag-anyaya ng isang makamundong artista o pulitiko upang maging isang regular na tagapagsalita sa kanilang simbahan para lamang makuha ang mga di-mananampalataya na pumunta, at pagkatapos ay umasa na sana ay maligtas sila sa pakikinig ng mga ebanghelyong awitin. Totoo na ang anumang bagay na makadiyos sa gawain ay maaaring hawakan ang mga puso ng di-ligtas at tulungan silang mapatnubayan sa

kaligtasan. Gayunman, totoo rin na ang anumang bagay na makamundo na pinahihintulutan sa gawain ay maaaring magbahagi sa mga miyembro ng simbahan at tutulong na magdala sa kanila sa pagkamaligamgam o pagkatalikod. Kaya kailangan nating mag-ingat na kapag nagdala tayo ng di-mananampalataya upang maimpluwensiyahan ng simbahan na hindi natin pahihintulutan na ang kabaligtaran na mangyari.

Ang pagpapahintulot sa mga taong mahuhusay ngunit di-nakatalaga na maging bahagi ng grupo ng pagsamba ay maaaring makatulong sa simbahan na magmukhang propesyonal. Gayunman, ito ay pipigil sa totong ministeryo ng simbahan. Tinawag ng Panginoon ang ganitong uri ng pagkahalo na “kasuklam-suklam” sa Ezekiel 44:6-8. At gaya ng nauna nang nabanggit, ito ay maaaring magdala ng “ibang apoy” sa mga gawain. Kailangan nating ilagay ang espirituwal na ministeryo sa itaas ng propesyonalismo o makikita natin na ang kamatayan ay darating sa ating mga gawaing pananambahan, gaya ng dalawang anak ni Aaron na namatay dahil sa paghahandog ng ibang apoy sa kanilang pagsamba. Ang isang maliit na simbahan na walang kwalipikadong espirituwal na mga manunugtog ay maaari pa ring makatagpo ang Panginoon sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pag-aawitan nang hindi gumagamit ng anumang instrumentong pangmusika. Higit na mas mabuti ito kaysa magkaroon ng isang mahusay na tunog grupong musika sa simbahan, ngunit walang pagpapahid sa gawain ng pagsamba.

Sa Lumang Tipan nabasa natin ang mga gawain ng pagsamba na hinatulan ng Diyos ng kamatayan. Ngunit ngayon tayo ay nabubuhay sa panahon ng Bagong Tipan, na ang Panginoon ay nagdadala ng isang espirituwal na

katuparan sa mga kaganapan sa Lumang Tipan. Ngayon, kapag ang Panginoon ay hindi nalugod sa ating mga gawain ng pagsamba, nagpapasalamat tayo na ang mga mang-aawit at mga manunugtog ay hindi patay na bumabagsak katulad ni Uza at dalawang anak na lalaki ni Aaron. Magkagayunman ang resulta ngayon ay maaaring magpadala ang Panginoon ng espirituwal na kamatayan. Maaaring ang kanyang kahanga-hangang presensiya ay hindi darating at makipagtagpo sa atin. Ang iba pang mga katibayan ng espirituwal na kamatayan sa isang simbahan ay maaaring kinabibilangan ng paghahati-hati at tsismisan,[11] mga isip na hindi makatuon sa pagsamba,[12] at kalungkutan.[13]

### *Ang Kaban ay Tumigil sa Paggalaw*

Pagkatapos paslangin ng Panginoon si Uza ng kamatayan sa giikan mababasa natin sa 1 Cronica 13:13-14,

> *"Kaya't hindi inilipat ni David ang kaban sa lunsod ni David, kundi ito'y dinala sa bahay ni Obed-Edom na Geteo. Ang kaban ng Diyos ay nanatili sa sambahayan ni Obed-Edom sa kanyang bahay nang tatlong buwan..."*

Habang ang kaban ay nagpapatuloy patungo sa Jerusalem, nabasa natin na huminto ito sa loob ng tatlong buwan dahil sa paglabag ni Uza. Dahil ang kaban ay isang simbolo ng presensiya ng Diyos, ipinapakita nito sa atin kung paanong ang pagpapahid ng Banal na Espiritu ay maaaring tumigil sa p-agkilos o tumaas mula sa isang gawain. Minsan pa nga ay tumitigil mismo ang Panginoon

sa pagkilos sa isang iglesya sa loob ng ilang buwan o mga taon. Kung mangyari ito, hindi dapat na nakaupo lamang tayo at makuntentong magkwento ng "magandang nagdaang araw" nang ang Espiritu ay palaging kumikilos sa mga gawain. Kailangan nating hanapin ang Panginoon at alamin kung papaano itama ang problema na maaaring humahadlang sa atin sa pagkakaroon nang patuloy na nangyayaring rebaybal *ngayon*!

### *Naghanda si David sa Pagsasaayos ng Pagkasira*

Sa loob ng tatlong buwan nang ang kaban ay tumigil sa pagkilos, sinangguni ni David ang Panginoon tungkol sa kung paano itama ang sitwasyon. Hinahangad pa rin ni David na dalhin ang kaban sa kanyang lunsod at ibalik sa isang tanyag na dako sa Israel. Subalit siya ay natatakot na ang paghatol ng Panginoon ay muling bumagsak kung ang Panginoon ay hindi malugod sa kung paano ito ginawa. Ipinakita ng Panginoon kay David ang ilang mga paraan na dapat niyang ihanda ng tama upang dalhin ang kaban at ibalik ang kaluwalhatian ng Diyos sa kanyang bayan.

Ang unang paraan ay mababasa natin ay sa 1 Cronica 15:1, kung saan si David ay *"ipinaghanda niya ng isang dako ang kaban ng Diyos, at nagtayo para roon ng isang tolda."* Nang unang sumubok si David na dalhin pabalik ang kaban hindi natin nabasa na naghanda siya ng isang lugar para rito. Ngunit ang ating Panginoon ay isang Diyos ng kaayusan, at samakatuwid kung ang lahat ay hindi handa para sa Kanyang pagbisita ay maaaring hindi tayo maging karapat-dapat para sa Kanyang pagpapala. Bilang Kanyang mga tagapaglingkod, responsibilidad nating ihanda ang daraanan ng Panginoon, upang ang Kanyang kaluwalhatian

ay maipahayag.[14] Kailangan nating ihanda ang ating buhay, pamilya, ministeryo, at ang ating iglesya kagaya ng paghahanda ni David ng isang dako para sa kaban.

Sinasabi sa atin ng Awit 132:1-9 na nais ni David na gumawa ng isang dako para sa Panginoon at dalhin pabalik ang kaban. Noong bata pa siya, una niyang narinig ang tungkol sa kaban ng Diyos nang siya ay nakatira sa Bethlehem sa Efrata. Marahil ay narinig niya na rin ng makailang ulit ang kwento kung paano umalis ang kaluwalhatian ng Diyos sa Israel nang kinuha ng mga Filisteo ang kaban, at bagaman ay kaagad na ibinalik sa Israel, ito ay binalewala ni Haring Saul. Kaya, nang si David ay unang naging hari hinanap niya ang kaban hanggang sa ito ay natagpuan sa Kiryat-jearim (ang kiryat-jearim ay ang "mga parang kahoy" na tinutukoy sa Awit 132:6.)

Makikita natin ang hangarin ng puso ni David na maghanda ng isang dako para sa Panginoon at dalhin pabalik ang kaban sa mga talata 3-5:

> *"Hindi ako papasok sa aking bahay, ni hihiga sa aking higaan, Mga mata ko'y hindi ko patutulugin, ni mga talukap ng mata ko ay paiidlipin, hanggang sa ako'y makatagpo ng ng lugar para sa Panginoon, isang tirahang pook para sa Makapangyarihang Diyos ni Jacob."*

Kailangan din itong maging hangarin ng ating mga puso upang maibalik natin ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang hangaring ito ay dapat maging araw-araw nating motibasyon. Hindi tayo dapat makatulog pagkatapos ng

isang araw hanggang sa makatagpo natin ang Panginoon sa ating pang-araw-araw na mga debosyon at makagawa ng isang dako para sa kanya na manahan sa ating mga puso. Kailangang lubos nating maunawaan na ang pundasyon ng lahat ng ating Kristiyanong ministeryo ay nakabatay sa ating pakikipagtagpo sa Panginoon sa ating lihim na buhay debosyon araw-araw. Habang ang Panginoon ay nagsisimulang bisitahin ang ating sariling buhay, magagawa na din nating magsimula na magdala ng rebaybal sa ating pamilya at iglesya.

### *Pakabanalin ang Inyong mga Sarili*

Mababasa nga natin sa 1 Cronica 15:12 ang tungkol sa ikalawang pagkakataon na nakahanda na si David na ibalik ang kaban sa Jerusalem. Doon ay sinabi niya sa mga Levita, *"Magpakabanal kayo, kayo at ang inyong mga kapatid, upang inyong maiahon ang kaban ng Panginoon, ang Diyos ng Israel, sa dakong aking inihanda para rito."* Kung mayroon na tayong puso katulad ni David na araw-araw nakikipagtagpo sa Panginoon, kailangan na nating magpatuloy kung ganun dito sa susunod na hakbang. Ang bawat isa na tinawag sa isang ministeryo ng pagsamba sa isang simbahan, upang "dalhin ang kaban," ay dapat pakabanalin ang kanilang mga sarili gaya ng ginawa ng mga Levita. Habang ang lahat ng mga miyembro at dapat kasama, ang grupo ng pagsamba ay may isang espesyal na responsibilidad na dapat nilang paghandaan ng kanilang mga sarili. Kung tayo ay hindi espirituwal na nakahanda, o hindi kwalipikado, ang pagkilos ng Banal na Espiritu ay maaaring mahadlangan.

Kung minsan, kahit ang isang "Acan" ay maaaring maging sanhi ng pagkatalo sa laban ng buong kongregasyon (basahin sa Josue 7). Ang kabanalan ay isang mahalagang pundasyon para sa atin na "dalhin ang kaban" ibig sabihin ay ang presensiya ng Diyos, sa isang gawain ng pagsamba.

Isang bahagi ng pagtatalaga ng mga saserdote sa Lumang Tipan ay dapat nilang ilagay ang dugo sa kanilang mga tainga.[15] Ito ay isang mahalagang katotohanan para sa atin. Ang dugo ni Jesus ay kailangan upang linisin tayo mula sa mga makamundong musika na ating narinig. Kailangan nating maging maingat sa mga bagay na ating pinakikinggan—panatilihin ang dugo sa iyong tainga! Kung ang isang Kristiyanong mang-aawit o manunugtog ay nakikinig sa makamundong musika, nadungisang musika, ang kanyang puso ay maaaring maging marumi at iyang parehong espirituwal na polusyon ay maidadaloy sa pamamagitan ng kanyang sariling mga pag-awit o musika sa bahay ng Diyos. Tulad ng sinasabi sa atin ng Kawikaan 4:23, *"Ang iyong puso ay buong sikap mong ingatan, sapagkat mula rito'y dumadaloy ang mga bukal ng buhay."*

Ang musika ng mundo ay bihirang maging kapaki-pakinabang o kahit man lang espirituwal na maging "niyutral" para sa ating espirituwal na buhay. Karamihan sa mga sekular na manunugtog at mang-aawit ay mayroong mga likas na kasalanan at masamang espiritu na nagbibigay ng kapangyarihan sa kanilang mga musika. Marami din sa mga sekular na manunugtog ay nagre-rekord ng kanilang mga musika habang nasa ilalim ng impluwensiya ng droga o alcohol. Kung pakikinggan mo ang musikang iyon, ang masama nitong espirituwal na impartasyon ay maaaring makarungis ng iyong espiritu. Kailangan nating

pakabanalin o italaga ang ating mga tainga, upang nang sa gayon ang ating mga espiritu ay hindi madungisan at ang ating musika ay maging malinis. Panatilihin ang dugo sa iyong tainga!

Matapos mapabanal ang mga saserdote sa pamamagitan ng dugo, ang sumunod na bahagi ng kanilang pagtatalaga ay winisikan sila ng banal na langis na pamahid.[16] Ito ay nagpapakita na ang pagpapahid ay nagmula sa isang tao na nalinis na mula sa makamundong mga impluwensiya. Sa pamamagitan ng parehong dugo sa ating mga tainga at ang pagpapahid ng Banal na Espiritu sa ating mga puso ay tunay na magagawa nating malaman kung ano ang—at ano ang hindi—pinahirang musika at pagsamba.

Sa pagkakaayos ng pagsamba ni David, tanging ang pinabanal na mga saserdote lamang ang maaaring maging bahagi ng ministeryo. Gayunpaman, kailangan nating maging maingat na ang bawat isa na nasa altar o nasa harapan ng iglesya ay isang nakatalagang mananampalataya. Ang ilang mga tao ay nais lamang ng isang posisyon ng pamunuan dahil nais nilang makakuha ng pansin ng kongregasyon. Ang mga mang-aawit, mananayaw, manunugtog at tumutugtog ng tamburin na nais tumayo sa harapan ay minsan naghahanap ng "tampok ng liwanag" o "gitnang tanghalan" bilang mga taga-aliw kaysa sa maging mga mananamba.

Sa ilang mga gawain ng pagsamba ay popular na magkaroon ng mga bata o kabataan sa harapan, ang lahat ng tumutugtog ng tamburin ay sumusunod sa isang koreograpiyang programa. Habang inoobserbahan ko ito, napansin ko na maraming beses na ang mga mananayaw na ito ng tamburin ay hindi nagsisikap na maging mga

mananamba. Ang kanilang pansin ay madalas na nakatuon sa isa't isa at sa mekanismo ng kanilang pagtatanghal, o maaaring sila ay nakatuon sa kung mahusay ba ang kanilang ginagawa at nakalulugod sa kongregasyon. Ngunit kapag natapos na ang pagtugtog ng tamburin at ang koreograpiya, madalas kong napapansin na ang mga kabataang ito ay hindi man lamang sinisikap na pumasok sa pagsamba. Sa halip na itaas ang kanilang mga puso, mga kamay, at mga tinig sa pagsamba, ay nag-uusap sila, tumitingin sa paligid, at walang interes sa pagsamba. Walang paglapit sa Banal na Espiritu sa kanilang mga puso. Ang ganitong uri ng tao ay madalas na hindi natututo kung paano maging isang mananamba, kundi isang tagapag-aliw!

Nang ako ay nasa isang gawain ng simbahan na katulad nito, nalungkot akong makita na ang mga mananayaw na ito ng tamburin sa entablado sa panahon ng pagsamba ay mga bata na kumikilos tulad ng nasa itaas. Nagtataka ako sa aking puso, "ito ay nakatutuwa at makulay, ngunit paano pinapabayaan ng simbahan na pang-aaliw ang ipalit sa pinahirang pagsamba?" Ang Panginoon ay kaagad nagsalita sa aking puso na ito ay dahil sa ang kongregasyon mismo sa kanilang mga sarili ay mga espirituwal na sanggol at mga maliliit na bata pa lamang! Ngunit kung ang papayagan lamang ng mga pastor na tumayo sa harap ng iglesya ay ang mga nakatalagang mga mananamba upang tumulong na pangunahan ang mga gawaing pagsamba, naniniwala ako na ang mga tao ay maghahangad na sundan ang kanilang makadiyos na halimbawa at mas mabilis na lalago sa Diyos.

Hindi ibig sabihin nito na ang mga bata ay hindi maaaring turuan ng pagpupuri at pagsamba, o hindi sila

dapat pahintulutan na magbahagi ng isang espesyal na awit o aktibidad sa simbahan. Kahit ang pinakabatang bata ay maaaring makipagtagpo sa Diyos, mahipo ng Banal na Espiritu, at tumugon sa Diyos sa isang paraan na maaaring makapagpala sa matatanda. Ang pinakamatinding halimbawa ng banal na kasulatan para dito ay si Juan Bautista, na puno ng Banal na Espiritu at tumalon sa galak nang una niyang nakatagpo si Cristo—habang pareho pa silang nasa sinapupunan ng kanilang mga ina![17] Gayunman, ang mga bata ay hindi dapat maging isang regular na bahagi ng grupong ministeryo ng pagsamba gaya nang kung paanong hindi ninyo sila papayagang maging kasama sa mga regular na mangangaral ng iglesya. Sanayin sila, at ihanda sila para sa isang ganap na ministeryo sa hinaharap kapag sila ay maaari nang maging mga pinahirang manunugtog at mang-aawit na buong pusong maglilingkod sa Panginoon.

### *Ang Tamang Ayos*

Mababasa nga natin sa 1 Cronica 15:13 na sinabihan ni David ang mga Levita na *"ang Panginoon nating Diyos ay nagalit sa atin, sapagkat hindi natin siya hinanap* ***ayon sa utos****."* Sinasaliksik na ni Haring David ang Kasulatan upang malaman kung bakit hindi pinagpala ng Panginoon ang unang pagtangka niyang dalhin ang kaban sa Jerusalem. Natagpuan niya sa batas ni Moises na ang mga Levita ang dapat magpasan ng kaban.[18] Bago ang sandaling ito sinubukan ni David na gumamit ng bagong kariton na magdadala sa kaban. Saan nanggaling ang ideya na gumamit ng kariton? Sa mga Filisteo, ang mga kaaway ng Diyos! [19]

Maraming beses ay hindi sumusunod sa kaayusang nasa kasulatan ang bayan ng Diyos para sa kanilang mga gawain ng pagsamba, ngunit sa halip ay ginagamit ang mga ideya ng sanlibutan. Ang ilan ay sinusubukan na gawing mas kapansin-pansin o moderno ang kanilang mga gawaing pagsamba sa pamamagitan ng pagsagawa sa mga ito na parang katulad ng isang palabas ng talento, isang konsyerto ng rakistang tugtugan, isang sikat na programa sa telebisyon, isang pandulaang patimpalak, o isang diskohan! Ngunit sa dahilang ginamit ni David ang paraan ng mga Filisteo ng bagong kariton na wala sa Kasulatan kung kaya ang Panginoon ay nagpadala ng paghatol at gumawa ng isang pagkasira sa rebaybal. Tulad nito ay kailangang mag-ingat tayo na huwag mawala ang presensiya ng Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga makamundong ideya at pamamaraan. Paano natin madadala ang presensiya ng Diyos, at rebaybal? Hindi sa mga bagong kariton at mga bagong ideya, sikat na kausuhan, at modernong kaaliwan—kundi sa pamamagitan ng pagpasan ng kaban (ang presensiya ng Diyos) sa ating buhay at ministeryo.[20] Ang paraan sa kasulatan na natutunan ni David na dalhin pabalik ang kaban ay ang papasanin ng mga Levita ang kaban. Sa katulad na paraan ngayon, ang mga tagapaglingkod ng Panginoon ay dapat pinananahanan ng presensiya ng Panginoon ang kanilang mga buhay at ministeryo upang madala nila ang pagkilos ng Banal na Espiritu. Hindi tayo dapat magtiwala sa isang paraan, o sa ating talento, o anumang "mga kariton ng Filisteo."

Maraming mga simbahan ay hindi nagsasaliksik sa Kasulatan upang mahanap ang tamang kaayusan para sa kanilang mga gawain ng pagsamba. Sa halip ng ilan sa

mga simbahan ay naghahanap sa mga sikat na mga uri ng musika at pang-aaliw na ginagamit ng sanlibutan upang maghikayat ng mga tao. Sila ay nakiki-kopya at sumusunod na lamang sa sanlibutan! Ang ibang simbahan ay hindi ginagawa ito, ngunit sinusundan nila ang ibang mga simbahan na ginagaya na ang mundo. Gayunman, kailangan nating alalahanin kung ano ang inihayag ng Diyos sa Deuteronomio 28:13, na ang matagumpay na bayan ng Diyos ay *"ulo at hindi buntot."* Ang Iglesya ang dapat manguna sa sanlibutan, hindi ang sundin ito!

## *Paggamit ng mga Kulturang Etniko para sa Pagsamba: Tubusin o Talikuran?*

Ang isa pang mahalagang punto upang isaalang-alang ang tungkol sa kariton ng Filisteo ay may kinalaman sa paggamit ng ating mga etnikong kultura sa pagsamba. Ang mga saserdote ng Filisteo ang unang nagmungkahi sa paggamit ng kariton, kasama ang ilan pang mga uri ng pagsamba na wala sa kasulatan.[21] Pinagpala ng Panginoon ang kanilang mga pagsisikap upang sambahin Siya, dahil hindi nila nalalaman ang mga kaparaan ng Diyos na ipinahayag na sa Israel. Ito ay katulad ng sinabi ni Apostol Pablo sa Gawa 17:30 tungkol sa mga Atenas na sumamba sa "Di-Kilalang Diyos" nang kanyang ipinahayag na *"ang mga panahon ng kahangalan ay pinalampas na nga ng Diyos."*[22] Gayunpaman, hindi pinahintulutan ng Diyos si David na ipagpatuloy ang nakagawiang ito ng Filisteo, yamang higit na dapat siyang nakaaalam. Ang kwentong ito tungkol sa Paglabag ni Uza ay dapat na maging mabigat na babala para sa atin na hindi maaaring walang pasubali

nating paghahaluin ang paganong etnikong mga kagawian sa pagsamba sa Diyos—kahit na ang Diyos ay buong kabaitan na tumugon sa mga gawing ito upang ipakita sa mga pagano ang Kanyang habag.

Maraming iba't ibang mga kultura ang napaunlad sa buong mundo, at marami sa kanilang mga kulturang etniko ay maaaring maging napakaganda at nakapagbibigay lugod sa Diyos. Gayunman, kailangang hayaan natin na ang lahat ay mahatulan sa pamamagitan ng salita ng Diyos at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang malaman kung ano ang tamang makakapagparangal sa Kanya tulad ng mga ninanais Niya. Ang ilang mga grupo ng Kristiyano ay nagsisikap na pagsamahin ang Kristiyanong pagsamba sa bawat kultural na uri ng musika at pagsamba. Madalas nilang ipinahahayag ang mga salita tulad ng, "Kailangan nating tubusin ang kulturang ito— o ang musikang ito—o ang pagsambang ito, at agawin ito mula sa Diyablo!" Gayunpaman, ito ba ay nasa kasulatan?

Binibigyang linaw ng Bibliya na ang mga tao mula sa bawat tribo, bawat wika, at bansa ay matutubos.[23] Ngunit ang Bibliya ay malinaw din na hindi lahat ng tribo at bansa ay matutubos *bilang isang kulturang pangkat*. Ang ilan sa mga matutubos ay ililigtas mula sa mga di-makadiyos na kultura na pupuksain.

Ito ay ipinakita sa mga propesiya ni Jeremias tungkol sa mga bansa sa kanyang panahon. Ipinahayag ng Panginoon na hahatulan Niya ang ilan sa mga bansa, subalit pahihintulutan ang isang malinis na natira sa mga bansang ito upang magpatuloy sa kanilang pambansang pagkakakilanlan.[24] Gayunpaman, may ibang mga bansa na sadyang kasuklam-suklam sa Panginoon na ipinahayag Niya na sisirain Niya sila ng tuluyan, katulad ng Sodoma at

Gomora![25] Isa sa mga bansang ito na minarkahan para sa nasabing pagkawasak ay ang Babilonia. Ang Pahayag 18:22 ay nagpatuloy sa pagsabi sa atin na isa sa partikular na mga aspeto ng kulturang Babilonia na lilipulin ay ang kanilang musika.

Maraming mga bansa ang may makadiyos na mga elemento sa loob ng kanilang kultura na lilinisin at luluwalhatiin ng Diyos. Subalit ang ibang mga kultura ay napakalalim nang nabuo sa kasalanan at makademonyong pagsamba, na sila ay—o ganap nang—nawasak.

Kung gayon ay kailangan tayong maging mapili sa kung anong mga elementong etniko ang dapat na dalhin sa Kristiyanong mga gawain ng pagsamba. Hindi ko iniisip, halimbawa, na malamang ang mahalay na mga istilo ng Sodoma at Gomora ng pagsasayaw at musika ay posibleng "matubos" at magamit para sa pagsamba sa Diyos. Ang alam natin ay pinili ng Diyos na lipulin sila.

Nakilahok ako sa libu-libong gawain ng pananambahan sa mga kombensiyon, simbahan, at mga Kristiyanong pagtitipon na ginaganap sa maraming mga bansa sa buong mundo. Ang mga katutubong kultura ay madalas na ginagamit sa pagsamba na maliwanag na pinili ng Banal na Espiritu upang pahiran. Gayunpaman, ako ay nasa mga pagtitipon din na kung saan ang paggamit ng etnikong musika at kultural na mga kapahayagan bago ang panahong Kristiyano ay naglabas ng parehong paganong mga espiritu bago ang panahong Kristiyano na sa matagal nang panahon ay dominado ang kulturang pangkat na iyon. May mga alam din akong malalaking mga simbahan at malalaking mga organisasyon na sa ganitong paraan ay nagpakilala ng mga demonyong paganong espiritu sa kanilang mga gawain

ng pagsamba hanggang sa dakong huli ng kanilang pagkapahamak.

Maraming mga nasyonalista sa buong mundo na gustong isama ang mga paganong uri ng musika at pagsasayaw sa kanilang mga gawain ng pagsamba. Gayunpaman, sa maraming beses na paggamit ng "mga kariton ng Filisteo" ay nagdadala ng kamatayan sa halip na bagong buhay. Hindi natin dapat hatulan ang ating mga kultural na uri ng pagsamba sa pamamagitan ng kung sila ba ay katutubo o "mga inangkat na dayuhan," upang tanggapin ang una at tanggihan ang ikalawa. Alinsunod dito, mabuting alalahanin na ang "katutubong" kultura ng maraming mga bansa ay dinala sa kanila sa pamamagitan ng paglilipat mula sa mga dayuhang lupain, kaya ang mga ito ay aktwal lamang na mga dayuhang inangkat. Ang makadiyos na paraan na dapat nating paghusga sa kultura ay hindi sa pamamagitan ng edad nito o sa pamamagitan ng pambansang pagkukunan nito—sa halip, ay sa pamamagitan ng pagkilala kung ito ay may makadiyos na mga pundasyon, at kung ito ay umaayon sa pagiging "nasa espiritu at katotohanan."

### *Ang Kahalagahan ng Balanseng Koponan ng Ministeryo*

Mababasa rin natin sa 1 Cronica mga kabanata 15 at 16 ang tungkol sa isa pang bahagi ng tamang kaayusan na itinatag ni David. Ito ang koponan ng ministeryo na nagtulungan upang ibalik ang kaban. Si Haring David ang pangunahing lider ng gawain; gaya ng kailangan natin ng isang pastor o lider sa pagsamba upang maging pangunahing lider para sa isang gawain ng pagsamba. Ang

pagkakaroon ng maraming pantay na mga lider ay maaaring magdala alinman sa pagkaparalisa (kapag ang lahat ng mga lider ay masyadong mahiyain para manguna) o pagkalito (kapag ang lahat mga lider ay lumapit upang umawit, magpalakas, at manguna sa pare-parehong pagkakataon). Hayaan ang isang tao na manguna sa isang pagkakataon, pagkatapos ay hayaan ang lahat ng iba pang mga mang-aawit at manunugtog na sumunod sa pagkakaisa. Kung ang Panginoon ay nagbigay sa ibang tao ng isang kapahayagan kung paano ipagpatuloy ang direksyon ng gawain, at kapag naramdaman ng pangunahing lider na ito ay sa Panginoon, maaari siyang umatras at manahimik habang ginagawa ng bagong tao ang kung anumang ipinahayag sa kanila.[26]

Kailangan nating bumuo ng isang ganap, balanseng koponan na kayang mag-ambag ng lahat ng kakailanganin upang makatulong na "ibalik ang kaban" at makita ang Espiritu ng Diyos na malayang kumikilos sa mga gawain. Maraming mga Levita ang kailangang magkasamang magtrabaho upang balansehin at pasanin ang kaban, kasama ang iba pang hinirang na umawit at tumugtog ng musika. Sa ating panahon ay kailangan din natin ng mga tagapaglingkod, manunugtog, at mang-aawit na magkasamang gumawa kasama ng kongregasyon. Ang bawat tao na tinawag ng Diyos ay may kakayahan sa ibang bagay na maka-ambag, upang pangunahan tayo sa isang balanseng koponan ng ministeryo. Sama-sama ang Katawan ni Cristo ay mapapalakas ang sarili at lalago "hanggang sa sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo."[27]

## *Ang Kaban ay Nagpatuloy— Ang Rebaybalay Naipanumbalik!*

Sa 1 Cronica 15:14 hanggang 16:37 ay mababasa natin na ang kaban ay inilipat sa Jerusalem pagkatapos ayusin ni David ang pagkasira. Mapag-aaralan natin kung paano pinasan ng mga Levita ang kaban at inilagay sa Tabernakulo ni David sa Bundok ng Zion.[28] Doon kung saan ang kaban ng Diyos ay namahinga sa kalagitnaan ng Kanyang bayan upang minsan pa ay ihayag ang presensiya at kaluwalhatian ng Diyos. Sa Bundok ng Zion din kung saan itinatag ni David ang kanyang kaayusan ng espirituwal na pagsamba na may tuloy-tuloy na musika at pag-aawitan.[29] Doon nangyari na marami sa mga awit ang unang ibinigay ng Espiritu kay David, Asaf at iba pa. Subalit ang matinding rebaybal sa Tabernakulo ni David sa Bundok ng Zion ay hindi lamang upang maging sa nakalipas na kasaysayan. Ito ay isang karanasan na matatanggap natin ngayon! Sa pamamagitan ng Iglesya, nangako ang Diyos na muling itatayo ang Tabernakulo ni David, at isara ang pagkakasira na pumigil sa atin mula sa tuloy-tuloy na rebaybal. Nawa bawat isa ay pakabanalin ang ating mga sarili na ang Panginoon ay magamit tayo na mag-ayos ng mga pagkakasira, ipanumbalik ang pinahirang musika at pagsamba, at magdala ng rebaybal sa bayan ng Diyos sa kaluwalhatian ng ating Panginoong Jesu-Cristo!

> *"Sa araw na iyon ay ibabangon ko ang tabernakulo ni David na bumagsak, at lalagyan ko ng bakod ang mga sira niyon; at ibabangon ko ang mga guho niyon, at muli kong itatayo na*

*gaya ng mga araw nang una; upang kanilang angkinin ang nalabi ng Edom, at ang lahat ng bansa na tinatawag sa aking pangalan, sabi ng Panginoon na gumagawa nito."*

*—Amos 9:11-12 ABTAG*

*"At ikaw ay tatawaging tagapag-ayos ng sira, ang tagapagsauli ng mga landas ng matatahanan."*

*—Isaias 58:12 ABTAG*

## Kabanata 9

# PAGPAPATULOY SA ZION

Habang mas malapit tayong lumalakad kasama ang Panginoon, ay mas nalalaman natin na ang Panginoon ay nag-aanyaya sa Kanyang bayan sa isang mataas na pagkatawag. Ang pinakamataas na dako ng pagkatawag ng Diyos sa mga Israelita ay ang Bundok ng Zion. Mababasa natin sa Awit, "*sapagkat pinili ng Panginoon ang Zion,*" *"Ang Kanyang pahingahang dako[ay] nasa Zion,"* at *"mula sa Zion, na kasakdalan ng kagandahan, nagliliwanag ang Diyos."*[1] Nasa Bundok ng Zion inilagay ni Haring David ang kanyang Tabernakulo at inorganisa ang paggamit ng pag-aawitan at musika para sa mga gawain ng pagsamba. Ang kahalagahan nitong pag-aawitan at musika ay binigyang-diin nang sinabi ng Salita ng Diyos na ang Zion ay *"ang kagalakan ng buong lupa"* at ang lahat ng mga mang-aawit at manunugtog ay nagsasabing *"lahat ng aking mga bukal [ng kagalakan] ay nasa iyo [Zion]."*[2]

Habang ang natural na burol ng Zion sa Jerusalem ang pinakamahalagang lugar para sa bayan ng Diyos sa Lumang Tipan, nakita din natin na kailangan mayroong espirituwal na katuparan nito sa Iglesya ng Bagong Tipan. Nakita ni Propeta Amos na ang Tabernakulo ni David ay

muling itatayo sa Zion. Nakita natin na nauunawaan ng mga ama nang naunang Iglesya na ito ay mangyayari sa pamamagitan ng Iglesya. Nagpropesiya din si Isaias tungkol sa pagpapanumbalik ng Zion sa pamamagitan ng Iglesya nang kanyang ipinahayag,

> *"At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol; at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon. At maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi, Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas: sapagka't mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem.*
>
> —Isaias 2:2-3 ABTAG

Ang dahilan kung bakit magkakaroon ng isang espirituwal na katuparan ng Zion sa Iglesya, ay dahil ang Zion ay mas higit pa sa isang burol lamang sa Jerusalem. Ang makalupang Bundok ng Zion ay isang propetikong paglalarawan lamang ng totoong Zion sa langit! Mababasa natin sa Hebreo 12:22, *"Subalit kayo'y lumapit sa Bundok ng Zion, at sa lunsod ng Diyos na buháy, sa makalangit na Jerusalem, at sa mga di-mabilang na mga anghel..."* At mababasa din natin ang pag-aawitan at musika na ginamit para sa pagsamba sa makalangit na Zion, gaya ng naitala sa Pahayag 14:1-3, *"Pagkatapos ay tumingin ako, at naroon ang Kordero na nakatayo sa bundok ng Zion…ang tinig na aking narinig ay gaya ng sa mga manunugtog na*

*tumutugtog ng kanilang mga alpa… At sila'y nag-aawitan ng isang bagong awit sa harapan ng trono...”*

Kaya kapag ating hinahangad na pumasok sa pag-aawitan at musika na itinatag ni David sa Zion, sa totoo lang tayo ay pumapasok sa isang kapahayagan ng pagsamba sa langit sa trono ng Diyos! Habang ang paninirahan sa Bundok ng Zion ang mataas na pagkatawag para sa bayan ng Diyos sa Lumang Tipan, karamihan sa mga Israelita ay hindi nakaabot na manirahan doon. Sa katulad na paraan ang Panginoon ay may isang espirituwal na buhay at pagsamba na ibinibigay sa atin kung saan maaari tayong manatili sa mga lugar sa kalangitan-ngunit maraming Kristiyano ang maaaring di-makaabot sa mataas na pagkatawag na ito.

Kapag tinitingnan natin ang lahat ng mga lugar na tinirhan ng mga Israelita sa Lumang Tipan maaari nating maunawaan ang iba't ibang uri ng mga karanasan sa pagsamba na mayroon ang mga Kristiyano ngayon.

## *Mula sa Ehipto hanggang sa Lupang Pangako*

Ang bayan ng Diyos ay unang nanirahan sa Ehipto, kung saan ay isang larawan o propetikong uri ng isang makasalanang sanlibutan. Bago sila napalaya mula sa kanilang pagkaalipin kinailangan nilang magtrabaho upang makakuha ng kanilang tubig. Sinasabi sa Deuteronomio 11:10 na kailangan nilang magbomba ng kanilang mga paa upang makakuha ng tubig upang patubigan ang kanilang mga pananim. Sa katulad na paraan, ang isang Kristiyano na nasa alipin ng sanlibutan ay dapat “magbomba” upang subukang madala ang tubig ng Banal na Espiritu. Ngunit kung sakaling sinubukan man nating “bombahan” ang

isang gawain ng pagsamba sa pamamagitan ng ating pagsisikap sa laman upang hangaring makapasok sa Espiritu, nawa kung gayon sa biyaya ng Diyos ay makapagpatuloy tayo tungo sa isang bagay na mas mainam!

Habang patuloy nating binabasa ang Deuteronomio 11:10-11 makikita natin na ang mga Israelita ay hindi nagpatuloy sa pagbomba ng kanilang mga paa upang makuha ang kanilang tubig sa Lupang Pangako.

> *"Sapagkat ang lupain na iyong pupuntahan upang angkinin ay hindi gaya ng lupain ng Ehipto na inyong pinanggalingan, na doo'y nagtatanim ka ng iyong binhi, iyong dinidilig ng iyong paa…kundi ang lupain na inyong patutunguhan upang angkinin ay lupain…at umiinom ng tubig ng ulan sa langit."*

Yamang kinakailangang magtrabaho ang mga Israelita upang makuha ng kanilang tubig sa Ehipto, makikita natin na ito ay kabaligtaran para sa kanila sa Lupang Pangako. Doon, ang Diyos ang nangako natutustos ng kanilang tubig mula sa langit. Ito ang nais din nating maranasan espirituwal sa ating pagsamba habang tayo ay nauuhaw sa presensiya ng Diyos. O, ang magawa nating maitaas ang ating mga ulo, buksan ng malawak ang ating mga bibig, at hayaan ang Panginoon na punuin tayo ng ulan ng langit! Walang gawain ng laman dito, tanging gawain lamang ng Diyos na siyang sanhi sa ulan ng Banal na Espiritu na bumaba.

## *Ang Bayan ng Diyos sa Panahon ng Icabod*

Nauna na nating pinag-aralan kung paanong ang mga kasalanan ng pagkasaserdote ay nagdala ng kahatulan ng Diyos sa mga panahon ni Eli ang Mataas na Saserdote. Ang kaban na sumasagisag sa presensiya at kaluwalhatian ng Diyos ay umalis mula sa Tabernakulo ni Moises. Nagpatuloy sila sa pagkakaroon ng kanilang mga gawain sa tabernakulo, ngunit ang presensiya ng Panginoon ay wala na roon. Sila ay naninirahan pa rin sa Lupang Pangako, ngunit dahil sa kasalanan ang kanilang pagsamba ay tinanggihan. Nawa ay tulungan tayo ng Panginoon na huwag mamuhay sa ganitong espirituwal na kalagayan! Hindi natin nais na magpatuloy sa bawat gawain, magpakitang propesyonal sa ating mga ministeryo, kapag ang presensiya ng Panginoon ay umalis dahil sa kasalanan.

## *Pamumuhay kasama ng mga Filisteo*

Nakita nga natin kung paanong ang kaban ng Diyos ay nasa mga Filisteo. Natuto silang matakot sa Panginoon at binigyan Siya ng handog ng pagsamba dahil sa matinding kapangyarihan na ipinamalas Niya sa kanila sa paghatol. Kahit na nang gumawa sila ng di-makakasulatang kariton upang dalhin ang kaban, pinagpala ng Panginoon ang kariton na ginamit ng mga Filisteo. Wala silang batas ng Diyos mula kay Moises upang ipakita sa kanila na hindi ito ang tamang paraan ng pagpasan ng kaban. Ang Panginoon ay naging mahabagin na di-pinansin ang kanilang kamangmangan, yamang inihayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at mahimalang ginabayan ang kaban

pabalik sa Israel. Madalas ay pinahihintulutan ng Diyos at pinagpapala ang hindi Niya ganap ng kalooban.[3] Dahil lamang sa ang isang tao ay gumawa ng isang bagay, at ito ay pinagpala ng Diyos, ay hindi garantiya na dapat ay patuloy natin itong gayahin. Nang sinubukan ni Haring David na gawin ang parehong bagay, ang hatol ng Diyos ay kaagad bumagsak!

### *Pagdadala ng Kaban sa Giikan*

Nang sinunod ni Haring David ang pamamaraan ng mga Filisteo sa paggamit ng kariton upang dalhin ang kaban, ang kahatulan ng Diyos ay dumating sa giikan. Ang dahilan dito ay ang inaasahan ng Panginoon ang mas mataas na pamantayan mula sa Kanyang bayan. Mas maraming liwanag tayong natanggap mula sa Salita ng Diyos, mas pananagutin tayo ng Diyos na lumakad sa liwanag na iyan. Gaya nang ipinahayag ng Panginoong Jesus sa Lucas 12:48 *"at sa kanya na pinagkatiwalaan ng marami ay higit na marami ang kanilang hihingiin sa kanya."*

Pinagpala ng Diyos ang kariton na ginamit ng mga Filisteo, ngunit hinatulan si David dahil sa panggagaya ng parehong pamaraan. Sa gayunding paraan, maipapakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa isang di-ligtas na tao sa pamamagitan ng isang tiyak na pamamaraan, ngunit hindi ito nangangahulugan na nais ng Panginoon na ang Kanyang bayan ay gumawa ng gayon ding bagay. Maaaring sabihin ng isang tao, "Ito ang uri ng musika na nakatulong sa akin palapit kay Cristo, kaya ito rin dapat ang parehong uri ng musika na patuloy kong pagtutugtugin at pakikinggan." Ngunit kapag dinala tayo ng Panginoon sa isang karanasan

sa giikan, masisimulan nating makita ang mga pagkahalo sa ating buhay at mga ministeryo na hindi Niya kailanman ganap na sinang-ayunan!

### *Pag-akyat sa Zion*

Ang Bundok ng Zion ay kung saan dinala ni David ang kaban upang manahan sa kanyang tabernakulo. Upang masundan ang presensiya at kaluwalhatian ng Diyos sa dakong pahingahan nito, kailangan din nating matutunan kung paano umakyat sa Zion. Matututunan natin ang tungkol dito sa Awit 84 kung saan ay mababasa natin,

> *"Mapalad ang mga tao na ang mga kalakasan ay nasa iyo; na ang mga daan patungo sa Zion ay nasa kanilang mga puso. Sa kanilang pagdaan sa libis ng Baca, ay ginawa nila itong dako ng mga bukal; kinakalatan din ito ng mga pagpapala ng maagang ulan. Sila'y humahayo sa lakas at lakas, ang Diyos ng mga diyos ay makikita sa Zion."*—Awit 84:5-7 ABTAG

Kailangan ng bawat isa sa atin na magkaroon ng mga daanan patungong Zion sa ating mga puso. Higit nating mapag-aaralan ang tungkol dito sa Isaias kabanata 35. Doon ay tinawag itong *"daan ng kabanalan"* na maaring magdala sa atin sa Zion ng may pag-aawitan at walang hanggang kagalakan. Doon ay mababasa natin,

> *"At magkakaroon doon ng lansangan, isang daanan, at ito'y tatawaging ang Daan ng*

*Kabanalan; ang marumi ay hindi daraan doon...kundi ang mga tinubos ay lalakad doon, at ang mga tinubos ng Panginoon ay magbabalik at darating sa Zion na nag-aawitan, walang hanggang kagalakan ay mapapasa kanilang mga ulo. Sila'y magtatamo ng kasayahan at kagalakan, at ang kalungkutan at ang pagbubuntong - hininga ay maglalaho."*

—Isaias 35:8-10 ABTAG

Si David ay mas partikular tungkol sa kabanalan na kinakailangan sa pag-akyat sa Zion nang kanyang sinagot ang tanong sa Awit 24:3-5, *"Sinong aakyat sa bundok ng Panginoon? At sinong tatayo sa kanyang dakong banal? Siyang may malilinis na kamay at may pusong Dalisay, na hindi nagtataas ng kanyang kaluluwa sa hindi totoo, ay hindi sumusumpa sa may panlilinlang."*

Dito ay nakita natin ang apat na mga hinihingi ng pagpapakabanal na kinakailangan upang makaakyat sa Bundok ng Zion at makatayo sa presensiya ng Panginoon sa Tabernakulo ni David.

## *Pananatili sa Bundok ng Zion sa Tabernakulo ni David*

Isang napakagandang pribilehiyo na umakyat sa presensiya at kaluwalhatian ng Diyos na kinakatawan ng Tabernakulo ni David sa Bundok ng Zion. Ngunit sinabi sa atin na mayroong mas nakamamanghang paanyaya na ibinigay sa atin. May isang bagay na mas mainam kaysa sa umakyat at *bisitahin* ang Tabernakulo ni David—at iyon ay

ang manatili at *manirahan* doon! Sinulat ni David ang mas mataas na panawagang ito nang kanyang sinabi *"O Panginoon, sinong sa iyong tolda ay manunuluyan? Sinong sa iyong banal na burol ay maninirahan?*[4] Pagkatapos ay sinalaysay niya sa atin sa natirang bahagi ng Awit ang tungkol sa labing-isang mga hinihinging katuwiran na kinakailangan para sa atin upang makapanatili sa ganitong karanasan. Kung nais nating umakyat sa burol ng Panginoon, mayroon lamang hinihinging *apat* na kinakailangan. Gayunpaman, kung nais nating manatili sa Bundok ng Zion sa Tabernakulo ni David, may labing-isang hinihingi ng katuwiran. Kung ibig nating magpatuloy at mas tumaas sa ating pagsamba at karanasan sa Diyos, ang Panginoon kung gayon ay hihingi ng mas mataas na mga pamantayan para sa ating mga buhay!

### *Saan Natin Nais Mamuhay?*

Ang tanong para sa bawat isa sa atin ay, saan natin nais manirahan espirituwal? Kung mamumuhay tayo kasama ng mga Filisteo, ay maaaring pagpalain ng Panginoon ang maraming mga bagay na puno ng pagkahalo upang ipakita sa atin ang kapangyarihan ng Kanyang kaban (o Kanyang presensiya). Ngunit kapag tayo ay nagpapatuloy kasama ng Diyos ay darating tayo sa mga panahon kung saan tayo ay pinarurusahan at dinidisiplina ng Diyos, katulad ng nangyari sa giikan ng Kidon. Kung nais nating umakyat nang mas mataas upang bisitahin ang Panginoon sa Tabernakulo ni David, kailangan nating pakabanalin ang ating mga sarili upang matugunan ang apat na mga hinihingi ng Awit 24. Subalit kung nais nating manatili at manirahan sa

Tabernakulo ni David sa Bundok ng Zion, dapat nating matugunan ang mas mataas na mga hinihingi ng Awit 15. Gayon pa man habang hinahangad nating umakyat at manatili sa Bundok ng Zion makikita natin ang ating mga sarili na nakataas sa mga langit upang *"lumapit sa Bundok ng Zion, at sa lunsod ng Diyos na buhay, sa makalangit na Jerusalem, at sa mga di-mabilang na mga anghel."*[5] Ang pananatili sa Tabernakulo ni David ay nangangahulugang espirituwal na tayo ay nakaupong kasama ni Cristo sa mga lugar sa kalangitan!

Maraming mga tao ang nagiging kuntento na lamang na tumanggap at mabuhay sa kaunting bahagi ng pagpapalang ibinibigay ng ating Panginoon sa Kanyang bayan. Sasabihin ng isang maligamgam na Laodiceang Kristiyano, *"Ako ay mayaman, at naging mariwasa at hindi ako nangangailangan ng anuman."*[6] Ang dahilan sa ganitong kakuntentuhan ay ang kailangan mong magbayad ng halaga upang magpatuloy sa Diyos. Maraming mga Kristiyano ang hindi bumibili ng "ginto na dinalisay sa apoy" dahil ang ibig sabihin nito ay kailangan nilang maranasan ang mamuhay ng higit pa sa nakapakong buhay.[7]

Nawa ay tulungan tayo ng Panginoon na huwag ikompromiso at mahalin ang mga bagay sa mundo. Kailangan nating manalangin ayon kay David, *"Siyasatin mo ako, O Diyos, at alamin mo ang aking puso; subukin mo ako, at alamin mo ang mga pag-iisip ko! At tingnan mo kung may anumang lakad ng kasamaan sa akin, at patnubayan mo ako sa daang walang hanggan."*[8] Kailangan nating manalangin kasama ni David *"ilakip mo ang aking puso upang matakot sa iyong pangalan,"* hanggang sa masabi na rin natin kasama niya, *"isang bagay ang hiningi*

*ko sa Panginoon, na aking hahanapin; na ako'y makapanirahan sa bahay ng Panginoon, sa lahat ng mga araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan ng Panginoon, at sumangguni sa kanyang templo."*[9]

Nawa'y bigyan tayo ng Panginoon ng gayong pangitain ng Kanyang mataas na pagkatawag para sa atin na mamuhay sa Zion, na hindi tayo maging kontento na pahintulutan ang anumang mga pagkahalo na manatili sa ating mga buhay at ministeryo. Manalangin tayo kasama ni David, *"O suguin mo ang iyong liwanag at iyong katotohanan; patnubayan nawa ako ng mga iyon, dalhin nawa nila ako sa iyong banal na bundok at sa iyong tirahan."*[10] Nawa ang bawat isa ay maging mga lalaki at babae ayon sa sariling puso ng Diyos na maaaring manatili sa espirituwal na pagsamba sa Tabernakulo ni David! Sapagkat habang natututunan nating manatili sa espirituwal na karanasang ito, makikita natin ang ating mga ministeryo na mapapahiran mula sa umaapaw na ating pakikipagtagpo sa Diyos. Ipapahayag natin tulad ng Salmista, *"ng sariwang langis ako'y binuhusan Mo."*[11] Sa gayon, tulad ni David, maaari din tayong makapanguna sa maraming iba pa sa ***pinahirang musika at pagsamba.***

# Apendiks A

## Mga Mungkahi para sa mga Manunugtog

1. Dumating ng 15 minutong maaga bago magsimula ang gawain upang manalangin at ihanda ang iyong puso. Mag-ensayo ng anumang kailangang musika at subukan ang mga tunog *bago* ang takdang oras.

2. Ang banayad na musika ay dapat na tinutugtog bago ang gawain upang makatulong na maihanda ang mga puso ng tao na pumapasok sa santuwaryo. Ang musika ay maaaring tugtugin ng mga manunugtog o mula sa *CD*.

3. Subukang iwasan ang lahat ng mga nakakaabala, pagkaantala ng oras, at hindi kinakailangang ingay. Tumulong na makapagbigay ng isang paligid kung saan ang mga tao ay makapaghanda ng kanilang mga puso at maramdaman ang presensiya ng Diyos.

4. Ang *keyboard* o musikang grupo ay dapat magtugtog ng isang pambungad kapag ang unang awit ay magsisimula.

5. Maging sensitibo sa anumang mga direksyon na maaaring ibigay sa iyo ng tagapanguna sa awitan (bilisan, ulitin ang awit, magpalit ng tiklado, lakasan o hinaan, at iba pa.).

6. Maging maingat na panatilihing masigla ang mabibilis na mga awit.

7. Sa pagitan ng mga awit, ang *keyboard* ay dapat patuloy lang sa pagtugtog upang panatilihing magpatuloy ang pagdaloy. Ang ibang mga manunugtog ay huwag tumugtog kapag ang lahat ay napakatahimik.

8. Suriin at sanayin nang maaga ang listahan mo ng mga awit. Kung kailangan mo ng maraming oras para mag-ensayo, hilingin mo sa lider ng pagsamba na ibigay sa iyo ang listahan ng kanta nang mas maaga.

# Apendiks B

# Mga Mungkahi para sa mga Lider ng Pagsamba

1. Maging handa na makapagsimula sa tamang oras.

2. Subukang iwasan ang lahat ng mga nakakaabala, mga pagkaantala ng oras, at hindi kinakailangang ingay. Sikaping mapangunahan ang mga tao sa presensiya ng Diyos.

3. Magsimula sa mga awiting papuri, pagkatapos ay manguna sa mga awiting pagsamba. Siguraduhin na ang mga awiting papuri ay mabilis at dinadala ang lahat sa kagalakan.

4. Sabihin kung ano ang pamagat ng unang awit bago mo ito simulan. Para sa isang maikling gawain, makabubuti kung umawit lamang ng mga nasa 3 awiting papuri at nasa 2-3 mga awiting pagsamba, para sa halos 20-30 minuto ng pag-aawitan. Para sa isang mas mahabang gawain, makabubuting umawit ng mga nasa 4 na mga papuring awit at halos nasa 3-4 na mga awiting pagsamba, marahil para sa 30-40 minuto ng pag-aawitan. Huwag lumampas sa iyong hiniling na oras ng gawaing pagsamba maliban nalang kung: a) ikaw ay naniniwala na ang pagpapahid ay dumadaloy at maaari mong madala ang mga tao ng higit pa sa presensiya ng Diyos; at b) ikaw ay may pahintulot ng pastor.

5. Huwag umawit ng masyadong malakas sa mikropono. Ang tagapanguna sa awit ay hindi dapat kumakanta ng "solo," kundi tinutulungan ang mga tao na umawit ng sama-sama sa Panginoon. Kapag nagsimula ka ng isang kanta o nangunguna sa isang bahagi na hindi masyadong alam ng mga tao, doon ka umawit sa tamang lakas upang makapanguna ka ng malinaw. Ngunit kung ang lahat ay sama-sama nang umaawit, ang lider ng pagsamba ay dapat nang lumayo sa mikropono upang hayaan ang pangkalahatang pagsamba na dalhin ang pagdaloy.

6. Huwag huminto ng madalas sa pagitan ng mga awit. Pinakamabuting tumungo sa mga awitin ng marahan, upang hikayatin ang namumuong pagdaloy. Kung ang puso ng mga tao ay nakahanda na para sa isang tuloy-tuloy na karanasan, pangunahan na sila sa isang tuloy-tuloy at taus-pusong pagpupuri at pagsamba.

7. Isaayos ang listahan mo ng kanta nang maaga. Gumawa ng mga kopya para sa iyong sarili, sa bawat manunugtog, at para sa humahawak ng prodyektor. Isulat ang tamang pamagat at tipaan ng bawat kanta. Siguraduhin na ang mga manunugtog ay may kopya ng mas maaga upang makapag-ensayo sa kailangan nila.

8. Kung nararamdaman mo na ikaw ay pinangungunahan ng Espiritu na umawit ng ibang awit na wala sa iyong listahan, sikaping maging sensitibo na sundin ang Banal na Espiritu *ngunit* tiyakin na ang iyong mga manunugtog ay may sapat na kakayahan upang masundan ka.

9. Subukang gamitin ang mga awit na nasa listahan ng kanta sa simbahan. Mabuti kung makakapagturo ka ng isang bagong awit, ngunit tiyakin mo lamang na alam ito ng mga manunugtog at nakahanda ang nasa prodyektor. Kung ito ay isang papuring awit na hindi alam ng karamihan sa mga tao ituro ito kung gayon sa pasimula ng papuri. Kung ito ay pagsambang awit na karamihan sa mga tao ay hindi alam, paupuin muna ng ilang saglit ang kongregasyon habang tinuturo mo ito sa pasimula ng pagsambang bahagi ng gawain ng pag-aawitan. Subukang magturo ng isang awit lamang na di-gaanong alam sa bawat gawain, huwag kailanman lalabis sa dalawang mga kanta na di-alam.

# Mga Tala

## Kabanata Isa

1. Sinipi ni John Edwards sa *God and Music* (New York: Baker and Taylor Co. 1907), 144.
2. Pag-aralan ang 2 Kings 3:15, 1 Samuel 10:5, at 1 Chron. 25:1
3. Martin Luther, pambungad sa *Symphoniae Jucundae* (1538), isinalin Ulrich Leupold, sa *Luther's Works*, LIII (Philadel-phia: The Fortress Press, 1965), 322.
4. Sinipi ni Edwards, 145
5. Sinipi ni Edwards, 147
6. Sinipi ni Edwards, 146
7. Ihambing ang Ezekiel 28:13 (ang mga batong hiyas na nakabalot kay Satanas) sa Exodo 39:10-13 (ang mga batong hiyas sa baluti ng Punong Saserdote ng Israel). Sa salin ng *Septuagint*, ang mga bato sa dalawang talatang ito ay magkatulad. Ang Pagkakatulad sa kanilang mga "uniporme" ay nagmumungkahi na si Lusiper ay may isang lideratong posisyon sa mga anghel na katulad ng posisyon ng Punong Saserdote sa mga Israelita.
8. Pag-aralan ang Ezekiel 28:15-18 at Isaias 14:12-14
9. Basahin ang Isaias 30:31-32 at Awit 149:6-9, kung saan ang pakikipagdigma ay direktang idinudugtong sa mga musikal na instrumento at papuri.

10. Binabalaan din tayo sa 1 Timoteo 3:6 na kung ang bagong tanggap ay binigyan ng pamumunuan sa simbahan, siya mas madaling matangay sa kapalaluan at pagtalikod.

## Kabanata Tatlo

1. Ang tatlong mga halimbawa ng paminsan-minsang gamit ng musika bago sa panahon ni Haring David ay ibinigay sa Exodo 15, Hukom 5, at 1 Samuel 10:5.
2. 1 Cronica 15:1-16:38
3. Awit 119:18
4. 1 Samuel 16:13
5. Isinulat ni Pablo ang mga pahayag na ito sa Filipos 3:8 at Filipos 3:3.
6. Makikita natin ito sa 1 Cronica 6:33-34, kung saan si Heman ay apo ni Samuel sa pamamagitan ng kanyang anak na si Joel.
7. Pag-aralan ang 1 Cronica 25
8. Habakuk 2:14

## Kabanata Apat

1. Basahin ang Isaias 61:3 at Isaias 35:10
2. Pag-aralan ang Zacarias 4:6 at Filipos 3:3
3. I Corinto 14:33

## Kabanata Lima

1. Juan 14:6
2. 3 Juan 3-4
3. 1 Juan 1:7
4. Amos 5:21-24
5. Ito ay ipinamalas sa Gawa 12:17 at Gawa 21:40
6. Gaya ng ginamit sa Pahayag 10:5-6
7. Gaya ng ginamit sa 2 Hari 11:12
8. Pag-aralan ang Mateo 4:10, Gawa 10:25-26, at Pah. 22:8-9
9. Pag-aralan ang Awit 7:17, 21:13, 42:5, 106:2, 118:21, at 139:14
10. Pag-aralan ang Exodo 34:5-8 at Juan 9:35-38
11. Pag-aralan ang Awit 149:1-3, 150:3-5, at 30:11-12
12. Pag-aralan ang Awit 95:6, Pahayag 7:11, at Mat. 2:11
13. Basahin ang 31:31, 1 Corinto 11:2, at Mang. 4:2
14. Gaya ng nakikita sa Mateo 2:2, Marcos 5:6, at Exodo 34:5-8
15. Awit 100:4 at 95:2
16. Pag-aralan ang Awit 132:7 at Mateo 28:9
17. Pag-aralan ang Marcos 15:37-38 at Hebreo 10:20
18. Pag-aralan ang Hebreo 4:14 at 9:11-12
19. Tingnan ang Habakuk 2:20, Awit 46:10, at 1 Cor. 1:29
20. Genesis 2:2
21. Galacia 5:22-23 at1 Corinto12:8-10

## Kabanata Anim

1. Roma 8:9 at 8:14
2. Roma 8:5-6

3. Roma 8:11-13
4. Charles Walton, *Basic Forms in Music (Port Washington, NY, USA: Alfred Pub. Co.* 1974), likurang pabalat.
5. Richard Wagner.Sipi. Kinuha noong Agusto 15, 2005 mula sa http://www.schoolmusicmatters.com/resources/quotes.tpl
6. Leonardo da Vinci. Sipi. Kinuha noong Agusto 15, 2005 mula sa http://www.schoolmusicmatters.com/resources/quotes.tpl
7. Jean Rameau, *Observations Sur Notre Instinct Pour la Musique et Son Principe* (Paris, 1734), 3.
8. Sa pamamagitan ng pagkilala ng mga, isa sa mga kaloob ng Espiritu sa 1 Corinto 12:8-10
9. Gawa 13:22


## Kabanata Pito


1. Basahin ang 2 Corinto 3:18 at 1 Juan 3:2
2. Pag-aralan ang Filipos 3:3, Zacarias 4:6, at 1 Cor. 2:1-5
3. Basahin ang Galacia 1:10
4. 1 Samuel 16:7
5. Gawa 13:22 at 2 Samuel 23:1
6. Basahin ang Deuteronomio 31:6-8 at 2 Corinto 3:5-6


## Kabanata Walo


1. Pag-aralan ang 2 Cronica 20:21-29, 23:16-18, 29:25-28, 35:15-18, Ezekiel 3:10-11, at Nehemias 12:27-43

2. 1 Samuel 5:1-12
3. 1 Samuel 4:21
4. 1 Cronica 13:3
5. Pag-aralan ang 1 Cronica 21:26 hanggang 22:1 at 2 Cronica 3:1
6. Ihambing ang 1 Samuel 6:8 sa Exodo 25:14 at Jos. 3:6
7. Pag-aralan ang 1 Corinto 9:9-10 at 1 Timoteo 5:17-18
8. Juan 15:5
9. Zacarias 4:6
10. 1 Samuel 7:1
11. Pag-aralan ang 1 Juan 3:14 at Kaw.18:21
12. Pag-aralan ang Roma 8:6
13. Pag-aralan ang 2 Corinto 7:10
14. Isaias 40:3-5
15. Pag-aralan ang Exodo 29:1 at 29:20
16. Basahin ang Levitico 8:30
17. Basahin ang Lucas 1:41-44 at Lucas 1:15
18. Tingnan sa Deuteronomio 10:8
19. Pag-aralan ang 1 Cronica 13:7 at 1 Samuel 6:7-14
20. Tingnan ang Jeremias 6:16
21. Basahin ang 1 Samuel 6:2-11
22. Ang kwento sa likod ng pagsamba ng mga Taga-Atenas sa Di-Kilalang Diyos ay may tiyak na pagkakahalintulad sa biblikal na tala sa 1 Samuel 6. Mga anim na siglo bago si Cristo ang lungsod ng Atenas ay winasak ng isang salot. Nang ang mga sakripisyong handog sa lahat ng kanilang mga diyos-diyusan ay walang nagawa, ang tupa ay inihandog sa isang Di-Kilalang Diyos, at halos ang salot ay kaagad tumigil. Isa sa mga altar na ito kung saan ang tupa ay inialay at tila nagamit parin bilang isang lugar ng

pagsamba nang sinubukan ni Pablo na sabihin sa kanila ng mas tama ang tungkol sa Di-Kilalang Diyos na ito na Siyang nagpakita sa kanila ng habag sa nakaraan.

Sa lalong pag-aaral tungkol dito, basahin ang:
http:/www.bible.org/page.asp?page_id=2149
(Retrieved August 22, 2005.)

23. Nakatala sa Pahayag 5:9
24. Ang mga ito ay naglilinis ngunit nagpapanumbalik din ng mga bansa kasama na ang Moab (Jer.48:47), Ammon (Jer.49:6), Elam (Jer.49:39), at Ehipto (Jer.46:26). Pag-aralan din ang Mateo 25:32-34 at Pahayag 21:24-26.
25. Ang mga bansa na pupuksain tulad ng Sodoma and Gomora kasama ang Edom (Jer.49:17-18) at Babilonia (Jer.50:39-40). Pag-aralan din ang Awit 9:17 at Mateo 25:32 & 41.
26. Iminungkahi ng 1 Corinto 14:29-33
27. Pag-aralan ang Efeso 4:11-13
28. Basahin ang Read 1 Cronica15:1, 16:1, at 2 Cronica 5:2
29. Gaya ng nakatala sa 1 Cronica 16:4-37

## Kabanata Siyam

1. Awit 132:13, 76:2, at 50:2
2. Awit 48:2 at 87:7
3. Pag-aralan ang Mateo 19:8, Bilang 14:2 at 28, Hukom 16:1-3, 1 Hari 13:18-20, at Awit 106:15
4. Awit 15:1 ABTAG

5. Heb.12:22
6. Pahayag 3:17
7. Pag-aralan ang Pahayag 3:18, 1 Pedro 1:6-7, at Galacia 2:20
8. Awit 139:23-24
9. Awit 86:11 and 27:4
10. Awit 43:3
11. Awit 92:10